


ANG MGA PINAHIRAN

SA HULING PANAHOON

 Magandang umaga, mga tagapakinig. Tayo'y makipag-usap sa ating Panginoon ngayon. Dakilang Dios, Lumikha sa mga langit at lupa, Na Banal na itinalaga kami sa panahong ito ngayong umaga, ng pagsamba sa Iyo. At kami nawa, Panginoon, sa aming mga puso'y isuko ang mga sarili namin nang lubos sa Iyong Banal na kalooban at ang gawa ng Espiritu Santo sa amin, upang ihatid yaong nais Mo na aming malaman. Ang aming mithiin ay maging mas mabuting mga Cristiano at mas mabuting mga kinatawan Mo. Ipagkaloob Mo nawa ito sa amin sa umagang ito, habang kami'y naghihintay sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na. [May isang nagsabi, “Aalisin ba ang mga panapi ng pananalangin?”—Pat.] Oo.

² Kami ay lubos na nagagalak na maparito ngayong umaga muli, sa—sa gawain ng dakilang Hari. At kami'y humihingi ng paumanhin, kami, muli, na wala kaming lugar para sa mga tao, nguni't kami lamang. . . Aming sisikapin at gagawin ang pinakamainam na makakaya namin, sa ilalim ng mga pangyayari.

³ Ngayon, marami ang may mga panyo at mga kahilingan na nakalagay rito para maipanalangin. At inilalagay ko lamang sila sa isang tabi; hindi sa aking niwawalang-bahala sila, nguni't aking ipinananalangin sila pagkatapos na ako muna'y . . . gaya, at mamayang gabi. Gagawin ko ngayong umaga, at pagkatapos mamayang gabi muli, kapag. . . Pagkatapos ako'y mananalangin at maghihintay sa Espiritu ng Dios para sa pagpapagaling, at d'yan ay kung kailan ko nais na ipanalangin ang—ang mga panyo at mga bagay.

⁴ At sa mga espesyal na kahilingan, ibinigay sila ni Billy, bawa't isa, sa akin. Mayroong mga tatlong daan, at ako'y, kaaalis lamang sa mga silid noon. Nakita n'yo, sadyang nakukuha ko lamang sila nang napakabilis, at bawa't isa, na aking maaasikaso. At aasikasuhin ko sila kaagad-agad na makakaya ko. Hindi ko magagawang maasikaso silang lahat. Aabot lamang, kailangang kumuha ng isa, at sasabihin, “Panginoon, ito bang isang *ito*, at ang isang *ito*?” Gaya lamang niyan, dahil sila'y, bawa't isa, nangangailangan, tunay na mga kahilingan; isang bagay, walang duda, na ating dapat sama-samang pag-usapan. At ako'y. . . Liban, alam n'yo, pagkaminsan ang Espiritu Santo ay maaaring sabihin ang isang nabasa ko, na nananatili

sa aking puso; aking babalikan 'yang muli, at maghahanap doon hanggang makita ko ito. Kundi, basta na lamang kinukuha sila.

⁵ Ngayon, atin ding gustong sabihin, sa umagang ito, at batiin 'yung mga nasa iba pang bahagi ng bansa. Ating gustong batiin ang mga kaibigan sa umagang ito sa pamamagitan nitong mga pagkakabit sa telepono, sa New York City; Beaumont, Texas; Prescott, Arizona; Tucson, Arizona; San Jose, California; Connecticut; Gainesville, Georgia; at sa New Albany, Indiana; sa buong bansa. Kami'y bumabati sa inyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

⁶ Sa umagang ito, sa Indiana, ito'y maaliwalas na umaga. Kami'y nagkaroon ng pag-ulan kagabi na nagpalamig sa panahon. At kami'y... Ang tabernakulo ay punong-puno, at lahat ay naghihintay, na may malaking pananabik, para sa aralin sa Lingguhang pag-aaral. At ako'y umaasa na ang pinakamayamang mga pagpapala ng Dios ay sumainyo diyen.

⁷ At kami ay umaasang, sa lalong madaling panahon, na makagagawa ng isang—isang paraan na tayo'y maaaring magkaroon, kung saan ating magagawang lahat na tayo'y magkasama-sama, marahil sa ilalim ng isang malaking tolda, kung saan ako'y totoong nakatitiyak na napangungunahang mangaral dito sa mga Pitong huling Mangkok sa Biblia.

⁸ Kaya ngayon, para hindi tayo masyadong magtagal sa isang magandang aralin sa umagang ito... aking hiniling ang Panginoon, iniisip, “Ano ang masasabi ko?” nalalaman na ito'y maaaring ang aming huling gawain na aming gaganapin. Ang Pagparito ng Panginoon ay napakalapit na!

⁹ Aking nakikita, pagkatapos nung prediksyong ginawa sa California, may mga bahay roon, at mga lugar, lumulubog sa bilis ng tatlumpung pulgada kada oras, mga kakahuyang nabibitak at gumuguho. At hindi nila alam kung ano ang gumagawa nito. Tayo'y nasa kawakasan. Sandaang-libong dolyar na mga tahanan, lumulubog. Ako'y may malalaking ulo ng mga balita sa diyaryo, mga larawan, na umaasa akong madadala mamayang gabi, dahil sa gusto kong mangusap sa isang bagay patungkol diyen mamayang gabi.

¹⁰ At, pagkatapos, mamayang gabi tayo'y may pananalangin para sa may-sakit. Pumarito mamayang hapon, alas-singko, alas-sais, o kailanman ito. Tayo'y mag-uumpisa nang maaga, palagay ko, para ang mga tao ay makaalis nang maaga, at matanggap ang inyong mga kard ng pananalangin. At kami'y mananalangin para sa may-sakit mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon.

¹¹ Ngayon, pagkatapos ng pag-iisip nang may pananalangin, “Ano ang dapat kong gawin?” nalalamang balang araw kailangan kong managot para sa kung ano ang sinasabi ko rito... At ako'y nakapagpasya, o naramdamang

napangungunahan ng Espiritu Santo na mangusap ngayong umaga sa propesiya, upang para bang bigyang kaalaman tayo. Kita n'yo? Ito'y isang bagay na ating... Kung tayo'y hindi binigyang kaalaman, at may anumang bagay na mangyaring di-inaasahan, dapat nating malaman ang tungkol dito. Ang Espiritu Santo ay ibinigay ito sa atin, upang babalaan ang mga tao sa mga pagparito. Alam n'yo, ang sabi ng Biblia, na, "Ang Dios ay walang gagawin liban munang Kaniyang ipakita sa Kaniyang mga lingkod, ang mga propeta." At—at kung paanong si Jesus ay nagbabala sa mga tao, kung ano ang magaganap; kung paanong ang mga propeta ay nagbabala sa mga tao, 'yon ay magaganap. At ito'y kinakailangan natin ngayon, sa dakilang panahong ating kinabubuhayan, upang makita kung anong kapanahunan ang ating kinabubuhayan, at anong nagaganap, anong mangyayari sa kapanahunang ito. Kaya isa sa mga di-pangkaraniwang paksang ito na marahil atin nang nabasa ng maraming pagkakataon, naramdaman ko ito sa aking puso na—na mangusap sa mga tao patungkol dito sa umagang ito.

¹² Ngayon ating buksan sa ating mga Biblia sa Mateo sa ika-24 na kabanata at bumasa ng isang bahagi ng Salita. [Nilinaw ni Kapatid na Branham ang kaniyang lalamunan—Pat.] Pagpaumanhinan ako. Bilang isang paraan ng—ng pagkuha ng nilalaman para sa ating teksto at paksa.

¹³ Ngayon, tandaan ating ituturo ito tulad sa isang pag-aaral sa Biblia, mabagal. Kunin ang inyong mga lapis at papel. Ako'y may maraming mga Kasulatan na naitala rito, na—na inyong maaaring maitala ang mga ito. Pagkatapos umuwi at pag-aralan sila, pagka't ito lamang ay parang isang klase sa Lingguhang pag-aaral, upang ating malaman, at mabigyang-babala at maihanda para sa mga oras na ating kinabubuhayan.

¹⁴ Sa Aklat ng San Mateo. [Nilinaw ni Kapatid na Branham ang kaniyang lalamunan—Pat.] Pagpaumanhinan ako. Ika-24 na talata... O, ika-24 na kabanata, pala, simula sa ika-15 na talata, gusto kong bumasa ng isang bahagi ng Kaniyang Salita.

At kaya nga pagkakita ninyo ng kasuklamsuklam na paninira, na sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel, na nakatayo sa dakong banal, (unawain ng bumabasa:)

Kung magkagayo'y magsitakas sa mga bundok ang nangasa Judea:

Ang nasa bubungan—bubungan ay huwag bumaba upang maglabas ng mga bagay sa loob ng kaniyang bahay:

At ang nasa bukid ay huwag magbalik upang kumuha ng kaniyang balabal.

Datapuwa't sa aba ng nangagdadalang-tao, at nangagpapasuso sa mga araw na yaon!

At magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahong taginaw, o sa sabbath man:

Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanglibutan hangga ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man.

At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paikliin ang mga araw na yaon.

Kung magkagayon kung may magsabi sa inyong sinomang tao, Narito ang Cristo, o nariyan; huwag ninyong paniwalaan.

Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't ililigaw, kung maaari, pati na ang mga hinirang.

Narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo.

Kaya nga kung sa inyo'y kanilang sasabihin, Narito, siya'y nasa ilang; huwag kayong magsilabas: narito, siya'y nasa silid; huwag ninyong paniwalaan.

Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kalunuran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao.

Saan man naroon ang kapapatay na hayop, ay doon nangagkakatiyon ang mga agila . . .

- ¹⁵ Ngayon, para sa isang paksa, gusto kong kunin ang ika-24 na talata, na bigyang-diin ang talatang ito para sa ating aralin sa Lingguhang pag-aaral sa umagang ito. At pakinggang maigi habang inuulit ko ang pagbasa dito, muli.

Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't ililigaw, kung maaari, pati na ang mga hinirang.

- ¹⁶ Ngayon para sa isang paksa ngayong umaga, o isang teksto, pala, nais kong kunin: *Ang Mga Pinahiran Sa Huling Panahon*. Iyan ang paksa na gusto kong ipangusap, o ang teksto: *Ang Mga Pinahiran Sa Huling Panahon*.

- ¹⁷ Ako'y naniniwala na tayo ay nabubuhay sa huling panahon. Sa palagay ko halos sinuman na... Ang mambabasa ng Kasulatan, o maging isang—isang mananampalataya, ay nalalamang tayo ngayon ay nasa wakas na ng kasaysayan ng mundo. Wala nang silbi para isulat pa ito, sapagka't wala nang sinuman na babasa nito. Ito'y nasa kawakasan na ng panahon. Kung kailan, hindi ko alam. Kung gaano pa ito magtatagal, maging mga Anghel sa Langit ay hindi nalalaman ang minuto o

oras na 'yan. Nguni't tayo'y nasabihan na ng ating Panginoong Jesus, na, kapag ang mga bagay na ito na ating nakikita ngayon ay magsimulang maganap, kung gayon itaas natin ang ating mga ulo sapagka't ang ating katubusan ay malapit na. Ngayon, kung ano ang ibig sabihin ng "malapit na," hindi ko alam. Maaaring ibig sabihin. . .

¹⁸ Gaya ng sinabi ng mga siyentipiko nang nakaraang araw, sa telebisyon, nangungusap sa malaking libo-libong milyang bitak sa lupa na lulubog. Siya'y tinanong ng, "Maaari itong lumubog doon?" 'yan ang Los Angeles, ang Baybaying Kanluran. At marami sa inyo ay nakita kung paano nila sinundan ito sa pamamagitan ng radar, at nagtungo hanggang sa . . . nabitak sa ilalim ng San Jose, tumawid roon sa Alaska, palabas hanggang sa Aleutian Islands, mga dalawang daang milya pa roon sa dagat, at pabalik doon sa San Diego, umikot sa likuran ng Los Angeles, at nagawa roon, ang isang malaking butas.

At lahat nitong mga lindol na ating nararanasan ay ang inilalabas ng bulkan na tumatama dito sa malaking walang-lamang lumbo, parang ganoon, doon. Hindi ko masabi ang katawagang kanilang—kanilang itinatawag dito. Gayunman, kapag 'yan ay kumalog, 'yan ang nagdudulot nitong mga lindol na ating nararanasan nang maraming taon na sa Baybaying Kanluran. Ngayon ito'y nabitak na sa buong palibot. At ang mga siyentipiko ay nagsabi, isa . . .

¹⁹ Ang lalaki ay nagsabi sa isa, "Maaari 'yang gumuho?"

Sabi niya, "Hindi 'maaari,' kundi ito nga'y mangyayari."

Sabi, "Nguni't hindi sa ating henerasyon, marahil?"

Sabi, "Sa mga sumusunod na limang minuto, o sa susunod na limang taon. Hindi natin alam sadyang kung kailan."

²⁰ Ngayong linggong ito, ay pinadalhan ako ng isang ulo ng balita sa diyaryo, ng naglalakihang sandaang-libong-dolyar na mga tahanan nasisira at nagkakalamat, ang mga tao ay nagsisilipat. At hindi nila alam kung paano ito mapipigilan. Walang paraan na mapigilan ito. Kita n'yo, magagawa ng Dios anumang Kaniyang gustuhin, at walang sinuman na makapagsasabi sa Kaniya kung paano ito gagawin.

²¹ Kayo'y nagtatayo ng mga tahanan, kayo'y makagagawa ng mga siyentipikong mga bagay, at ang Dios ang Lumikha ng siyensiya. Paano ninyo Siya mapipigilan? Kaya niyang gunawin ang mundo sa umagang ito sa pamamagitan ng mga pulgas kung gugustunin Niya. Napagtatanto ba n'yo, Kaniyang magagawang palitawin ang mga pulgas sa pamamagitan ng salita, at sila'y magiging apatnapung milyang lalim sa loob ng kalahating oras, kita n'yo, walang. . . at kakainin ang mga tao mula mismo sa lupa. Siya ay Dios. Kaniya lamang ginagawa kung ano ang Kaniyang naisin. Siya ay pinakamakapangyarihan, sa Kaniyang Sarili.

²² Ngayon, nakikitang lahat itong naipong katibayan, na ang oras na atin ngayong kinabubuhayan, sa palagay ko isang magandang bagay na ulitin ang mga bagay na ito at hanguin sila, dahil sa ang mga Tatak ay nabuksan na, at alamin ang katotohanan ng mga bagay na ito, bilang ang Dios ay naging napakatapat sa atin, sa Kaniyang biyaya, na ipakita sa atin ang mga bagay na ito.

²³ Gusto kong inyong pansinin dito sa Mateo 24, ginamit ni Jesus ang terminong “mga Cristo,” C-h-r-i-s-t-s, “mga Cristo.” Hindi Cristo, kundi “mga Cristo,” pang-maramihan, hindi pang-isahan. “Mga Cristo.” Samakatuwid, ang salitang *Cristo* ay nangangahulugang “ang Siyang pinahiran.” At kung gayon kung ito’y “pinahiran,” hindi lamang magkakaroon ng iisa, kundi marami, pinahiran, “ang mga pinahiran.” Kita n’yo?

²⁴ Sa ibang paraan, kung gusto Niyang himayin ito upang ating humigit-kumulang mas maunawaan ito, Kaniyang sasabihing, “Sa huling mga araw ay may magsisilitaw na bulaang, mga pinahiran.” Ngayon, ’yan ay para bang halos imposible, kita n’yo, ang mga terminong “pinahiran.” Nguni’t pansinin ang mga mismong sumusunod na mga salita, “at mga bulaang propeta,” p-r-o-p-h-e-t-s, pang-maramihan.

²⁵ Ngayon, *isang pinahiran*, ay, “isang may dalang mensahe.” At ang tanging paraan na ang mensahe ay maipapahayag ay sa pamamagitan ng isang *pinahiran*, at ’yan nga’y isang propeta, pinahiran. “May magsisilitaw na bulaang, mga pinahirang tagapagturo.” Ang isang propeta ay itinuturo kung ano ang kaniyang mensahe. Mga pinahirang tagapagturo, nguni’t mga pinahirang tao na may maling katuruan. Mga pinahiran, “mga Cristo,” pang-maramihan; “mga propeta,” pang-maramihan. At kung mayroong ganiyang bagay na isang—isang Cristo, pang-isahan, kung gayon ay ang mga ito nga’y “mga pinahiran,” na ang kanilang mga propesiya ng kung ano ang kanilang itinuturo ay ang magiging kaibahan, sapagka’t sila ay mga pinahiran, pinahiran.

²⁶ Ngayon, ito’y isang aralin sa Lingguhang pag-aaral, gusto natin na—na sikaping dalhin ito sa isang tunay na pagtutuos, sa pamamagitan ng mga Kasulatan, hindi sa kung ano ang sinabi ng iba tungkol dito, kundi sa pagbasa lamang ng mga Kasulatan.

Maaari mong sabihin, “Paano itong mangyayari? Silang mga pinahiran ba’y. . .”

²⁷ Ano sila? “Mga Cristo,” C-h-r-i-s-t-s, pinahiran. “Mga Cristo, at mga bulaang propeta.” Mga pinahiran, nguni’t mga bulaang propeta!

Sinabi ni Jesus, na, “Ang ulan ay bumubuhos sa ganap at sa di ganap.”

²⁸ Ngayon, maaaring may isang magsabi sa akin, “Naniniwala ka bang ang pahid na ’yon sa mga taong ’yon ay

nangangahulugang ito'y ang pahid ng Espiritu Santo?" Opo, ginoo, ang tunay na Espiritu Santo ng Dios sa isang tao, at gayunpaman sila'y bulaan.

Ngayon makinig nang maigi at tingnan kung ano ang Kaniyang sinabi. "At sila'y magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ano pa't ililigaw nito pati ang mga Hinirang kung maaari." At sila'y pinahiran ng tunay na Espiritu Santo. Alam kong sa pakinig ito'y walang-saysay, nguni't tayo'y gugugol ng panahon at ipaliliwanag ito sa pamamagitan ng Salita, na iya'y ganap na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Katotohanan.

²⁹ Ngayon buksan natin ang ating mga Biblia, pansumandali, sa Mateo sa ika-5 kabanata, at magsimula sa—sa ika-45 na talata, at tingnan ngayon habang tayo'y bumabasa sa ilang sandali sa mga Kasulatang ito. At sa gayon, pagkatapos nating makadako rito, aba, aming ibibigay sa inyo... Kaya inyong, kung hindi natin magawang basahin lahat sila, kung gayon inyong kukunin ang inyong Biblia; at—at gayon din mababasa n'yo sila pagkatapos nating umalis dito at kayo'y uuwi, at—at inyong basahin kung ano ang sinasabi ng Biblia patungkol dito.

³⁰ Ngayon upang gugulin ang ating panahon, para makakuha ng isang—isang batayang katotohanan, sapagka't ako'y nagsasabi ng isang pangungusap dito na lubhang katakata. Papanang papahiran ng Espiritu Santo ang isang bulaang tagapagturo? Nguni't ganiyan ang sinabi ni Jesus na mangyayari.

Ngayon, sa Mateo, sa ika-5 kabanata, sa ika-45 na talata, ating basahin ngayon. Ating kunin, simulan ng—ng paatras ng kaunti dito, sa ika-44.

Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa, gawan ng mabuti ang nangapopoot sa inyo... ipanalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait, at nagsisiusig sa inyo;

Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at... sa mga mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at... sa mga hindi ganap. (Ang ulan ay dumarating sa masama kagaya rin naman sa mabuti.)

³¹ Ngayon upang pasundan ito, sa isa pang propesiya na tumutukoy dito, nawa'y ating buksan ngayon sa Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, para sa kasunod na talata dito, kung saan si Pablo ay ipinapaalala ang ganoon ding bagay na sinabi ni Jesus. Si Pablo, nangungusap ngayon. Habang inyong hinahanap ito... At kayong nasa broadcast, kunin ang inyong mga Biblia malapit sa inyo at isang piraso ng papel, at hanapin ito ngayon. Sa Mga Hebreo, sa ika-6 na kabanata, si Pablo'y sumusulat sa

mga Hebreo, ipinakikita sa kanila ang mga anino at mga tipo, dinadala sila mula sa ilalim ng Judaismo tungo sa Cristianismo, ipinakikita sa kanila kung paanong ang mga bagay noong una ay anino lamang ng mga bagay na darating. Si Pablo'y nangungusap ngayon, sa Mga Hebreo 6.

Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo (C-h-r-i-s-t, pang-isahan), at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi. . . patay na gawa, at ng pananampalataya sa Dios.

Ng. . . aral na tungkol sa mga paglilinis, at ng pagpapatong ng mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan.

At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Dios.

Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan, at nakalasp ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,

Nais kong kunin ang inyong pansin pansumandali. Napansin ba n'yo, 'yan ay "kaloob"; at hindi "mga kaloob," nakabahagi sa "mga kaloob ng kalangitan"? Kundi, "ng kaloob ng kalangitan," pang-isahan; "Cristo," pang-isahan; "kaloob," pang-isahan.

. . . kaloob ng kalangitan, at. . . nakabahagi ng Espiritu Santo,

At nakalasp ng. . . salita ng Dios, . . . (nakalasp ng ano?) . . . ang salita ng Dios, at ng kapangyarihan ng panahong darating,

At saka nahiwalay sa Dios, ay di maaaring baguhin ang kanilang sarili muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli sa hayag na kahihayan.

Sapagka't, (makinig) ang lupa. . . humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, upang tubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila'y binukid, ay tumanggap ng mga pagpapalang mula sa Dios:

Datapuwa't kung namumunga ng mga tinik. . . dawag ay itinatakuwil, at malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin.

³² Ngayon ihambing iyan sa Mateo 5:24 muli. Pansinin, sinabi ni Jesus ang ulan at ang araw ay dumarating sa lupa, na ipinadadala ito ng Dios upang ihanda ang pagkain at mga bagay para sa mga tao sa lupa. At ang ulan ay ipinadadala para sa pagkain, sa mga damong pakikinabangan. Nguni't sa mga halamang panira, mga damo, dahil nasa kaparangan, ay tumatanggap ng gayon ding bagay. Ang siya ring ulan

na nagpapalaki sa trigo ay siya ring ulan na nagpapalaki sa panirang damo.

³³ Gaanong ako'y nagkaroon ng isang aral sa ganiyan minsan, nang ang kong makatagpo ang mga taong Pentecostal! At ito'y napakalaking aral sa akin. Aking nakita ang dalawang lalaki, isa . . . Hindi pa ako kailanman nakarinig ng pagsasalita sa iba't-ibang wika noon. Ang isa'y nagsalita sa iba't-ibang wika, at ang isa naman ay nagpaliwanag nito, ganoon din naman pabaligtad. At sasabihin ang katotohanan, sasabihin na, "Maraming naririto na kailangang magsisi ngayong gabi. May mga kababaihan at kalalakihan, kapuwa." At ang mga tao ay magsisitindig at tutungo sa altar.

Inisip ko, "Napakamaluwalhati!"

³⁴ At pagkatapos taglay ang munting kaloob ng Espiritu Santo, ako'y nakipag-usap sa mga lalaking iyon, sadyang, alam n'yo kung paano, sa pagkilala, isang munting paraan lamang upang malaman. At isa sa kanila ay isang tunay na Cristiano, at siya ay isang tunay na lingkod ni Cristo, at ang isa naman ay isang mapagpaimbabaw. At isa sa kanila, yaong isa na mapagpaimbabaw, ay namumuhay kasama ng isang itim ang buhok na babae, kinakasama ang isang olandesa at nagkaanak sa kaniya. Buweno, ito'y naroon mismo sa pangitain; hindi mapabubulaanan. At kinausap ko siya tungkol dito. Tiningnan niya ako at lumakad sa palibot ng gusali.

³⁵ Ngayon ako'y naguluhan, talaga. Ako'y nag-akalang ako'y nakapunta sa mga anghel, pagkatapos inisip ko kung ako ba'y wala sa kalagitnaan ng mga diablo. Papaanong nangyari ito? Hindi ko maunawaan ito. At sa maraming taon ay hindi ko ito pinakialamanan, hanggang isang araw kung saan . . .

Si George Smith, ang batang lalaki na nanliligaw sa aking anak na babae, kami ay nagpunta kahapon, doon sa lugar ng lumang kiskisan kung saan ako nagtutungo para manalangin.

At pagkaraan na naroon ng ilang araw, ang Espiritu Santo ay ipinaalala ang Kasulatang ito sa akin. "Sapagka't ang ulan ay madalas na lumalagpak sa lupa upang patubuan ng mga damong pakikinabangan, nguni't ang mga tinik at dawag ay nabubuhay sa siya ring ulan na iyon, at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin." Nabubuhay sa siya ring pinagkukunan ng buhay ng Dios. Pagkatapos aking naunawaan iyon. "Sa pamamagitan . . ." Sabi ni Jesus, "Sa kanilang mga bunga sila'y makikilala."

³⁶ Ngayon, samakatuwid, ang ulan na bumubuhos sa natural na kaparangan ng lupa, ay isang tipo ng Espiritual na ulan na nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan, bumubuhos sa Iglesya, pagka't ating tinatawag itong ang unang ulan at ang huling ulan. At ito'y isang ulan, bumubuhos mula sa Espiritu ng Dios, sa Kaniyang Iglesiya.

³⁷ Pansinin, ito'y napakakakaibang bagay rito. Kita n'yo? Nang silang mga binhi ay napunta sa lupa, paano man silang napunta roon, sila'y mga tinik sa pasimula pa. Nguni't doon ang trigo na napunta sa lupa, at ang mga damong pakikinabangan, ay mga damong pakikinabangan sa pasimula pa man. At bawa't damong pakikinabangan ay namumunga ng sarili mismo, muli, nagpapakita na ito'y nasa orihinal na pasimula.

³⁸ "At kanilang ililigaw ang Hinirang kung maaari," pagka't kanilang nakukuha ang iisang ulan, iisang pagpapala, nagpapakita ng iisang tanda, iisang kababalaghan. Kita n'yo? "Kanilang ililigaw, o maililigaw ang Hinirang kung maaari." Ngayon, ang isang tinik ay hindi mapipigilang maging isang tinik, at ganoon din ang trigo ay hindi mapipigilang maging isang trigo; ito'y kung ano ang itinalaga ng Manlilikha sa isa't isa sa pasimula. Iyan ang Hinirang. Ang iisang ulan!

³⁹ Ang araw ay sumisikat sa isang umaga at kumakalat sa buong lupa, tulad ng ginawa nito sa kalupaan at araw na ating kinabubuhayan. At ang araw, ang siya ring araw na sumisikat sa Silangan ay ang siya ring araw na lumulubog sa Kanluran. At ang araw na iyan ay ipinadadala upang pahinugin ang butil na nasa lupa, kung saan gawa ang ating mga katawan.

⁴⁰ Tayo'y nabubuhay sa pamamagitan ng mga patay na sangkap. Sa ganiyang paraan lang kayo maaaring mabuhay. At kung mayroong isang bagay na kailangang mamatay araw-araw para kayo ay mabuhay, sa natural, kung gayon hindi ba't totoo na kung ang inyong . . . Ang inyong katawan ay kailangang mabuhay sa pamamagitan ng patay na sangkap, para sa natural na buhay, kung gayon kailangang mayroon kayong Isang Bagay na mamatay, sa espirtual, para ilitgas ang inyong espirtual na buhay. At ang Dios, ay naging materyal, laman, at namatay para tayo mabuhay. Walang iglesya, walang anupamang ibang bagay sa mundo na maaaring magligtas sa inyo kundi ang Dios. Iyan ang tanging bagay na kanilang ikabubuhay.

⁴¹ Ngayon tingnan ang mga Kasulatan. Si Jesus ay ang Salita. "Nang pasimula ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios. At ang Salita ay nagkatawang-tao, at Siyang nabuhay, tumahan sa gitna natin." "At ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang," para sa pisikal, "kundi sa bawa't Salitang lumalabas sa bibig ng Dios." Kung gayon, nakita n'yo, tayo'y nabubuhay sa pamamagitan ng Salita, at 'yan ang Dios.

⁴² Ngayon ang araw ay sumisikat at pinahihinog ang butil. Ngayon, hindi nito mapahihinog ito kaagad-agad. Habang ito'y nagpapatuloy, gumugulang, ito'y papahinog nang papahinog hanggang sa ito'y maging ganap na uhay.

Gayundin naman ito, sa araw na ito, sa Iglesia. Ito'y nagsimula sa kasanggulan nito, doon sa madilim na kapanahunan, kung saan ito'y nasa ilalim ng lupa. Ito'y lumaki na ngayon sa hustong gulang. At ating nakikita ito, ng ganap, kung paanong ang Dios sa pamamagitan ng kalikasan ay laging...

⁴³ Hindi n'yo maaaring gambalain ang kalikasan. Ganiyan ang nagiging problema ngayon. Tayo'y nagpapalipad ng mga bomba, at doon sa karagatang iyon, sinisira ito at pinapasabugan ito sa palibot sa pamamagitan ng mga bomba atomika. Inyo lamang winawasak ang mas marami sa lupang iyan sa tuwina, hinuhulugan ito. Inyong pinuputol ang mga punong-kahoy; babagyuhin kayo. Ginagawan ng dam ang mga ilog; ito'y aapaw.

Kailangang hanapin n'yo ang paraan ng Dios sa paggawa ng mga bagay at manatili rito. Atin nang napagdenominasyon ang mga tao sa mga simbahan at mga organisasyon; tingnan kung anong meron tayo! Manatili sa inilaang daan ng Dios para dito.

⁴⁴ Nguni't, nakita n'yo, "Kaniyang ipinadadala ang ulan," pabalik sa ating paksa, "sa ganap at sa di ganap." Sinasabi ni Jesus sa inyo rito ngayon, sa Mateo 24, ito'y magiging tanda sa huling panahon.

Ngayon, kung ang tandang ito ay makikilala lamang sa huling panahon, kung gayon ito dapat ay pagkatapos na mabuksan ang mga Tatak na 'yon. Kita n'yo? Ito'y isang tanda ng kawakasan. Iyon ay maging, kapag ang mga bagay na ito'y mangyari, ito ay sa huling panahon. At ito'y magiging isang tanda, ngayon, para ang mga Hinirang ay hindi malito sa mga bagay na ito. Nakita n'yo ito? Kung gayon, ito'y kailangang mahayag, maisiwalat.

⁴⁵ Pansinin, kapuwa ang trigo at ang mga damo ay nabubuhay sa iisang Pahid mula sa Langit. Kapuwa sila nagagalak Dito.

Aking naaalala ito, tumutukoy pabalik sa pagkakataong ito roon sa araw na 'yon sa Green's Mill. Aking—aking nakita ang isang pangitaing iyon na dumating. At naroon ang isang malaking mundo, at ito ay nabungkal na. At doo'y lumitaw ang isang Manghahasik, muna. Gusto kong mapanatili 'yan sa inyong harapan. Masdan kung ano ang unang nagaganap, pagkatapos kung ano ang sumusunod dito. At habang ang Lalaking ito na nakasuot ng puti ay umikot sa mundo, naghahasik ng binhi, pagkatapos sa Kaniyang likuran ay dumating ang isang lalaki, nakadamit ng itim, mukhang napakatuso, palihim na pumasok sa likuran Niya, naghahasik ng damo. At habang ito ay nangyayari, pagkatapos aking nakita ang parehong tanim na tumubo. At sa kanilang pagtubo, ang isa ay trigo at ang isa naman ay mga damo.

At nagkaroon ng tagtuyot, na nang, para bang, sila kapuwa'y nakababa ang kanilang mga ulo sadyang umiiyak para sa

ulan. Pagkatapos hayun dumating ang isang malaking ulap sa sangkalupaan, at umulan. At ang trigo ay tumayo at humiyaw, “Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!” At ang mga damo ay tumayo at humiyaw, “Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!” Parehong kinalabasan. Kapuwa sila namamatay, kapuwa sila pawala na. At pagkatapos ang trigo ay tumubo at nauhaw. At dahil sa ito ay sa iisang bukid, iisang hardin, iisang lugar, nasa ilalim ng iisang agusan, tumubo ang trigo at tumubo ang mga damo sa pamamagitan ng pareho mismong bagay. Pansinin, ang siya ring nagpapahid na tubig ay nagpapatubo ng trigo, nagpapatubo ng damo.

⁴⁶ Ang siya ring Espiritu Santo na nagpapahid sa Iglesia, na nagbibigay sa kanila ng pagnanasang magligtas ng mga kaluluwa, na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan para gumawa ng mga himala, Ito ay bumubuhos sa di matuwid gaya rin naman sa matuwid. Ang siya rin mismong Espiritu! Ngayon, hindi n’yo magagawa ito sa ibang paraan at mauunawaan ang Mateo 24:24. Kaniyang sinabi, “May magsisilitaw na mga bulaang Cristo,” bulaan, mga pinahiran. Pinahiran ng tunay na Bagay, nguni’t magiging mga bulaang propeta Nito, mga bulaang tagapagturo Nito.

Ano ang magbubunsod sa isang tao na magnais na maging isang bulaang tagapagturo ng isang bagay na Katotohanan? Ngayon tayo’y dadako sa tatak ng hayop sa ilang sandali, at inyong makikitang ito’y denominasyon. Kita n’yo? Mga bulaang tagapagturo; bulaan, pinahiran. Pinahirang mga Cristo, nguni’t mga bulaang tagapagturo. Ito’y ang tanging bagay na maaari ninyong makita ito.

⁴⁷ Katulad lamang dito ilang panahon na ang nagdaan, aking inulit ito. Maaaring ulitin ko ito dahil sa tayo’y naririnig sa buong bansa. Isang araw ako’y nakikipag-usap sa isa kong kaibigan, kung saan ito ay naririnig ngayong umaga, sa Arizona. At siya ay may isang—isang pataniman ng citrus. At siya’y may isang puno roon na isang puno ng orange na namumunga ng mga suha, at limon, tangerine, mga tangelo. At nakalimutan ko na kung ilang iba’t-ibang mga prutas na meron sa isang punong iyon. At aking sinabi sa—sa—sa tao, sabi ko, “Paano ito? Anong uri ng puno iyan?”

Sabi niya, “Ang puno, mismo, ay isang puno ng orange.”

Sabi ko, “Anong meron ito na may suha rito? Bakit meron itong limon?”

Sabi niya, “Sila’y iniugpong dito.”

Sabi ko, “Ganoon pala. Buveno, ngayon,” sabi ko, “ngayon, sa susunod na taon kapag ang punong iyan ay mamunga ng panibagong ani ng prutas,” na silang lahat ay mahihinog ng mga ganoon ding panahon, sabi ko, “kung gayon ang ibubunga nitong

lahat ay orange. Kung ito’y isang punong navel orange, ibubunga nito ang mga navel orange, hindi ba, ginoo?”

Sabi niya, “Hindi, po. Bawa’t iniugpong na sanga ay mamumunga ng kauri nito.”

Sabi ko, “Ibig mong sabihin iyang limon na sanga ay mamumunga ng limon sa punong orange na ’yan?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

“Ang suha ba ay mamumunga ng suha diyan sa puno ng orange?”

Sabi niya, “Opo, ginoo. Iyan ang kalikasan ng sanga na iniugpong dito.”

Sabi ko, “Purihin ang Dios!”

Sabi niya, “Anong ibig mong sabihin?”

Sabi ko, “Isa pang katanungan. Ngayon, ang punong orange bang ’yan ay makakapamunga pang muli ng orange?”

Sabi niya, “Kung ito’y uusbungan ng panibagong sanga.” Kapag ito’y inusbungan ng panibagong sanga, hindi kapag ang isa ay iniugpong dito. Nguni’t, silang lahat ay mga prutas na citrus, at sila ay nabubuhay sa buhay ng citrus na nasa puno ng citrus.

⁴⁸ Sabi ko, “Hayan nga kayo! Ang Methodist ay maglalabas ng mga Methodist, lagi. Ang Baptist ay maglalabas ng mga Baptist, lagi. Ang Katoliko ay maglalabas ng Katoliko, lagi. Nguni’t ang Iglesia ng buhay na Dios ay ibubunga si Cristo mula sa ugat, ang Salita sa tuwina, kung ito’y uusbungan ng panibagong sanga ng Sarili Nito.”

⁴⁹ Ngayon, inyong maiuugpong ito roon, nakita n’yo. Bawa’t suha, limon, tangelo, tangerine, anumang bunga ng citrus sila, bawa’t isa sa kanila ay mabubuhay sa punong ’yan; nguni’t namumunga ng maling patotoo sa puno, nabubuhay sa pamamagitan ng puno. Nakita n’yo ito? Sila’y nabubuhay at lumalago sa tunay na buhay na nasa punong iyon.

Ngayon, hayan ang Mateo 24:24, nabubuhay sa iisang Buhay, nguni’t sila’y hindi tama, sa pasimula. Sila’y namumunga ng maling patotoo ng Punong iyon! Ito’y isang puno ng orange, gayunman ito’y isang puno ng citrus. At kanilang sinasabi, “Ang iglesyang ito, ang denominasyong ito ay pinatotohanan si Cristo,” at may maling bautismo, maling patotoo ng Salita, pinipilit sabihing ang kapangyarihan ng Dios ay para lamang sa mga alagad.

Si Jesus, Mismo, ay nagsabi, “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawa’t sanga na kailanma’y...puno na kailanma’y uusbungan, bawa’t sanga na uusbong sa puno. At lalakup ang mga tandang ito sa tunay na mga sanga.” Saan? Hangga’t ito’y isang

Puno, hangga't Ito'y inusbungan ng mga sanga, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. "Sa Aking Pangalan sila'y magpapalabas ng mga diablo; magsasalita ng mga bagong wika; magsisihawak ng mga ahas; magsisiinom ng mga bagay na makamamatay; magpapatong ng mga kamay sa mga may-sakit at sila'y magsisigaling." Nakikita ba ninyo ang oras na ating kinabubuhayan? Nakikita ba ninyo kung ano ang sinabi ni Jesus?

⁵⁰ Alalahanin, ito'y sa huling panahon, hindi balik sa ilalim ni Wesley at pabalik pa roon. Ngayon, sa huling panahon, ito ay magaganap.

Ngayon masdan sa mga Kasulatan; hayaang Sila ang magpatotoo. Sinabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagka't sa mga Yaon ay iniisip ninyo, o pinaniniwalaan, na kayo'y may Buhay na Walang-Hanggan, at ang mga Ito'y ang Siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Sa iba pang salita, kung ang punong ito ay usbungan man ng sanga. . . "Ako ang Puno ng Ubas, ang Puno; kayo ang mga sanga. Siya na nananampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya," San Juan 14:12.

⁵¹ Ngayon, "Ang nananatili sa Akin, siya na . . . siya na nasa Aking ugat sa pasimula."

Iyan ang dahilan na si Jesus ay kapuwa ang Ugat at Supling ni David. Siya na ay bago si David, nakay David, at pagkatapos ni David, kapuwa Ugat at Supling ni David; ang Tala sa Umaga, ang Rosa ng Saron, ang Lila ng Libis, Alpha at Omega; Ama, Anak, at Espiritu Santo. "Sa Kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman." Kapuwa ang Ugat at Supling ni David!

"Siya na siyang hinirang na Buhay, ang itinalagang Buhay, na nasa Akin," at Siya ang Salita, "mula sa pasimula; kapag siya ay umusbong, kaniyang ipamunga ang Aking mga bunga." San Juan 14:12.

Nguni't ang iba'y mabubuhay sa pamamagitan ng siya ring bagay, tinatawag ang kanilang sariling mga Cristiano at mga mananampalataya. "Hindi lahat ng nagsasabing, 'Panginoon, Panginoon,' ay makapapasok."

Ngayon, ito ay nakatakdang mangyari at mahahayag sa mga huling araw, "kapag ang mga hiwaga ng Dios ay ganap na," na ating mattatalakay mamaya-mayang kaunti.

⁵² Ang mga punong ito, ang tunay na puno at ang bulaang puno! Inyo nang narinig akong ipinangaral 'yan mula pa noon, maraming taon na ang nakararaan, kung paanong sila'y magkasamang lumaki. Ipinakikilala silang mga indibiduwal at ipinakita na, mula kay Cain at Abel, ang dalawang puno na nagtagpo sa isang altar; kapuwa sila relihiyoso, kapuwa sila

pinahiran, kapuwa sila naghahangad ng buhay, at sumasamba sa iisang Dios. At ang isa ay tinanggihan at ang isa naman ay tinanggap.

At ang tanging paraan na yaong isa na tinanggap ay maaaring nakagawa ng anumang naiiba mula sa kaniyang kapatid, ito'y inihayag sa kaniya. Sapagka't sinabi ng Biblia, "Sa pananampalataya..." Mga Hebreo, ika-11 na kabanata, "Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain, na pinatotohanan ng Dios na siya ay matuwid."

Si Jesus, nagsabi, ang espirtual na kapahayagan kung Sino Siya! "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?"

Kaniyang sinabi, si Pedro ay nagsabi, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios."

"Mapalad ka, Simon—Simon, anak ni Jonas; laman at dugo ay hindi kailanman ito ipinahayag sa iyo. Ang Aking Ama na nasa Langit ang nagpahayag nito. Sa ibabaw ng batong ito Aking itatayo ang Aking Iglesya," (ano?) ang tunay na kapahayagan ng Salita. Hayan ang tunay na Puno muli. "Si Abel, sa pananampalataya!"

Sinasabi mo, "Ito'y hindi isang kapahayagan."

⁵³ Ano ang pananampalataya? Ang pananampalataya ay isang bagay na naipahayag sa iyo; na wala pa, nguni't iyong sinasampalatayanang mangyayari. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan ng kalooban ng Dios. Kaya, sa pamamagitan ng kapahayagan!

⁵⁴ At ang mga iglesya sa araw na ito ay hindi man lang naniniwala sa espirituwal na kapahayagan. Sila'y naniniwala sa isang katuruan ng tao ng kung anong sistema. "Sa kapahayagan si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain, na pinatotohanan ng Dios na siya ay matuwid." Amen. Ako'y umaasang inyong nakita 'yan. Kita n'yo na kung saan tayo nabubuhay? Kita n'yo na ang panahon?

Ako'y nakikipag-usap sa isang—isang ginoo hindi pa katagalan, isang Cristianong iskolar at maginoo. Sabi niya, "G. Branham, aming tinatanggihan ang lahat ng kapahayagan."

⁵⁵ Sabi ko, "Kung gayon dapat ninyong tanggihan si Jesus Cristo, sapagka't Siya ay ang kapahayagan ng Dios, ang Dios na nahayag sa katawang tao." Malibang makita n'yo ito, ika'y naliligaw.

Sinabi ni Jesus, "Malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga Siya, kayo'y mangamamatay sa inyong kasalanan." Siya ang kapahayagan ng Dios, ang Espiritu ng Dios na ipinahayag sa anyong laman. Hindi ninyo masampalatayanang 'yan, kayo'y naliligaw. Inyo Siyang gawin na ikatlong persona, ikalawang

persona, o anupamang ibang persona bukod sa Dios, kayo'y naliligaw. "Malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga Siya, kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan." Isang kapahayagan!

⁵⁶ Kaya naman hindi nila Siya makita. "Walang taong makalalapit sa Akin malibang dalhin siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin," nasa mga ugat, "ay lalapit sa Akin." Kita n'yo? Nakuha n'yo ito? Oh, gaanong dapat natin pakamahalin Siya, sambahin Siya, papurihan Siya; na makita ang bunga ng Espiritu sa mga huling araw, at ang Punong Nobya na nahihinog sa kasukdulan ng panahon!

⁵⁷ Ang tunay na puno at ang bulaang puno, kapuwa may parehong pahid. Ang tubig ay bumuhos sa kanila kapuwa. Kaya pala Kaniyang binalaan tayo, "Iiligaw nito ang mga Hinirang kung maaari."

⁵⁸ Pansinin, sila ay mukhang magkapareho. Sila'y pinahiran ng iisang pahid. Nguni't pansinin, "Sa kanilang bunga. . ." Paano n'yo nalaman ito?

Paano ninyo nalaman na 'yan ay hindi isang orange? Dahil sa ito'y namumunga ng suha. Ang sangang 'yan ay mabuti, ito'y nabubuhay sa puno, nguni't ito'y namumunga ng suha. Ito'y hindi katulad niyaong nauna.

At kung ang isang iglesia ay nagsasabing kanilang "sinasampalatayanang si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at tinatanggihan ang Kaniyang Kapangyarihan, tinatanggihan ang Kaniyang mga gawa, tinatanggihan ang Kaniyang Salita; kung—kung. . . Ang Iglesya na nananampalataya kay Jesus Cristo, ay gagawa ng mga gawa ni Jesus Cristo, tataglayin nito ang Buhay ni Jesus Cristo. At kung ito ay hindi, kahit pa ang Buhay ay bumubuhos dito; kung hindi ito naitalaga, mula sa mga ugat, ito'y mamumunga ng suha lagi, o isang bagay na naiiba. Nguni't kung ito'y ang itinalagang Buhay, sa mga ugat, ibubunga nito si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kung ito'y ang Salita na nagmumula sa Ugat. Na, Siya ang Ugat, ang pasimula ng panahon.

⁵⁹ Pansinin, nguni't ito'y kung ano ang kanilang ibinubunga ang nagsasabi sa inyo ng kaibahan. "Sa kanilang bunga," sabi ni Jesus, "ay inyong makikilala sila." "Ang tao ay hindi nangunguha ng ubas sa dawagan," kahit pa ang dawag ay nasa mismong puno ng ubas. Iyan ay maaaring maging posible, nguni't ang bunga ang nagsasabi nito.

Ano ang bunga? Ang Salita, para sa bunga para sa kapanahunan. Iyan ay kung ano ito, 'yung kanilang katuruan. Ang katuruan ng ano? Ang katuruan ng kapanahunan, kung ano nang panahon ito. Ang doktrina ng tao, ang doktrinang

maka-denominasyon, kundi, o ang Salita ng Dios para sa kapanahunan?

Ngayon, ang panahon ay lumilipas nang napakabilis, na maaaring gumugol tayo d'yan nang mahabang panahon. Nguni't ako'y nakatitiyak na kayong naririto, at ako'y nakatitiyak na kayong nasa buong bansa, ay nakikita kung ano ang sinisikap kong sabihin sa inyo, dahil sa wala na tayong masyadong panahon upang manatili rito.

⁶⁰ Nguni't maaari n'yong makita na ang Pahid ay napupunta sa di-matuwid, ang bulaang mga tagapagturo, at nagiging dahilan para kanilang gawin eksakto kung ano ang sinabi ng Dios sa kanila na huwag gawin; nguni't gagawin nila ito, ganoon pa man. Bakit? Hindi nila mapigilan ito. Paanong ang isang dawag ay maging iba pa kundi isang dawag? Kahit gaano pa kainam na ulan ang iwisik dito, ito nga'y kailangang maging isang dawag. Iyan ang dahilan na sinabi ni Jesus, "Sila'y magiging magkaparehong-magkapareho na ililigaw nito ang mga Hinirang," na nasa mga ugat, "kung maaari," nguni't hindi ito maaari. Ang isang trigo ay walang magagawa kundi mamunga ng trigo; 'yan lang ang kaya nitong ipamunga.

⁶¹ Pansinin. Tandaan, ang Dios ay hindi ang awtor ng organisasyon. Ang Diablo ang awtor ng organisasyon. Akin iyang pinatunayan sa pamamagitan ng Salita, pabalik-balik, at paulit-ulit; hindi na kailangan pang talakayin 'yan sa umagang ito. Ating nalalaman na ang Dios ay hindi kailanman nag-organisa ng mga taong magkakasama tulad niyan, gumawa ng isang organisasyon. Daan-daang taon pagkatapos ng pagkamatay ng huling alagad, bago pa sila nagkaroon ng unang organisasyon. Ito'y lagi nang napatunayang bigo. Kung ito'y hindi, bakit hindi tayo nagkakabuklod sa pag-ibig sa araw na ito, Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko at lahat? Bakit ang mga gawa ng Dios ay hindi sumusunod sa atin, kung gayon, bawa't iglesia sa iisang bagay, ang Salita? Ang mga bagay na 'yon na naghihiwalay sa tao, sa pagkakapatiran. . . Tayo'y mas malayo na sa Dios kaysa noong mga nauna, sa mga iglesia, nakapatungkol.

⁶² Ngayon, tayo'y nasabihan, na, "Lahat ng mga bagay nang una nga'y nangyari para maging mga halimbawa, para sa ating ikatututo, mga pagsansala, mga pagpapaalaala." Na, lahat ng mga bagay nang una sa Lumang Tipan ay nangyari, naging anino, upang makita kung ano ang mangyayari sa Bagong Tipan, sa ating araw.

Katulad lamang ng kung hindi pa ninyo nakita ang inyong kamay, at kayo'y tumingala at inyong nakita ang isang anino sa dingding, tulad ng aking kamay mula sa ilaw, kung ito'y may limang mga daliri rito sa anino, kapag sa negatibo; at inyong

ilalapat ang inyong mga kamay, bilang ang positibo, patungo sa—patungo sa negatibo, ito nga’y dapat maging limang mga daliri.

Katulad ng sinasabi ng Biblia sa atin, na, “Ang Lumang Tipan bilang isang anino, tipo ng mga bagong bagay, o ng mga bagay na darating; hindi yaong mismong mga bagay na naroroon, kundi ito’y isang anino, isang tipo ng mga bagay na darating.”

⁶³ Ating balikan at tingnan kung ang bagay na ito kailanma’y nasa anupamang ibang kapanahunan. Gusto ba n’yo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Nang sa gayon ating malaman, para patunayan ito, noon at ngayon, sa pamamagitan ng Salita; hindi sa pamamagitan ng kaisipan ng kung sinong tao, ilang teoriya.

Walang anuman sa akin kung sino pa siya; sino pa mang ibang tao, ako mismo o iba pa man, “Kung siya ay hindi nangungusap ng naaayon sa kautusan at mga propeta, walang Liwanag sa kaniya.” Kita n’yo? Iyan ang sinabi ng Biblia. “Hayaang ang salita ng bawa’t tao ay maging isang kasinungalingan, at ang Akin ay maging totoo,” kahit sino pa ito.

⁶⁴ Ngayon tayo’y bumalik at alamin kung ito kailanman ay nangyari, upang ipakita sa atin ang isang halimbawa.

Tayo’y maaaring bumalik ngayon sa Aklat ng Exodo at mangusap sa isang tauhang nagngangalang Moises, na isang pinahirang propetang isinugo ng Dios, na taglay ang Salita ng Dios at ang kalooban ng Dios para sa kaniyang henerasyon. Bilang ang Salita ng Dios ay laging tuloy-tuloy na hindi nagbabago, Kaniyang sinabi, “Siya’y walang ginawang anuman hanggang sa Kaniyang inihayag muna Ito sa Kaniyang mga propeta.” Pagkatapos ay Kaniyang ginawa ito. Uh-huh.

Ngayon, Siya ay hindi maaaring magsinungaling. Siya’y hindi maaaring magsinungaling at maging Dios. Hindi, po. Siya’y kailangang manatiling totoo. Walang kasinungalingan sa Kaniya. Siya’y . . .

At hindi Niya maaaring baguhin Ito. Kung Kaniyang gagawin, kung gayon Siya’y hindi Dios; Siya’y nakagawa ng isang pagkakamali. Siya nga’y kailangan walang katapusan. At ang walang katapusan ay hindi maaaring makagawa ng isang pagkakamali. Kita n’yo? Kaya anuman ang sabihin ng Dios, ’yan ay Magpawalang-Hanggang tama. Kita n’yo? At Kaniyang ipinangako iyan. Kaya, masdan, walang saanman sa Biblia libang ito’y nagpapatuloy nang walang pagbabago mismo rito.

⁶⁵ Ngayon, ang Dios ay ipinangako kay Abraham na ang kaniyang binhi ay magiging dayuhan sa isang—sa isang lupaing hindi niya sarili sa loob ng apat na raang taon, pagkatapos Kaniyang ilalabas siya sa pamamagitan ng isang

makapangyarihang kamay ng kalakasan at kapangyarihan, ipakikita ang Kaniyang mga tanda at mga kababalaghan sa kalagitnaan ng mga tao na kasama nilang naninirahan. Ang panahon ng pangako ay nalalapit na. Ang mga tao'y nakalimutan na ang tungkol dito. Sila'y may mga Fariseo at mga Saduceo, at iba pa, mga denominasyon. Nguni't, bigla-bigla, dumating ang Dios na mag-isa at kinuha mula, palabas, palayo mula sa sinuman sa kanila.

Ang Dios ay hindi kailanman, sa anumang araw o anumang panahon, tumawag ng isang propeta mula sa isang denominasyon. Hindi, po. Siya'y napakabaluktot, hindi niya magagawa ito; kinakailangan niyang manatiling kasama ang denominasyong iyan.

⁶⁶ Si Moises, isang taong sinugo mula sa Dios, taglay ang Salita ng Dios, at sa kaniyang paglalakbay na dinadala ang Israel sa lupang pangako, ganap na taglay ang kautusan ng Dios, kaniyang nakatagpo ang isa pang propeta, isa pang pinahiran na may isang tunay na pahid ng siya ring Espiritu Santo na nakay Moises. Iya'y tama. Siya ay isang propeta. Ang Espiritu Santo ay nasa taong ito. Ang kaniyang pangalan ay Balaam. Atin na siyang nakikilala. Buweno, ang mismong mga bagay, pareho, ang mga bagay—ang mga bagay na sinabi ng taong ito, ay nangyayari pa rin, mga dalawampu't walong daang taon na ang nakararaan. “Ikaw ay tulad sa isang mabangis na toro, O Israel. Sinumang magpala sa iyo ay pagpapalain. Sinumang magsumpa sa iyo ay isusumpa. Ang iyong kalakasan, at makapangyarihan, napakamatuwid ng iyong mga tolda, O Jacob!” Kita n'yo, hindi niya mapigilan ang kaniyang sarili. Siya'y naparoon nang may layunin sa kaniyang puso na sumpain ang bayan.

⁶⁷ Oh, kayong mga bulaang tagapagturong nakikinig sa mga teyp na ito hanggang sa panahong ito, at nakikitang ang Dios ay eksaktong pinagtibay kung ano ang Kaniyang sinabi, at kayo'y nauupo sa inyong pag-aaral at malalamang ito'y ang Katotohanan; at dahil sa inyong mga maka-denominasyong pagkakaiba, kayo'y nakikipagtalo sa mga ito at sinasabi sa inyong mga tao na ang mga ito'y hindi ganoon. Sa aba ninyo! Ang inyong panahon ay nalalapit na.

⁶⁸ Si Balaam, pinahiran ng ganoon ding Espiritu na nakay Moises. Ano ang pagkakaiba? Ang turo ni Moises ay sakdal. Ang sabi ng Biblia rito sa Ikalawang Pedro, na ito ay “ang katuruan ni Balaam” na tinanggap ng Israel, na hindi kailanman pinatawad ng Dios. Walang kapatawarang kasalanan! Wala isa man sa kanila ay naligtas, kahit na sila'y lumabas pa sa ilalim ng mga basbas ng Dios, at nakita ang kamay ng Dios na kumikilos sa pamamagitan nitong makapangyarihang propeta, at nakitang ganap na pinagtibay ng Dios. At, sapagka't, isa pang propeta ang pumasok na may taglay na isang katuruan, taliwas, at nakipagtalo kay Moises, at sinikap na patunayan sa mga tao

na si Moises ay mali. At si Dathan, Core, at marami sa kanila, ay nakisang-ayon sa kaniya at tinuruan ang mga anak ni Israel na magkasala ng mga pakikiapid, na tularan ang kaniyang organisasyon, na, “Tayong lahat ay magkakatulad.”

“Maging tayo’y Methodist, Baptist, Presbyterian, o mga Pentecostal, at anupaman, tayong lahat ay magkakatulad.”

⁶⁹ Tayo ay hindi magkakatulad! Kayo ay isang inihawalay na bayan, banal sa Panginoon, inilaan sa Salita at sa Espiritu ng Dios, upang ipamunga ang Kaniyang pangako sa araw na ito. At kayo’y hindi kabilang sa kanila! Alam kong ’yan ay lubhang matapang, nguni’t ’yan ang Katotohanan pa rin. Inilaan sa isang paglilingkod sa mga huling araw na ito! “Lumabas kayo mula sa kalagitnaan nito.”

⁷⁰ Ngayon, “ang katuruan ni Balaam,” hindi ang propesiya ni Balaam. Iyon ay mabuti. Iyon ang Dios. Ilan ang naniniwala riyang? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Ang propesiya ni Balaam ay tamang-tama, pagka’t wala na siyang maaaring sabihin pang iba. Ang pahid ng Dios ay hindi na mangungusap pa ng iba, at ang Dios ay pinagtibay ito sa pamamagitan ng pagpapatunay na ito ay Katotohanan. Nguni’t ito nga ay “ang katuruan ni Balaam.”

⁷¹ Ngayon ihambing iyan sa Mateo 24:24. Ang mga pinahiran, nguni’t ang kanilang katuruan ay mali. Ang mga trinidad, at lahat ng mga bagay na gaya niyan; mali, anticristo!

Ako’y umaasang ang inyong mga damdamin ay hindi nasaktan. At huwag ipihit iyan, silang mga telepono ay huwag patayin. At huwag tatayo at lalabas. Manatili lamang sa pagkakaupo, at tingnan natin kung ang Espiritu Santo ay hindi ipahayag ito sa atin, at patunayan ito sa atin. Magsasabi, “Nguni’t iyan. . .” Sadyang anuman ang inyong paniniwala, maupo lamang at makinig. At hingin sa Dios na buksan ang inyong puso, pagkatapos inyong malalaman kung kayo’y tinik, o isang dawag, o saanman kayo nakatayo. Kita n’yo?

⁷² Ngayon, maging si Judas, “itinalaga sa paghatol na siya nga,” naupo roon sa harapan ni Jesus. At sinabi ni Jesus sa kaniya, “Ikaw iyon. Anuman ang iyong gagawin, at anuman ang kailangan mong gagawin, gawin itong madali.” Kaniyang nalalaman kung ano ang kaniyang ginagawa, nguni’t, para sa kanilang tatlumpung pirasong pilak, at katanyagan, ay ipinagbili ang Panginoong Jesus Cristo. Isa sa Kaniyang mga alagad, ang ingat-yaman ng iglesya, tinawag siya ni Jesus na Kaniyang “kaibigan.” Kita n’yo? Ang sabi ng Biblia, “Siya ay ipinanganak na anak ng kapahamakan,” katulad lamang na si Jesus ay isinilang na ang Anak ng Dios. “Iligaw ang Hinirang kung maaari.”

⁷³ Pansining maigi habang tayo’y patuloy na nag-aaral. Tayo’y kukuha ng isa pang halimbawa, doon sa Aklat ng mga Hari. May

isang—isang propeta, at ang kaniyang pangalan ay Micheas. Siya ay ang anak ni Imla, at siya ay isang propeta. Siya nga.

At may isa pang propeta, ang pinuno ng isang organisasyon ng mga propeta, mga pinahiran. Ang Biblia ay nagsabi na sila’y “mga propeta,” katulad lamang ng sinabi Niyang si Balaam ay isang propeta, mga pinahiran.

At may isa sa kanila na nagngangalang Micheas, na may pahid ng Dios at isinugo ng Dios, taglay ang Salita ng Dios.

May isang, Sedechias, na nag-akalang siya’y isinugo ng Dios. Siya ay pinahiran ng Dios, nguni’t ang kaniyang katuruan ay taliwas sa Salita ng Dios. “Magsisilitaw, mga bulaang Cristo, magpapakita ng mga dakilang tanda, ililigaw ang mga Hinirang kung maaari.”

⁷⁴ Pansinin, sila kapuwa, kapuwa sila pinahiran. Ngayon, paano ninyong masasabi kung alin ang tama, at mali? Masdan kung ano ang ipinangako ng Salita kay Achab. Ang propeta bago siya, na si Elias, isa sa mga pinakadakilang propeta ng kapanahunan, na isang pinagtibay na propeta. Ang pinagtibay na propetang iyon ay nagsabi, na, “Sapagka’t si Achab ay gumawa ng kasamaang ito, na ang mga aso ay hihimuran ang kaniyang dugo; pagkitil sa buhay ni Naboth. At na ang mga aso ay lalapain si Jezabel, at ang . . . kaniyang katawan ay magiging sukal sa mga kaparangan.” Ngayon, paano mong pagpapalain ang isinumpa ng Dios? O paano mong susumpain, gaya ng sabi ni Balaam, ang pinagpala ng Dios? Kita n’yo?

Nguni’t ang mga propetang ito ay matapat. Walang pag-aalinlangang sila’y mga mabubuting kalalakihan, kagalang-galang na mga kalalakihan. Sapagka’t, upang maging isang propeta sa Israel, kailangan mong maging kagalang-galang, o kahit maging isang Israelita. Ika’y binato na, kung hindi. Sila’y mga kagalang-galang na mga kalalakihan. Sila’y mga matatalinong kalalakihan. Sila’y mga may pinag-aralang kalalakihan. Sila’y mga pinili ni Achab, ng bansa. (Kita mo ’yan, Kapatid na babaeng Wright?) Ang pinili ng bansa, hustong-husto para sa ka- . . .

⁷⁵ At ngayon, nang si Micheas ay nakita ang kanyang pangitain, kaniyang alam sa kaniyang puso kung ano ang sinabi ng Salita, nguni’t gusto niyang makita kung ano ang sasabihin ng Espiritung nasa kaniya.

Kaya sinabi nila sa kaniya, sabi nila, “Iyong sabihin ang ganoon ding bagay na sinabi nitong ibang mga propeta. At kapag iyong ginawa, aba, ika’y magiging, ibibilang ka namin sa pakikisama, walang pag-aalinlangan, muli. Kita mo? Gagawin ka naming isa sa amin. Aming kukunin ka pabalik sa denominasyon namin. Ika’y . . . Alam naming ika’y isang propeta, nguni’t ika’y laging nagsasabi ng mga bagay ng sumpa. Iyong laging isinusumpa si Achab. Ngayon, si Sedechias, ang

pinakapinuno, ang papa, o ang . . .” anuman siya noon. “Ngayon kaniyang pinagpala si Achab, at sinabi, ‘Gawin mo ito.’ Ngayon iyong sabihin ang gayon ding bagay, Imla. Aba, ikaw lamang ay mahirap na tao. Ikaw ay walang kongregasyon, halos, wala man lang. At ang mga taong ito ay mayroong milyun-milyon. Ang buong bansa ay para sa kanila. Ngayon iyong sabihin ang katulad ng kanilang sinasabi, kita mo kung anong gagawin mo, iyong—iyong kainin ang yaman ng lupain.” Siya’y nakikipag-usap sa maling lalaki roon!

⁷⁶ Ano kaya kung sinabing, “Makakasumpong ka ba ng anumang kamalian kay Sedechias, Micheas?” “Hindi.” “Nakita mo ba siyang nagkasala?” “Hindi.” “Narinig mo na ba siyang isinumpa ang sinuman?” “Hindi.” “Nakita mo na ba siyang nalasing?” “Hindi.” “Mapabubulaanan mo ba ang kaniyang edukasyon?” “Hindi.” “Pinaniniwalaan mo bang ang kaniyang degree sa pagiging doktor ay huwad?” “Hindi.” “Naniniwala ka bang ang kaniyang—kaniyang Ph.D. ay mabuti?”

“Totoo. Mula sa konseho ng Sanhedrin; palagay ko ito’y lahat sa konseho, palagay ko ito’y lahat mabuti.”

“Buweno, kung gayon, bakit hindi ka sumama sa kaniya?”

“Sapagka’t siya ay lihis sa Salita!”

⁷⁷ Buweno, tayo’y magkakaroon ng isang pagtutuos nito, kung gayon, tulad ni Elias na propeta bago niyan. At kung ika’y isang anak ng Dios, ika’y mananatili kasama ng propeta ng Bibliang ito. Ito’y ang Salita. Pansinin ang oras, ang panahon.

⁷⁸ Buweno, paano kung si Sedechias ay magsabi, “Oh, alam kong ang propeta ay nagsabi niyan, nguni’t ’yan ay para sa isang henerasyon sa hinaharap. ’Yan ay matagal pang panahon mula ngayon?”

Sabi niya, “Maghintay kayo hanggang sa ako’y makakita ng pangitain mula sa Dios, at pagkatapos sasabihin ko sa inyo.”

Sabi, “Pagkatapos iyong sasabihin ang ganoon ding bagay?”

Sabi niya, “Sasalitain ko lamang kung ano ang sasabihin ng Dios; wala nang iba pa, wala na. Ako’y hindi makapagdadagdag ng isang mang salita Rito, o makapag-aalis ng isa mang Salita Rito.”

Kaya nang gabing iyon, sa pananalangin, ang Panginoon ay dumating sa kaniya sa isang pangitain. Siya ay lumabas nang sumunod na umaga, sabi niya . . .

May dalawang propeta!

⁷⁹ Ang pinakadakilang tao sa bansa, sa hukbo ng sandatahan at sa paningin ng buong bansa, ay si Sedechias. Siya ay ang pinunong propeta, dahil sa hari. Siya ang pinuno ng iba pang mga propeta, sa pamamagitan ng organisasyon. Siya ay ginawa, ng kaniyang organisasyon, na pinuno nilang lahat; marahil ang

pinakamaraming nabasa, ang may pinakamataas na edukasyon, mas karapat-dapat para sa tungkulin. At siya ay pinahiran ng Espiritu Santo, dahil siya'y tinawag na isang "propeta." Totoo, hindi lamang pangkaraniwang propeta, siya ay isang Hebreong propeta. Ngayon masdan siya.

⁸⁰ Sabi ni Sedechias, "Ang Panginoon ay nangusap sa akin, 'Igawa mo Ako ng dalawang sungay ng bakal na ito,' isang simbolo." Ang isang propeta kadalasan ay nagbibigay ng mga simbolo. "Kaniyang sinabi, 'Gumawa ka nitong mga sungay na bakal.' Ang Espiritu Santo ay nagsabi sa akin, 'Kunin mo ang mga ito,' ang Pahid na nagpala sa akin." Huwag n'yong isipin na ito ay isang sacrificial, kundi upang maipasok ang isang punto. "Ang Espiritu Santo na nagsasalita sa iba't-ibang wika sa pamamagitan ko, ang Siyang nagpatibay sa akin, Kaniyang sinabi, 'Kunin mo itong mga sungay, at, sa pamamagitan nito, sabihin mo sa hari na kaniyang itutulak ang Syria diretso palabas ng bansa. At Aking ibibigay sa kaniyang muli ang lupain na karapat-dapat lamang na pag-aari ng Israel, ng iglesia."

Kapatid, 'yan ay napaka pundamental, sadyang para lamang si Balaam ay narito. Si Balaam ay sadyang kasing pundamental ni Moises. Si Moises . . . Ang wastong bilang ng Dios ay pito. At sinabi ni Balaam, "Ipagtayo mo ako ng pitong dambana; pitong malinis na mga hain, mga toro, at pitong tupang lalaki." Iyan ay nangungusap sa pagparito ng Anak ng Dios. Sa batayan, siya ay sadyang kasing tama ninuman sa kanila.

⁸¹ At narito si Sedechias, sadyang kaparehong tama sa batayan, "Sapagka't ang lupaing ito ay pag-aari natin. Aba, silang mga taga-Syria at mga Filisteo sa banda roon na binubusog ang kanilang mga tiyan, ng kanilang mga anak at iba pa, ang ating kalaban, sa pagkain na sa ating mga anak ay nawala! Gayong, ang Dios ay ibinigay sa atin ang lupaing ito!"

Kapatid, 'yan ay magandang pangangatwiran. Palagay ko maisisigaw niya iyan sa harapan ng Israel, at sila'y makakasigaw sa abot ng kanilang makakaya. Ngayon, ako'y nangungusap tungkol sa araw na ito ngayon. Ako'y umaasang nasusundan ninyo ako. Lahat ng pagsisigaw, paghihiyaw!

⁸² Inyo bang naaalala si David nang nakaraang Linggo? Kita n'yo? Kayong nakikinig diyan sa radyo, o sa lugar nitong mga nakikinig sa telepono; hindi n'yo nakuha ang Mensahe noong nakaraang Linggo, tiyaking makuha n'yo ito. *Nagsisikap Na Gumawa Sa Dios Ng Isang Paglilingkod Na Hindi Itinalaga Upang Gawin Ito*, kahit gaano man katapat, kabuti, ito'y walang pasubaling hindi tinatanggap ng Dios. Kita n'yo?

Ngayon, heto si Sedechias, iniisip na siya'y tama.

⁸³ Si Micheas ay nagsabi, "Hayaang tanungin ko ang Dios." Kaya siya'y bumaba nang sumunod na umaga na taglay ang

GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaniyang sinuri ang kaniyang pangitain sa Salita.

⁸⁴ Ngayon kung kaniyang sinabi kay Sedechias, “Alam mo ba kung ano ang sinabi ng propeta ng Biblia rito na mangyayari sa lalaking ito?”

⁸⁵ “Nguni’t hindi sa pagkakataong ito, sapagka’t ang lalaking ito ay isang kagalang-galang na tao. Siya ay nagsisikap.” Huwag ninyong mapalalampas ito. “Siya ay nagsisikap na ibalik sa iglesya ang mga bagay na pag-aari ng iglesya. Kaniyang sinisikap na ibalik ang ari-arian nito,” hindi ang mga Espiritual na mga bagay; kung ito’y gagawin niya, kaniya sanang nayanig ang buong bansa tulad ng ginawa ni Elias. Nguni’t, sinisikap na ibigay sa kanila ang mga materyal na bagay, “Tayo’y may ari-arian. Tayo’y isang malaking organisasyon. Tayo’y kabilang dito. Tayong lahat, lahat kayong mga tao, kayong mga Protestante, ay kailangang makisama sa amin.” Uh-huh.

Tayo’y papunta na riyon sa kaunting sandali. “Ito lahat ay pagkakapatiran, ganoon pa man.” Ito’y hindi! Hindi noon at hindi kailanman mangyayari, sa totoong tunay na Iglesya ng Dios. Hindi maaari!

⁸⁶ Pansinin, kaniyang nakita ang pangitain. At kaya sinabi niya, “Ang Dios ay nangusap sa akin.” Ngayon, tingnan, ang tao ay matapat. Sabi niya, “Kaniyang sinabi, ‘Gawin mo ang mga sungay na ito, at pumunta ka roon sa harap ng hari at tumulak pakanluran,’” o saan man ang daan na kinalalagyan ng lupain kung saan sila nakatayo. “Tumulak, at iya’y magiging GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na kaniyang makakamit ang pananagumpay at babalik, isang katagumpayan para sa iglesya.’ Itataboy sila palabas!” Iya’y napakalapit, hindi ba? Ano ang nangyayari?

Narito dumarating si Micheas. Sabi, “Ngayon iyong ibigay ang iyong propesiya.”

⁸⁷ “Humayo ka! Nguni’t nakita ko ang Israel na gaya ng tupa, nangangalat, na walang pastor.” Whew! Eksaktong kabaliktaran.

⁸⁸ Ngayon, kayo’y ang kongregasyon. Ngayon alin ang tama? Kapuwa sila, mga propeta. Ang tanging paraan na masasabi mo ang kaibahan sa kanila, ay, tingnan kung tama sa Salita.

Sabi, “Paano mo nakuha ito?”

Sabi niya, “Aking nakita ang Dios na nakaupo sa isang Luklukan.” Sabi, “Aking nakitang lahat ng kapulungan na nakapalibot sa Kaniya.”

⁸⁹ Ngayon tandaan, kasasabi lamang ni Sedechias na nakita niya ang Dios, din, at ang siya ring Espiritu. “Aking nakita ang Dios. Kaniyang sinabi sa akin na gawin itong mga sungay mula sa—mula sa bakal. Humayo roon at itaboy ang mga

bansa paalis rito, sapagka't ito ay ating pag-aari. Ang iba ay walang karapatan dito." Kanilang magagawa kung sila'y nanatili mismong kasama ng Dios. Kanila sanang nakuha iyon, nguni't sila'y lumayo mula sa Dios.

Ganiyan sa organisasyon, ang iglesia. Ito'y may karapatan sa mga bagay na ito, nguni't kayo'y dinaya dahil rito, dahil sa kayo'y lumayo mula sa Salita ng Dios at sa Espiritu ng Dios, sa pahid, upang pagtibayin ang Salita para sa kapanahunan. Huwag na huwag ninyong palalampasin ang Mensaheng ito.

⁹⁰ Pansinin kung ano ang nangyari ngayon. Sabi niya, "Aking nakita ang Dios," nakita ni Micheas, "nakaupo sa Luklukan sa Langit. Ang kaniyang kapulungan na nagkakatipon sa palibot Niya. Sabi niya, 'Sino ang ating ipadadala upang bumaba at dadayain si Achab, upang ang mga sinalita ni Elias ay magkatotoo; ang Aking propeta na pinagtibay. Aking sinabing siya'y darating. At na kay Elias ang Aking Salita. At ang mga langit at lupa ay lilipas, nguni't ang Aking Salita ay hindi mabibigo. Walang anuman sa Akin kung gaano pa sila maging makabago, o gaano man sila maging mahusay, o gaano man sila maging kaedukado, o gaano man sila kalaki, ang Aking mga Salita ay hindi mabibigo.'

"At isang mandarayang espiritu ay umahon mula sa impiyerno, lumuhod, at nagsabi, 'Kung Iyong pahihintulutan lamang ako, maaari kong ibigay sa kanila ang aking pahid, ipagagawa sa kanila ang anumang uri ng tanda o kababalaghan, hangga't maialis ko lamang sila sa Salita. Hindi man lamang niya malalaman na Iyan ang Iyong Salita. Kaniyang babalewalain Ito, para sa katanyagan.'" Kapatid, ang takbo ng mga panahon ay hindi nagbago. Kapatid na Neville, 'yan ay totoo. Inyong alalahanin, 'yan ay totoo. "'Ako'y sasakaniya, at ipagagawa sa kaniya ang mga ganoon ding bagay na ginagawa ng iba pa sa kanila. Gagawin kong pahuhulain siya, at magsabi ng kabulaanan.'" Paanong ito ay magiging isang kabulaanan? Sapagka't ito ay salungat sa Salita.

⁹¹ Inyong tanggapin alinman sa mga maling bautismong ito, maling *ganito-at-ganiyan-at-mga-ganoon*, wala akong pakialam kung gaano man ito katotoo sa pakinig, gaano man na kanilang sikaping gayahin, ito'y isang kasinungalingan kung ito'y taliwas sa Salita ng Dios para sa oras na ito. Iya'y tamang-tama.

Sinasabi n'yo, "Buweno, ang sa amin, buweno, aming ginawa ito, at aming ginagawa ito, at ang aming iglesia ay *ganito at ganoon*."

Wala akong pakialam kung ano man ito. Kung ito'y salungat sa isinulat na Salita para sa oras na ito, ito'y isang kasinungalingan. Ang Dios ay hindi ito pag-uukulan ng pansin, gaano man katapat, gaano kaedukado, gaano kagaling, gaano katotoo ito sa pandinig, gaano ito kamakatuwiran sa pakinig,

kung ito'y taliwas sa Salita para sa oras na ito. Tayo'y dadako diyan nang medyo mas malalim-lalim maya-maya, kung ipahintulot ito ng panahon. Kung hindi natin magawa, ating tatalakayin ito muli mamayang gabi.

⁹² Pansinin, siya ay tapat, mabuting tao, walang duda. At sabi niya. . . Sa gayon, sa ibang paraan, sinabi ni Micheas sa kaniya, hindi tahasan, kundi sa ibang pananalita, "Ika'y pinahiran ng isang bulaang espiritu." Hindi ba't 'yan ay isang bagay na masasabi sa isang obispo? Nguni't kaniyang ginawa ito.

⁹³ At kaya ang obispong ito ay lumapit at nagsabi, "Ikaw ay wala na kailanmang pakikisama sa amin," at sinampal siya sa mukha. Sabi, "Alam mong ako'y isang pinagtibay na tao. Ang aking iglesya ay ginawa akong pinuno nito, ang bagay na ito. Ang ibinoto ng karamihan ng bayan ng Dios ay ginawa akong ganito. Ang aking organisasyon ay ginawa akong ganito. At ang Dios ay ibinigay sa atin ang lupaing ito, at Kaniyang kalooban na mapasaatin ito. At ako ay may GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Sinampal siya, at nagsabi, "Saan nagdaan ang Espiritu ng Dios nang iwan ako Nito?"

⁹⁴ Sinabi ni Micheas, "Iyong malalaman, isa sa mga araw na ito," kapag ang California ay nasa ilalim ng dagat sa dako roon, at lahat ng mga bagay na ito. Kita n'yo? "Iyong makikita kung saan Ito nagtungo, kapag ikaw ay naroon na sa loob ng mga bilangguan."

⁹⁵ Ngayon, Achab, ano ang iyong sasabihin? "Aking pinaniniwalaan ang aking propeta," sabi niya. Ano kaya kung kaniya lamang sinaliksik ang Salita? Kita n'yo, ayaw niyang makita ang kaniyang sarili na isinumpa. Pakinggan ako! Ayaw niyang makita ang kaniyang sarili na isinumpa. Walang tao ang may gusto.

At aking organisa-. . .maka-organisasyong kapatid, 'yan ang kung ano ang problema sa iyo. Gusto mong isipin na ika'y tama, gayong, nalalaman mo sa iyong puso, kapag ikaw ay nagbabautismo na ginagamit ang pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," ikaw ay nagsisinungaling. Alam mong kapag ikaw ay nagpredi-. . .sinasabi yaong mga bagay na iyong ginagawa, at kinukuha ang mga paunang katibayan, at lahat ng bagay na tulad niyan, ika'y mali. Paanong naging paunang katibayan ang pagsasalita ng mga iba't ibang wika, at pagkatapos mangusap ng salungat sa isang pangako ng Dios sa oras na ito? Paano ito mangyayari? Hindi mo gusto ang sumpa, hindi ba? Nguni't *Dito* ito'y nasusulat, kaya ito'y magaganap. Iya'y ang tatak ng hayop, napakalapit na ililigaw nito ang Hinirang kung maari.

⁹⁶ Bawa't tanda, bawa't kababalaghan, pinahirang tao, propesiya, lahat ng uri ng mga bagay na nagaganap; lahat ng uri ng mga tanda, lahat ng mga uri ng kababalaghan, paano mo

masasabi ang kaibahan? Masdan ang Salita para sa oras na ito. Ganiyan mo makukuha. . .

⁹⁷ Masdan si Moises, paano niya marahil sinabi kay Balaam. Masdan si Micheas dito, paano nating nalaman na siya ay tama? Ang Salita, na nauna sa kaniya, ay iprinopesiya iyan para kay Achab.

At ang Salita, sa harapan natin, ay iprinopesiya ang mga organisasyong ito para sa araw na ito, at itong sumpa sa kanila. At ang mga bagay na mangyayari sa pamamagitan ng Kaniyang tunay na pinahirang Iglesia, ay tataglayin ang Salita, isang Salitang Nobya. Heto na nga tayo. Heto na ito, sa araw na ito, kagaya lamang nito noon.

⁹⁸ Ang Biblia ay nagsabi, “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ang bawa’t salita ay maitatag.” Ako ay nangusap tungkol kay Balaam, ako ay nangusap tungkol kay Balaam at kay Moises. At ako’y nangusap ngayon tungkol kay Micheas at Sedechias. Ngayon ako’y magbibigay ng isa pa. Na, mayroong daan-daan sa kanila, nguni’t isa pa, upang makapagbigay ng tatlong saksi. Ako’y may buong hanay nila na naitala rito; nguni’t upang tipirin ang oras.

⁹⁹ Si Jeremias na isang pinagtibay, tapon, nguni’t isang pinagtibay na propeta ng Dios. Kanilang kinapootan ang tao. Kanilang ibinato ang di hi-. . . sumobra sa hinog na prutas sa kaniya, at lahat na. At kaniyang inilagay ang sumpa sa kanila. At ang mga bagay na kaniyang ginawa, at nahimlay roon sa kaniyang mga tagiliran, at bagay-bagay, at nagbigay ng mga tanda na ang Israel ay mali.

Bawa’t propeta, tunay na propeta na kailanma’y lumitaw sa sanglibutan, ay isinumpa ang mga denominasyong organisasyong iyon ng iglesia. Paano ito magbabago, sa dinagbabagong Dios?

¹⁰⁰ Ang Espiritu Santo ay ang Propeta ng panahong ito; Kaniyang pinagtibay ang Kaniyang Salita, pinatutunayan Ito. Ang Espiritu Santo ay ang Propeta ng panahon ni Moises. Ang Espiritu Santo ay ang Propeta ng panahon ni Micheas. Ang Espiritu Santo, na sumulat ng Salita, ay dumarating at pinatotohanan ang Salita.

¹⁰¹ Ngayon anong nangyari noong panahon ni Micheas? Si Achab ay napatay, at ang mga aso ay hinimuran ang kaniyang dugo, sang-ayon sa Salita ng Dios.

Lahat kayong mga bulaang tagapagturo, sinabi nga ng Dios, balang araw inyong aanihin kung ano ang inyong inihahasik, kayong mga bulag na tagapanguna ng mga bulag! Hindi ako nagagalit. Akin lamang sinasabi sa inyo ang isang Katotohanan. At hindi ko sana sinabi ito kung sa dakong ito, sa silid na iyon, kung hindi sinabi ng Espiritu Santo, “Sabihin mo sa ganiyang

pamamaraan.” Nagsabi na ba ako sa inyo ng anumang mali na hindi pinatunayan ng Dios na ito ay tama? Gumising kayo, aking mga kapatid, bago pa mahuli ang lahat!

¹⁰² Nguni’t hayaang aking sabihin ito. Paanong ang isang tinik ay magising at maging isang dawag, kung ito ay itinakda sa gayon? Paanong ang Hinirang ay hindi makita ito? Sapagka’t, kayo ay pinili upang makita ito. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit,” sabi ni Jesus, “nguni’t wala sa kanila ay makalalapit malibang Kaniyang ibinigay ito sa Akin bago maitatag ang sanlibutan, nang ang kanilang mga pangalan ay naisulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero,” hindi sa isang rektor ng iglesya, kundi sa Aklat, Aklat ng Buhay ng Cordero.

¹⁰³ Pansinin, si Jeremias ay tumayo, pinagtibay sa harap ng mga tao, gayunma’y kanilang kinapootan siya.

¹⁰⁴ At kaya sila ay lumabas at gumawa ng isang pamatok, ginawa niya, at inilagay ito sa kaniyang leeg, at pumunta sa harapan ng mga tao. Sabi nila, “Oh, kami ay ang dakilang bayan ng Dios. Aba, kami ang Israel. Kami ay napakamatapat sa aming mga sinagoga! Kami ay dumadalo bawa’t Linggo, kami, kami ay naghahandog ng mga hain, at kami ay nagbibigay ng aming pera. Paano magagawa ni Nabucodonosor na hawakan ang mga banal na bagay ng Dios?” Huh! Ang inyong mga kasalanan ang gumawa nito.

Ang Dios ay nagsabi, “Kung tutuparin ninyo ang Aking mga utos, hindi ko gagawin ito. Nguni’t, kung hindi, ito’y darating sa inyo.” Iya’y eksaktong tama. Nananatiling ganoon pa rin. Tuparin ang Kaniyang mga utos, ang Kaniyang Salita para sa kapanahunan, kung ano ang Kaniyang ipinangako.

¹⁰⁵ Ngayon pansinin. Ngayon, si Jeremias, sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, pinagtibay na propeta, kahit na kinapopootan. . . Bawa’t isa sa kanila ay kinapootan sa kanilang mga araw. Sila’y gumawa ng mga kakaibang bagay na taliwas sa denominasyon sa araw na ’yon, bawa’t isa’y kinapootan siya, maging mga hari at lahat ng iba pa. Kaya siya ay naglagay ng isang—isang pamatok sa kaniyang batok, at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kayo’y paroroon doon sa loob ng pitumpung taon,” pagka’t siya ay may kaunawaan mula sa Salita ng Dios. “Pitumpung taon!”

¹⁰⁶ Pagkatapos si Hananias, Hananias, palagay ko binibigkas n’yo ito, H-a-n-a-n-i-a-s. Si Hananias, isang propeta sa gitna ng mga tao, dumating, kinuha ang pamatok sa batok ni Jeremias, at binali ito. At nagsabi, maging sikat sa gitna ng mga tao, kita n’yo, gayong siya ay nangungusap ng taliwas sa Salita ng Dios. At sinabi niya, “Sa loob ng dalawang taon sila’y babalik. GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

Dalawang pinahirang propeta. Paano ang pagkakaiba nila? Ang isa ay may pagbigkas ng Salita, at ang isa ay wala. Sabi ni Jeremias, “Amen.”

¹⁰⁷ Sa harapan ng lahat ng mga matatanda at ng kongregasyon, lahat ng Israel, kita n’yo, gusto niyang ipakita na makakaya niyang maging kasing dakila ni Jeremias. “Alam mo hindi ka nila gusto, papaano man. Kaya ako’y isang propeta, rin. Ako’y mas higit na propeta kaysa sa iyo, sapagka’t ikaw ay nagpropropesiya ng isang kabulaanan. Iyong sinasabi sa aking ang bayan ng Dios ay mapapasailalim ng *ganito-at-ganoon* na bagay?”

Iyan ang kanilang sinasabi sa araw na ito, nguni’t kayo’y tutungo din sa ganoon, bilang isang iglesya. Kayo’y sinumpa sa isang sumpa. Kayong lahat na mga iglesya, mga denominasyong nanghahawakan sa kanilang mga tradisyon ng tao kaysa sa Salita ng Dios, kayo’y isinumpa ng Dios.

¹⁰⁸ Ngayon pansinin, heto siya dumarating. Si Hananias ay hinaltak ang pamatok na ito paalis sa kaniyang batok, isang tanda ng Dios, binali ito, at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sa loob ng dalawang taon sila’y babalik.” Para lamang sa pagpapasikat, “Ako’y si *Ganito-at-ganoon*.” Sapagka’t siya’y nanindigan sa loob, siya ay isang maka-organisasyon na propeta.

¹⁰⁹ Si Jeremias ay isang tao ng ilang na namuhay sa kaniyang sarili. Siya ay laging nagpropropesiya ng masama laban sa kanila palagi, pagka’t sila’y masasama.

At ang lalaking ito ay nagsasabi sa kanila, “Oh, kayo’y ayos lang hangga’t kayo’y kaanib. Hangga’t kayo’y Israel, ’yan lang ang kailangan. Kita n’yo, kayo, kami. . . Hindi ’yan gagawin ng Dios. Alam kong may isang munting bagay na nangyari rito, pero huwag mabahala, huwag mangatakot.”

Oh, kapatid, sila’y nabubuhay pa rin sa araw na ito. “Huwag mag-alala, ang lahat ay maayos. Kontrolado natin ang lahat. Tayo ang Iglesya.” Huwag na huwag n’yong isipin ’yan. Oo.

¹¹⁰ Kaya sabi niya, “Ang lahat ay maayos. Sila’y babalik sa loob ng dalawang taon. Iyan ay isang maliit na bagay ang nangyari. Ito’y hindi di-pangkaraniwan. Meron tayo niyan. Si Nabucodonosor lamang ay pumunta sa dakong ito, nguni’t ang ating Dios ang magsasaayos ng lahat ng ito.”

Nguni’t ang Salita ay nagsabi na sila’y doroon ng pitumpung taon; hangga’t ang henerasyong iyon ay mawala, at panibagong henerasyon. Ang apatnapung taon ay isang henerasyon. “Ito ay halos dalawang henerasyon na kayo’y doroon sa dakong ’yon.” At sinabi ito ni Jeremias sang-ayon sa Salita ng Dios.

¹¹¹ Binali ’yon ni Hananias! Ang sabi ni Jeremias, “O sige. Amen. Nguni’t, Hananias, ating tandaan ito, tayo kapuwa ay mga propeta. Tayo’y mga ministro.”

At aking sinasabi ito sa iyo, kapatid ko. Ating alalahanin na nagkaroon ng mga propetang nauna sa atin, at sila'y nagpropesiya laban sa mga kaharian, at sila'y nangusap patungkol sa tiyak na mga bagay. Nguni't, tandaan, kapag ang propeta ay nagsabi ng anumang bagay, siya dapat ay magpropesiya ayon sa Salita. Katulad ni Micheas, at ni Moises, at lahat ng iba pa sa kanila. Ito dapat ay naaayon sa Salita. Kung hindi, kung gayon alalahanin kung ano ang nangyari.

¹¹² Pagkatapos, si Hananias, ang kaniyang mapagmatuwid na pagkagalit ay tumaas. "Ako'y si Hananias" (walang duda), "ang propeta ng Panginoon, at sinasabi ko, 'Dalawang taon.'" Sa ibang salita, "Wala akong pakialam kung ano ang sinasabi ng Salita." Ang kaniyang pahid, "Sinasabi ko, 'Dalawang taon, sila'y babalik.'"

¹¹³ Si Jeremias ay umalis mula sa harapan niya, lumabas, sabi, "Panginoon, walang anuman sa akin kung ano ang kaniyang sinabi, ako pa rin ay naniniwala at nalalamang ang Salitang 'yan ay nagsasabing ganoon. Ako'y mananatiling tapat sa Iyo. Ako'y hindi niya madadaya."

¹¹⁴ Ang Dios ay nagsabi, "Humayong sabihin kay Hananias, 'Aking gagawin itong gawa sa bakal, ang susunod na pamatok.'" Sapagka't kaniyang ginawa 'yon, siya ay kinuha mula sa ibabaw ng lupa, si Hananias nga, sa taon ding iyon.

Hayan ang ating mga halimbawa, kapuwa mga propeta. Napakarami pa ang masasabi at mapag-uusapan sa oras na ito.

¹¹⁵ Nguni't masdan. Si Jesus ay nagsabi, na, sa huling panahong ito, muli, ang dalawang espiritu ay magiging napakalapit sa isa't isang muli. Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Ngayon pansinin. Ito'y lalong magiging malapit kaysa noon. Ito ang huling panahon. Oh, mga anak! Ang Dios ay mahabag sa atin! Hanggang, "Ito'y magiging parang napakatotoo hanggang sa maililigaw nito ang mismong Hinirang kung maaari." Ngayon, paano n'yo magagawa, paano natin nakilala ito sa mga araw na iyon? Paano n'yo sasabihin ito sa araw na ito? Ganoon pa ring paraan, manatili kasama ng Salita, "Si Jesus Cristo ang siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Ngayon pangalagaan lahat itong Mensahe. At kapag kayo ay nakikinig sa teyp, maging maaaring ako'y wala na balang araw kapag ang Panginoon ay tapos na sa akin dito sa mundo, inyong babalikan ito. Pakinggan ang aking tinig, kung ano ang sinasabi ko sa inyo. Kung kunin Niya ako bago ang Kaniyang Pagparito, tandaan lang, ako'y nangusap sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon. Oo.

¹¹⁶ Pansinin, "Magiging napakalapit sa isa't isa na maililigaw nito ang Hinirang kung maaari," gagawa ng parehong mga tanda, parehong mga himala, sa pamamagitan ng iisang

Espiritu. Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Katulad lamang ng mga propetang ating pinag-usapan, mga propeta. Ngayon, ito ay nasusulat rin naman . . .

¹¹⁷ Tayo’y magbukas dito, para sa isang ito, kung nais n’yo, Ikalawang Timoteo 3. Huwag natin iwan ang isang ito. At hindi ko gusto na . . .

¹¹⁸ Ako’y tumitingin sa orasang iyon sa taas doon, at aking—aking gustong laktawan ang marami nito, at sa palagay ko hindi natin dapat gawin ito ngayon. Kita n’yo? Pansinin. Sadyang . . . Kung ako’y nakatayo rito, pinagpapawisan gaya ng ako nga, kita n’yo, nguni’t ako ay masaya. At alam kong ito ay totoo. Ikalawang Timoteo 3:8.

¹¹⁹ Si Pablo, ang lalaking nagsabi, “Kung ang isang Anghel ay nagmula sa Langit at mangusap ng anumang ibang Salita sa inyo kaysa sa kung ano ang aking sinabi, siya ay masumpa,” ngayon, isang Anghel na bumaba. Iyan ay Ikalawang Tesalonica . . . Oh, paumanhin.

¹²⁰ Pansinin sa Ikalawang Timoteo 3:8. Masdan si Pablóng nangungusap ngayon. Ating umpisahan ng mga . . . Ating umpisahan sa una ng talata, at makinig ngayon nang maigi. Kayo na mayroong inyong Biblia, bumasa kasabay ko. Kayong walang mga Biblia, makinig nang maigi. Ang . . .

Datapuwa’t alamin mo ito, na sa mga huling araw . . .

Guhitan iyan, “mga huling araw.” Iyan ay kung kailan ito magaganap.

. . . darating ang mga panahong mapanganib. (Tayo’y narito na.)

Sapagka’t ang mga tao’y magiging maibigin sa kaniyang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan,

¹²¹ Tingnan itong langkay na meron tayo sa araw na ito, bulok. Maging sa lalaking naroon sa lansangan, kabataang lalaki, hinihila ang kanilang mga buhok pababa sa kanilang noo, gaya ng may bangs tulad sa isang babae. Kabaluktutan! Mga Sodomita!

¹²² Nabasa n’yo ba sa taon na ito, sa *Reader’s Digest* ng buwang ito? Sabi, “Ang mga Amerikano sa edad,” na sa palagay ko ito ay, “sa pagitan ng dalawampu at dalawampu’t limang taong gulang, ay nasa kanila nang kalagitnaang-edad na kalalagayan.” Sila’y tapos na! Sila’y bulok na! Ang siyensiya ay nagsasabi na, na ang isang lalaki ay nasa kaniyang kalagitnaang edad, at ang isang babae, kapag sila’y nasa mga unang bahagi pa lang ng pagiging dalawampung taon. Ang kanilang mga katawan ay bulok at sinira na ng karumihan.

123 Oh, Amerika, makailang ang Dios ay hinintay ka, nguni't ngayon ang iyong oras ay dumating na! Iyong pinangungunahan ang sanlibutan sa karumihan.

*. . . mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang,
mga walang turing, mga walang kabanalan,*

Walang katutubong mga pagibig, . . .

Walang tunay na pag-ibig maging sa isa't isa, lalaki sa babae, babae sa lalaki. "Wala man lang katutubong pag-ibig." Karumihan, pang-seksuwal!

*. . . mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga
walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, at hindi mga
maibigin sa mabuti,*

Sa iba pang salita, sabi, "Kayong mga lupon ng mga holy roller." May isang nagtanong nang nakaraang araw patungkol sa pagparito sa iglesia. Sabi, "Huwag kang pumunta roon. Lahat nito ay isang malaking lupon ng pag-iingay at di angkop na mga pagkikilos."

Kita n'yo, "Hindi maibigin sa mga ganiyan."

*Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga
maibigin sa kalayawan kaysa sa mga maibigin sa Dios;*

Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, iya'y komunismo." Ano ang sinasabi ng kasunod na talata?

*Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't (ano?)
tinatanggihan ang kapangyarihan nito: (ang Salita,
si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at
magpakailanman, nahayag, ang pangako para sa araw
na ito) . . .*

Sadyang eksaktong katulad ni Hananias, sadyang eksaktong katulad ni Sedechias, sadyang eksaktong katulad ni Balaam, noon pa, iba pang mga bulaang propeta.

Na may anyo ng kabanalan, pinahiran . . . Kita n'yo?

Na may anyo, pinahiran, itinalagang mga ministro . . .

*Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinatanggihan
na Siya ay siya ring kahapon, ngayon . . . Tinatanggihan
ang Kaniyang Salita!*

Papaano nilang tinanggihan si Jesus sa araw na iyon? Sino ang tinanggihan nila nang kanilang tanggihan si Jesus? Ang Salita. Sila'y mga relihiyoso. Sila'y nagturo mula sa kanilang mga Biblia, nguni't tinanggihan ang pang-kasalukuyang Salita.

Ano sila ngayon? Ganoon din, pinahiran, ipinangangaral ang Ebanghelyo ng pentecostes, nguni't tinatanggihan ang pang-kasalukuyang pangako ng Salita na pinagtitibay, "Si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Nakikita ba n'yo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

*Sapagka't ito yaong nangangagapang sa mga bahay,
at binibihag... babaing haling na lipos ng kasalanan,
hinihila sa mga iba't ibang pita,*

“Ang aming mga sewing party at ang aming *ganito-at-ganoon*.” May isang darating na sinisikap na ipaliwanag nang pamali ang Salita, at sinasabi ito, “Ito’y ayos lang, kapatid na babae, para sa iyo na magkaroon ng maiksing buhok. Huwag mong pansinin ang hangal na ’yan. Kita mo? O, kung ikaw—ikaw ay magsusuot nito; hindi ’yon, ‘ito’y kung ano ang lumalabas sa puso ng tao ang nagpaparumi sa kaniya.” Kita n’yo? At nalalaman mo ba na ikaw ay pinahiran ng masama, mahalay, maruming espiritu? Kahit pa, ikaw ay maaaring umaawit sa koro, na may maiksing buhok, nguni’t ikaw ay may masamang espiritu. Iyan ay salungat sa Salita. Iya’y tama. Iyan ang sinabi ng Biblia. At iyong sinasabi, “Buweno, ako’y nagsusuot ng syorts. Hindi ito bumabagabag sa akin.”

“Sinuman, kung ang isang babae ay magsusuot ng damit na nauukol sa lalaki, ito’y karumaldumal sa paningin ng Dios.” Ang di-nagbabagong Dios ay nagsabi n’yan.

¹²⁴ Oh, napakaraming mga bagay, paano ba natin talaga matatalakay ito; ang ating panahon ay mauubos. Nguni’t sapat na ang alam n’yo para malaman kung ano ang tama at mali. At paano ko maipagagawa sa kanila ito? Paano ko magagawa ito? Sabihin, “Buweno, para saan ba ang isinisigaw mo?” Ako ay saksi laban sa iyo. Balang araw, sa Araw ng Paghatol, ikaw ay walang sulok na mapupuntahan.

¹²⁵ Paano ba ’yan mapipigilan ni Micheas? Paano magagawa ni Moises; sumisigaw, sinisikap na pigilan ito, at si Josue at silang namamahala sa kalagitnaan ng mga tao, at si Levi ay bumunot ng kaniyang tabak at pinatay sila, rin? Sila’y nagpatuloy ng ganoon pa rin.

Ito’y nauna nang sinalitang gagawin nila ito. At kanilang gagawin ito, dahil ito’y GANITO ANG SINABI NG PANGINOON na kanilang gagawin ito. Sa palagay n’yo ba na silang mga denominasyon kailanma’y magkakahiwa-hiwalay, ang kanilang denominasyon ay babalik sa Salita? Ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi mangyayari sa kanila! Sila ba ay mauwi sa anticristo? Eksakto. Ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sila nga! “Buweno ano bang sinasabi mo?” Ako ngangy magiging saksi, at kayo rin, lahat ng mga mananampalataya. Masdan.

... babaing haling na lipos ng... iba't ibang pita,

¹²⁶ “Buweno, lahat ng iba pa sa mga kababaihan ay ganoon.” Mga bulaang propeta! Ngayon pakinggan. Mga bulaang propeta, ang aking tinutukoy. Ngayon ano ang kanilang gagawin sa huling araw?

...binibihag ang babaing haling...hinihila ng mga iba't ibang pita,

“Buweno, alam kong lahat sa iba pang mga kababaihan...”
Buweno, ipagpatuloy mo.

¹²⁷ Anong masasabi ko bago lamang itong malaking pangyayari rito sa California? “Kayong mga tao rito sa Los Angeles, bawa’t taon kapag ako ay bumabalik paparami nang paparami ang mga babaeng maiiksi ang buhok at binabaeng mga lalaki kaysa nang una, mas maraming mga mangangaral ang napapabilang sa mga organisasyon. Kayo’y walang maidadahilan! Kung ang mga makapangyarihang gawa ay ginawa sa Sodoma at Gomorra na sa iyo’y ginawa, ito’y nanatili sana hanggang sa araw na ito. Oh, Capernaum, ikaw na tinatawag ang iyong sarili sa pangalan ng mga anghel, Los Angeles!” Nakita n’yo kung ano ang nangyayari? Siya ay patungo mismo sa ilalim ng dagat. Kailan? Hindi ko alam kung kailan ito mangyayari, nguni’t ito’y mangyayari. Kayong mga kabataan, kung hindi ko ito makita sa aking panahon, abangan n’yo. Siya ay wala na!

Na laging nagsisipagalar, ...kailan pa man ay hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan.

Ngayon heto ang kagulat-gulat, heto ang kagulat-gulat na bahagi. Makinig dito.

At kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga ito’y nagsisilaban sa katotohanan: mga taong masasama ang pagiisip, mga itinakuwil tungkol sa pananampalataya na ibinigay na minsan sa mga banal, mangyari pa.

“Tungkol sa Pananampalataya.” “At kaniyang papagbabaliking-loob ang Pananampalataya ng mga ama, o ng mga anak, pabalik sa kanilang mga magulang.”

¹²⁸ “Itinakwil tungkol sa Pananampalataya.” Uh! Alam n’yo kung ano ang ibig sabihin ng *itinakuwil*? Kung kayo ay may Bibliang Scofield, mayroong “h” doon. Doon mismo, sabi, “pagtalikod sa pananampalataya.” Isang pagtalikod sa pananampalataya, ’yan ay kung ano ito.

¹²⁹ Ngayon, sandali lang. May gusto akong tingnan isang bagay rito. Sa palagay ko aking isinulat na ito mismo. Hindi ako sigurado, nguni’t gusto kong sabihin ito, at tingnan ito bago na aking—aking sabihin ito. Ngayon, isang sandali lamang. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] “Itinakuwil tungkol sa Katotohanan, tungkol sa Pananampalataya.” “Ang Pananampalataya,” may iisang Pananampalataya. Iya’y tama. “Tungkol sa Pananampalataya, mga itinakuwil!”

Ngayon gusto kong basahin ang Lucas 18. Sandali lang. Hindi n’yo... maaari n’yong isulat ito; hindi n’yo na kailangan pang basahin.

At sinalita niya sa kanila ang isang talinghaga, na sila'y dapat magsipanalanging lagi, at huwag... manganglupaypay;

Na sinasabi—na sinasabi, May isang hukom sa isang bayan, na hindi natatakot sa Dios, at walang taong pinagpipitaganan:

At sa bayan ding yaon ay may isang babaing bao; at siya'y naparorooing madalas sa kaniya, na sinasabi, Iganti mo ako sa aking kaalit.

At may ilang panahon na siya'y—na siya'y tumatanggi: datapuwa't pagkatapos ay sinabi sa kaniyang sarili, Bagaman di ako natatakot sa Dios, at di nagpipitagan sa tao;

Gayon man sapagka't nililigalig ako ng baong ito, ay iganti ko siya, baka niya ako... bagabagin ng kapaparito.

At sinabi ng Panginoon, Pakinggan ninyo ang sinabi ng likong hukom.

At hindi бага iganti ng Dios ang kaniyang... mga hirang, na sumisigaw sa kaniya sa araw at gabi, at siya'y may pagpapahinuhod sa kanila?

Sinasabi ko sa inyo na sila'y madaling iganti niya. Gayon ma'y pagparito ng Anak ng tao, makakasumpung kaya siya ng pananampalataya sa lupa?

130 Ngayon 'yan ang katanungan. Dito ay kung saan ko gustong mapadako, sa Apocalipsis 10. Tayo'y dadako dito sa mga ilang minuto, sa isa pang talata sa Kasulatan. Sabi niya, "Sa mga araw ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Dios ay dapat na ganap na." Heto ang tanong, ay, kung kayo ay susunod sa hanay na iyan sa oras na ito, ito ba ay magaganap na? "Masusumpungan Ko ba ang Pananampalataya?" Ang Malakias 4 ba ay magaganap sa panahong ito, "Papagbabaliking-loob ang Pananampalataya ng mga anak, pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang, ang orihinal, ang Salita"? Kita n'yo?

131 "Itinakuwil, si Jambres at Janes, kung paanong sila'y lumaban." Ngayon, gayundin, pakinggan, Ikalawang Timoteo 3:8. "Kung paanong si Jan... kinalaban si Moises, gayundin sa mga huling araw ang mga itinakuwil ding ito ay darating," ngayon tingnan kung saan Ito sinasabi rito, "may anyo ng kabanalan," mga pinahiran. Ngayon atin lamang... Kayo'y bumalik at—at basahin ito kapag kayo ay nakauwi, upang aking matapos ito, sa umagang ito, kung makakaya ko. "Itinakwil tungkol..." Hindi itinakuwil sa—sa—sa pamumuhay; sila'y mabuti, may-aral na mga kalalakihan.

132 Ngayon pansinin nang si Moises ay pumaroon sa Egipto, na may isang mensahe ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON,

at pinagtibay; tinawag ang Israel, na isang bayan, hindi isang iglesya. Ang Israel ay isang bayan; hindi sila kailanman isang iglesya. Sapagka't, ang salitang *iglesya* ay nangangahulugang "mga tinawag palabas." Sila ay ang bayan ng Dios. Pagkatapos nang sila ay pinahiran sa ilalim ng Salita, at tinawag palabas, sila'y naging ang iglesya ng Dios. At pagkatapos tumalikod, sapagka't hindi nila pinaniwalaan ang Salita ng Dios, at nakinig sa isang bulaang propeta. Umaasa akong iyan ay nauunawaan.

Ang Israel, bilang isang bayan ng Dios, lumabas sa ilalim ng kamay ng Dios, pinahiran ng Salita...na taglay ang Kapangyarihan ng Dios, nakita ang mga tanda at kababalaghan ng Dios. At pagkatapos nang ang Dios ay naglalakbay kasama nila, isang bulaang propeta ang dumating, pinahiran, at nagturo ng isang bagay na taliwas sa orihinal na Salita ng Dios na kanilang narinig; at bawa't isa sa kanila ay nangamatay sa ilang, liban sa tatlong tao. Ngayon sandali lang.

¹³³ "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, kung saan walong kaluluwa ang naligtas sa pamamagitan ng tubig, gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao." "Kung paano ang nangyari sa kaarawan ni Lot, kung saan tatlo ang lumabas sa Sodoma, gayon din naman ang mangyayari sa panahon na ang Anak ng tao ay mahayag." Aking inuulit lamang ang Kasulatan, ang Salita ng Panginoon, na "Ang langit at lupa ay lilipas. . ." Ito'y magiging isang minoriya!

¹³⁴ Pansinin dito. Si Moises ay nagtungo kay Aaron. Si Moises nga'y magiging Dios. Ang Dios ay sinabi sa kaniya na maging Dios, sabi, "Ikaw ay maging Dios, at hayaang si Aaron na iyong kapatid ay maging propeta mo. Iyong ilagay ang mga salita sa kaniyang bibig kung hindi ka makapagsalita nang mahusay." Sabi, "Nguni't sino ang gumawa ng tao na mapipi? Sino ang gumawa sa tao upang makapangusap?" Ang Panginoon nga.

At siya ay lumakad sa baba roon. Ano ang kaniyang ginawa? Kaniyang ginawa ang isang tunay at eksaktong himala na sinabi ng Dios sa kaniyang gawin. Sinabi ng Dios sa kaniya na, "Humayong ihagis ang iyong tungkod." Dinampot ito, at ito'y isang serpiyente. Kaniyang dinampot ito, at bumalik sa pagiging tungkod. Sabi, "Humayong gawin 'yan sa harapan ng Faraon, at sabihin, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON.'"

¹³⁵ At nang nakita ng Faraon ito, ating sinasabi, "Aba, anong babang uring pandaraya ng salamangkero." Sabi, "Walang anuman iyan. Ito'y pagbabasa ng kaisipan o isang bagay, alam n'yo. Kami ay may mga tao sa aming organisasyon na kayang gawin ang ganiyan ding bagay. 'Halika rito, Obispo *GANITO-at-ganoon*. At, ikaw, ikaw ay pumarito.' Meron kaming mga makagagawa ng ganiyan ding bagay." 'Yon ay si Satanas na nagsasalita sa pamamagitan ng Faraon.

Iyon ang Dios na nagsasalita sa pamamagitan ni Moises.

¹³⁶ Nguni't masdan ang taong ito na lumabas. Sina Janes at Jambres ay lumabas sa harap ni Moises, at lantaran sa harapan ng mga tao, at isinagawa ang bawa't himala na kayang gawin ni Moises. "Kanilang ililigaw ang mga Hinirang kung maaari." 'yan ba'y tama? Isinagawa ang ganoon ding bagay na ginawa ni Moises. Nakuha ba n'yo ito? Ngayon tandaan, ito'y GANITO ANG SABI NG KASULATAN, na ito'y mauulit muli sa mga huling araw.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ni Moises at Jambres?

Sinabi ni Moises, "Magkaroon ng dugo sa tubig."

At ang mga bulaang propetang ito ay nagsabi, "Sige, kami ay maglalagay ng dugo sa tubig, din." At ito ay nangyari.

¹³⁷ Kaya sinabi ni Moises, "Magkaroon ng mga kuto." Sa ano n'ya kinukuha ito? Diretso mula sa Dios. Kita n'yo?

At ano ang kaniyang ginawa? Sabi niya, "Buweno, tiyak, kami ay makapagpapalabas ng mga kuto, rin." At kanilang ginawa ito. Anumang himala na magagawa ni Moises, kanilang magagawa, rin!

Tandaan, panatilihin iyan sa kaisipan, tayo'y patungo na rito, pagkatapos ng ilang sandali. Kanilang magagawa ang anumang bagay na kayang gawin ng iba pa sa kanila, nguni't hindi sila makapanatili kasama ang Salita. Sila'y hindi makapanatiling kasama ang Salita.

¹³⁸ Ngayon pansinin, kanilang ginawa ito. Nguni't si Moises, ang tunay na isinugong propeta mula sa Dios, inatasan ng Dios, siya ay hindi kailanman nakipagtalo sa kanila, nagsabi, "Dito, hindi n'yo magagawa 'yan! Hindi puwede!" Kaniya lamang hinayaan sila, hinayaan lamang silang magpatuloy. Sila'y mga maka-organisasyong propeta, nguni't ipagpatuloy n'yo.

Si Moises ay nagpatuloy lamang, nakinig sa Dios. Anuman ang sinabi ng Dios, "Ngayon gawin mo *ito*," si Moises ay humayo at ginawa ito. Siya ay gumawa ng isang bagong bagay. Nang kanilang ginawa, bawa't isa sa kanila ay nagkaroon ng sensasyon o isang bagay, heto na sila. Kanila itong ginawa, rin, eksaktong-eksaktong gaya ng ginawa ni Moises.

¹³⁹ Ngayon pansinin. Ang mga taong ito ay nagsilitaw... Oh, kayong mga tao, huwag na huwag n'yong mapalalampas ito! Ang mga impostor na ito, mga manggagaya, ay lumitaw pagkatapos na ang isang tunay ay nauna. Kita n'yo? Sila'y dumating upang manggaya. Kita n'yo, kailangan nga nilang gawin. Ang diablo ay hindi makagagawa ng anumang bagay; siya lamang ay tagabaluktot ng orihinal.

At ano ang kasalanan? Ay matuwid na bagay na binaluktot. Ano ang pangangalunya? Ang tamang gawa na binaluktot. Ano ang isang kasinungalingan? Ang katotohanang pinamalian. Isang pagbabaluktot!

Tingnan si Hananias, isang pagbabaluktot sa orihinal na Salita. Tingnan si Balaam, isang pagbabaluktot sa orihinal na Salita. Tingnan si Sedechias, ang pagbabaluktot sa orihinal na Salita.

At ang Biblia'y nagsabi na ang mga lalaking ito ay magsisilitaw, pagkatapos ng pagbaluktot . . . o upang baluktotin ang orihinal na Salitang pinagtibay at pinatotohanan na siyang Katotohanan.

¹⁴⁰ “Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista,” sa sulok sa dako roon, “ganapin mo ang iyong ministeryo. Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na Aral, kundi ayon sa kanilang sariling laman ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga guro, sa pagkakaroon ng kati sa tainga; pagkatapos magpapatuloy at gagawin ang anumang kanilang gustuhin, at, 'Ito'y ayos lang, kami ay may ganoon ding mga tanda at kababalaghan.' At ihihiwalay mula sa Katotohanan, at ibabaling sa mga katha, mga dogma.”

¹⁴¹ Oh, ang pagkaunawa sa Espiritu Santo, ang panggigilalas na tumatama sa kaluluwa ng isang tao kapag siya'y humihinto upang isipin kung gaano katotoo at kalinaw ito mismo sa ating harapan! Hukayin iyang panulukang bato rito at basahin ang isang kapisaso ng papel na inilagay roon, tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan. Tingnan kung ano ang Kaniyang sinabi sa dako roon sa—sa Seventh Street, nang umagang 'yon nang ang panulukang batong ito ay inilagay. Ngayon masdan ito. Masdan sa baba rito sa ilog, nang ang Anghel ng Panginoon ay bumaba sa anyo ng isang Haliging Apoy, daan-daan sa mga iglesya, o mga tao ng iglesya, nakatayo sa may pampang; kung ano ang Kaniyang sinabi, tingnan kung ito'y naganap na. Tingnan kung ano na ang nangyari.

Ito'y napakahirap. Alam kong ito ay mukhang mahirap, mga kapatid, na nasa labas. Nguni't ito'y . . . Ang Biblia ay nagsabi, sinabi mismo ni Jesus, “Ililigaw nito ang Hinirang kung maaari.” Wala nang paraan dito. Hindi kailanman nila makikita Ito. Kung maaari, ang mismong Hinirang ay maililigaw nito.

¹⁴² Pansinin, ang mga taong ito ay nagsilitaw pagkatapos na ang tunay na pinahiran ng Dios ay isinugo; sa pamamagitan ng Kaniyang tunay na propeta, si Moises. At kapag si Moises ay gagawa ng anuman, kanilang ginagaya ito.

¹⁴³ Ngayon, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ako . . . Ito ang aking sariling iglesya. Ako'y may karapatang ipangaral kung ano ang gusto ko, hangga't ito'y mula sa Salita ng Dios. At hindi ko hinahatulan kayong mga tao, nguni't atin lamang saliksikin 'yan para sa panahon at oras na atin ngayong kinabubuhayan.

Pagbati para kay Kapatid na Ruddell, kay Junior Jackson, at silang narito, ating mga kapatirang iglesya. Nakalimutan ko

sila, kanina. Sa palagay ko sila'y nakikinig ngayong umaga, rin, dahil sa wala—wala nang lugar sa bahay-sambahan.

¹⁴⁴ Isipin lamang ito ngayon, panandali lamang. Ginawa nila ang ganoon ding mga himala na ginawa ni Moises. Si Moises ay nagdala ng mga kuto; ginaya nila ito at nagdala ng mga kuto. Kita n'yo?

Sinabi ng Dios, “Sa araw na ikaw ay kumain niyaon, sa araw na yaon ikaw ay mamamatay.”

¹⁴⁵ Si Satanas ay dumating at nagsabi, “Tunay, ika'y hindi mamamatay. Ikaw lamang ay magiging mas matalino. Ikaw ay magkakaroon ng mas magandang organisasyon, isang mas . . .” Alam n'yo. “Alam mo, ang lahat ay mas magiging maayos para sa iyo, ikaw ay magkakaroon ng higit na Liwanag.” Kita n'yo, isang pagbabaluktot lamang. Dapat . . .

At tandaan, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sang-ayon sa Ikalawang Timoteo 3:18, na, “Sa huling mga araw, na itong si Jambres at Janes ay paririto sa sanlibutan.” Ngayon, gusto kong inyong pansinin na may dalawa sa kanila, kita n'yo, mga manggagaya.

¹⁴⁶ Ngayon ating babalikan ang Sodoma, pagkatapos ng ilang sandali, silang mga tigatlo, masusumpungan silang tatlong mga Anghel na bumaba, at tingnan ang pagpapanggap, at iba pa, kita n'yo, tingnan kung alin ang tama at mali. Kita n'yo? Kita n'yo?

¹⁴⁷ Pansinin, kanilang ginawa ang ganoon ding mga himala. Nguni't, pansinin, sila'y nanggaya pagkatapos na ang tunay na Salita ay pinahiran, ng siyang tunay na isinugo ng Dios; sumunod, pumapangalawa.

Ano kaya kung tayo'y makakapag-iisip panandali. Hinahawakan ang mga tao sa kamay, hindi pa katagalan, mga nasa dalawampung taon na ang nakararaan, at ang isang tanda ay ipinakita. Naku, nagkaroon ng mas maraming tanda na nasa mga bagay-bagay, at bawa't isa . . . Ang isa ay meron nito sa kaniyang kanang kamay; ang isa ay meron nito sa kaniyang kaliwang kamay; ang isa pa ay naaamoy ito. Kita n'yo, lahat ng uri ng . . . Ano kaya . . . Ayaw ng Dios na sabihin ko sa inyo sa ngayon kung ano talaga ang katotohanan, nguni't isang araw malalaman n'yo. Iyan lamang ay upang mahayag ang kanilang kahangalan. Yon ay hindi tama, sa pasimula. Sasabihin ko na sa inyo, isang araw, kung ipahihintulot ng Panginoon.

¹⁴⁸ Pansinin, kanilang ginawa ang parehong mga himala, nguni't hindi nila . . . Pansinin, hindi nila ginawa ito hanggang pagkatapos na ang orihinal na Salita ay nauna, muna. Ganiyang paraan ang ginawa ni Satanas sa hardin ng Eden. Sa ganiyang paraan niya ginagawang lagi. Sino ang unang nagpropesiya? Si Moises. Sino ang unang dumating sa eksena, si Moises o si Balaam? Si Moises. Sinong unang dumating sa eksena, si

Jeremias o si Hananias? Nakita n'yo kung ano ang ibig kong sabihin? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

¹⁴⁹ Pansinin, sila'y gumaya. Karnal na mga manggagaya, matatapat, iniisip na sila'y "gumagawa para sa Dios ng isang paglilingkod," tulad ng ginawa ni David, nang nakaraang linggo, nguni't karnal na pagpapanggap. Ako lamang ay naghihintay panandali. Gusto kong kayo'y mag-isip sa pagitan ng mga dakong ito. Kung hindi ko sasabihin ito, tiyak na ang Espiritu Santo ay ipahahayag ito, lalung-lalo na sa Hinirang. Kita n'yo?

¹⁵⁰ Ang denominasyon ni Faraon ay nagsasabi, "Kami ay may taong makagagawa ng ganiyan ding bagay," at kanilang ginawa ito. Kita n'yo? Bakit ginawa ni Faraon ito? Bakit ipinahintulot ng Dios ito? Bakit ang Dios ay magsusugo ng isang tunay, pinahirang propeta roon upang gumawa ng isang tanda sa harapan ni Faraon, at pagkatapos hayaang ang isang maka-denominasyong kopya ay dumating at kopyahin ito sa harapan ng mga tao? Bakit Niya pinapayagan ang isang manggagaya na lumitaw upang gawin ito, at gawin ang siya ring eksaktong bagay na ginawa ng tunay na Espiritu ng Dios? Kita n'yo, ang Kasulatan ay dapat na matupad.

¹⁵¹ Pansinin, Kaniyang ginawa ito upang Kaniyang papagmatigas ang puso ng Faraon at ng mga Egipcio, para patunayan na si Moises ay hindi lang ang tanging may taglay ng Salita. Kanilang magagawa ang lahat na kagaya ng magagawa ni Moises.

At bakit hinayaan ng Dios ang bagay na ito na mangyari sa mga huling araw? Gayon din, ang katulad ding bagay na sinabi ng bulaang espiritu kay Sedechias, "Paano nating mapapupunta roon si Achab, upang ang mga bagay na ito ay maganap?" Papaano Niya magagawang ang mga taong ito, nagtitiwala sa kanilang mga iglesya, na lumabas dito upang hayaang maganap ang bagay na ito, na Kaniyang nauna nang sinalita? Sila, sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, "Sapagka't sinasabi mong ikaw ay 'mayaman, at hindi nangangailangan ng anumang. Ako'y nakaupong gaya ng isang reyna.' Walang anumang! Hindi mo ba nalalamang ikaw ay maralita, aba, bulag? At Aking ipinapayo na ikaw ay bumili sa Akin," Kaniyang sinabi, "ng langis at ginto." Bakit Niya ginawa ito?

¹⁵² Bakit Niya hinayaan itong pagpapanggap na magsilitaw sa mga huling araw na ito, gayong ang mga bagay na ito ay nagaganap sa pamamagitan ng tunay na Salita ng Dios; at hinayaang ang mga mapagpanggap ay dumating at gawin ang ganoon ding bagay, at tanggihan ang tunay na Salita ng Dios? Kaniyang ginawa ito para kay Moises. At ginawa ito ng Faraon laban kay Moises; at yaong, sina Janes at Jambres, ay ginawa ito laban kay Moises. At ang Biblia ay nagsabi na ito'y mauulit muli

sa mga huling araw. Heto na tayo. Ngayon, kung 'yan ay hindi ang Kasulatan na naganap, nasaan na ito?

¹⁵³ Si Moises ba ay nakipagtalo sa kanila at nagsabi, “Dito! Dito! Hindi n’yo maaaring gawin ‘yan. Ako lamang ang tanging itinalaga para gawain ‘yan. Dito! Iyong itigil ‘yan, ngayon mismo?” Hinayaan lang niya sila.

Hayaan n’yo sila. Tandaan, ang sabi ng Biblia, “Kung paanong ang kanilang kahangalan ay nahayag, gayundin naman na ang mga ito sa huling araw ay mahahayag,” kapag ang Nobya ay inagaw at dinala sa langit. Pansinin.

¹⁵⁴ Si Moises, ang tunay na nahayag na Salita, ay walang sinabing anuman, hinayaan lamang ito. Nguni’t Kaniyang ginawa ‘yan para Kaniyang papagmatigas ang puso ng Faraon, iligaw si Faraon.

Kaniyang ginawa ang gayon din mismong bagay para Kaniyang iligaw si Achab. At ang isang munting lalaking nakatayo roon na nag-iisa, ang munting si Micheas, sinasabi sa kanila, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Narito tumayo ang isa pa, pinahiran, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” At magkasalungat, sa isa’t isa.

¹⁵⁵ Tayo ay tumatayo ngayon na taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na ang bautismo sa tubig sa mga huling araw ay dapat sa Pangalan ni Jesus Cristo. At may isa pang lalaki ang tatayo at gagawa ng mga himala, at, isang trinitarian.

Ipakita n’yo sa akin ang salitang *trinidad* sa Biblia. Ipakita n’yo sa akin kung saan mayroong tatlong Dios. Ipakita n’yo sa akin kung saan mayroong ganiyang mga bagay. Ito’y wala sa Salita ng Dios. Walang ganiyang bagay na may sinumang nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” ginagamit ang mga titulong ‘yon. Lahat ng mga bagay na ito, “Oh, ito’y ayos lang, mga kapatid na babae. ‘Yan ay ayos lang, magkaroon lamang ng mahaba . . . ang inyong maikling buhok. Iyan ay ayos lang, hindi n’yo kailangang gawin *ito, iyon*, o ang *iba pa*. Oh, ‘yan ay walang kabuluhan, isang matandang makaluma.”

Nguni’t sinabi ng Biblia! At Kaniyang ipinangako, “Sa mga huling araw, Kaniyang isusugo ang Espiritu ni Elias, at tatawagin ang mga tao, ang mga anak ng Dios, pabalik sa orihinal na Pananampalataya tulad nito noon sa pasimula, ng Salita.” Ang Salitang iyon ay pinatotohanan, ang Anak ng tao sa mga huling araw, katulad noon sa Sodoma; kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kaniyang ipinangakong gagawin ito. Ito’y pangako ng Dios. Ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

¹⁵⁶ Pansinin, kanilang ginawa ang gayon ding bagay, katulad lamang ng ginawa ni Moises, hanggang ang Dios ay napuno na rito.

Ngayon tandaan, ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ito'y magaganap sa araw na ito. Ngayon, magsaliksik sa mundo; kunin ang bawa't paniniwala, kunin bawa't lahi, kunin bawa't tao, kunin bawa't iglesya! Aking inuutusan kayo, sa Pangalan ni Cristo, na gawin ito, kayong mga mangangaral. Aking inuutusan kayo na basahin ang mga pahayagan o isaalang-alang saan man ninyo gustong pumunta, at tingnan kung wala ito sa lupa ngayon mismo. Kita n'yo?

Kung gayon, sa Mateo 24:24 ay eksaktong tama. "Bulaan, mga pinahiran ay magsisilitaw sa mga huling araw, at magiging mga bulaang propeta, at ililigaw ang marami." Masdan ito sa mga tipo ngayon, sa pagdating nito ngayon, kita n'yo, "Maililigaw ang marami." "Mga propeta," pang-maramihan; "Mga Cristo," mga pinahiran, pang-maramihan; maraming iba't iba pa, ang Methodist, alam n'yo, at Baptist, at ang Pentecostal, at iba pa. Kita n'yo?

Nguni't may isang tunay na Cristo, Espiritu, at 'yan ang Salita na nagkatawang-tao tulad ng Kaniyang ipinangakong gagawin ito.

Ngayon tayo'y tutungo nang malayu-layo kaunti, sa ilan pang mga Kasulatan.

¹⁵⁷ Hanggang, ang Dios ay napuno na rito, pagkatapos ito ay tinapos na. Ang kanilang kahangalan ay nahayag na.

¹⁵⁸ Pansinin. Tandaan, ang ipa ay kamukhang-kamukha ng butil ng trigo. Kita n'yo? Ngayon, hindi n'yo masasabi, doon sa Kapanahunan ni Luther, "ang tangkay ay ang trigo," gayunma'y ito'y may Buhay sa loob nito. Ang tangkay ay ayos lang, ang Buhay sa tangkay ay mabuti, nguni't, tandaan, ang Buhay ay nagpatuloy; sumulong mula kay Eliseo kay Elias. Ang Buhay ay patuloy na sumusulong. Nguni't, tandaan, ito'y panibago nang yugto. Ito'y hindi maaaring manatili sa yugtong iyon. Hindi natin makakain ang isang bulok na bangkay ng iba pang kapanahunan. Hindi natin makakain ang Pentecostal na bulok na bangkay, Methodist, o Baptist. Kita n'yo, ito'y nabubulok nang bangkay. Tayo'y may sariwang Pagkain, ang Salita sa oras na ito, at iba pa.

¹⁵⁹ Tandaan, ang ipa ay kamukhang-kamukha ng butil ng trigo. Hindi n'yo . . . Hindi nito nakahawig nang ito ay sa dahon, hindi nito nakahawig nang ito ay sa uhay, nguni't ito nga'y nakahawig sa ipa. Hindi nakahawig nito sa . . . Si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, kay Luther; hindi kamukha nito kay Wesley; nguni't ito nga'y kamukha sa Pentecostes, isang "ililigaw ang mga Hinirang kung maaari." Kita n'yo? Hayan ang inyong mga kapanahunan.

¹⁶⁰ Nguni't tandaan, na ang iglesyang Pentecostal, sa mga huling araw, ay ang Laodicea; at si Cristo ay pinalabas, ang Butil, ang Trigo, Mismo. Nang Kaniyang subukan. . . Tandaan, nang Kaniyang subukang ihayag ang Kaniyang sarili sa iglesya,

Siya ay dinala sa labas. Ito pa rin ay isang iglesya, nag-aangking gayon; pinahiran.

Nguni't *heto* ang Salita, ang Cristo Mismo, 'yan ang pinahirang Salita na darating para sa Kaniyang Katawan, ang Nobya. Ang pinahiran, ng siya ring tubig na dumilig sa trigo, gaya ng ating pinag-usapan, ay dumidilig din sa mga damo, mga pinahiran. Ang Hinirang lamang, o itinalaga, ang makakikilala ng pagkakaiba sa pagitan nila. Ngayon, ang Efeso 5:1 ay nagsasabi sa inyo ng ganoon, at tungkol sa kung paano ito.

¹⁶¹ Sila ay mga pinahiran. Bawa't isa ay nagsasabi, "Luwalhati sa Dios! Kami'y may kalayaan sa dakong ito. Aleluya! Kami. . . Oh, aleluya! Kami ay nagsasalita sa iba't ibang wika, at tumatalon. Kami ay may kalayaan ng mga kababaihan; kayong mga tao'y pinipilit silang ipasailalim sa lahat ng mga bagay na ito." Kita n'yo? Ipagpatuloy n'yo. Wala kayong anumang magagawa. Sasabihin, "Buweno, kami ay nagsasalita sa iba't ibang wika. Kami ay humihiyaw. Kami ay nagsasayaw sa Espiritu. Aming ipinangangaral ang Salita." Walang pasubali. Walang isa mang bagay na masasabi laban dito. Gayon din naman ang mga lalaking ito rito sa Biblia.

Si Jesus ay nagsabi, "Ililigaw nito ang mismong Hinirang kung maaari, ang mismong Hinirang."

¹⁶² Ngayon pansinin ang ipa. Mula sa orihinal na Butil, Butil na nahulog sa lupa, Ito ay hindi organisasyon. Ito ay isang Butil, sa sarili Nito. Nguni't nang ito'y tumubo, ito'y hindi na isang Butil; ito'y isang organisasyon, kita n'yo, mga dahon, butil.

Pagkatapos Ito'y tumungo sa isa pang yugto, na isang uhay. Ito pa rin ay hindi katulad ng simula. Ito'y isang organisasyon.

Ito'y tumungo sa ipa, maraming dahon, Pentecostes, halos naaanyuhan na ngayon. Tingnan ito. Ito'y nagkakaroon ng anyo sa tuwina, halos eksaktong hawig na hawig, kamukhang-kamukha ng isang Butil ng trigo kapag iyong makita 'yang munting balat diyan.

Nguni't sa wakas Ito ay nahayag, at walang organisasyon. Wala nang mga tagapagdala. Ang organisasyon ay isa lamang tagapagdala. Wala nang mga tagapagdala; ang tangkay ay kinakailangang mamatay, ang ipa ay kinakailangang mamatay, ang lahat ng iba pa ay kinakailangang mamatay, nguni't ang trigo ay patuloy na mabubuhay. Iyan ang katawan ng muling pagkabuhay, bababa at dadamputin sila. "Silang nasa huli ay mauuna, at silang nauuna ay mahuhuli." Kita n'yo, dadamputin sila pataas sa pagkabuhay na mag-uli. Nasusundan ba n'yo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Buweno. Pansinin, ang butil ay. . .

¹⁶³ Ang ipa ay kamukhang-kamukha ng butil. At ang isang taong nangangalaga ng isang pataniman ng trigo, o iba pang

bagay, ay titingin at magsasabi, “Purihin ang Dios, ako’y may pananim ng trigo,” bagaman siya’y wala pa kahit isang katiting na trigo. Ito ay kamukhang-kamukha ng trigo, pero ito ang ipa.

¹⁶⁴ Ngayon, mga kaibigan, samahan ako sa pagbabalik. Saan dumating ang unang rebaybal, pagkatapos (ng pagkamatay) ng mga araw nang ang butil ng trigo ay kinailangang mahulog sa lupa, ang Katawan, ang Nobya ni Cristo? Inorganisa ni Cristo ang Kaniyang Nobya, tama ba ’yan, ang Kaniyang Iglesya? Hindi Niya kailanman inorganisa Ito; Siya lamang ay nagtalaga ng mga apostol, at mga propeta, at iba pa, sa Iglesya, upang panatilihin Itong malinis. Nguni’t sa Nicaea, Roma, pagkaraan ng tatlong daan at anim na taon, kanilang inorganisa ito at gumawa ng organisasyon mula rito. Tama ba ’yan? At ito ay namatay. Lahat ng hindi nakiayon sa iglesyang ’yon ay pinatay. At ito ay nanatili, sa loob ng daan-daang mga taon, sa lupa.

Nguni’t, pagkalipas ng ilang panahon, tumubo siya kay Luther. Ang unang mumunting sanga ng butil ay umusbong. Ang ikalawa, ito’y umusbong mula roon. Sila’y nagpatuloy, naroon si Zwingli at iba pa, at ang iba pang mga organisasyon at iba pa. Pagkatapos, pagkaraan ng ilang panahon, dumating ang mga Anglican.

At pagkatapos ano ang nangyari? Heto na si Wesley kasama ang bagong rebaybal, ang uhay, na medyo mas kamukha ng Trigo. Pagkatapos ano ang nangyari roon? Ito ay nag-organisa, at natuyo at namatay.

Ang Buhay ay nagtungo sa ipa, at ang ipa ay lumitaw na halos kamukhang-kamukha ng Trigo. Nguni’t, sa wakas, ang kahangalan nito ay nahayag sa huling walo o sampung taon, lalung-lalo na sa mga huling tatlong taon. Ngayon ano ang ginagawa nito? Humihiwalay sa Trigo.

¹⁶⁵ Ngayon bakit hindi na nagkaroon ng organisasyon na nagpasimula nitong mga huling dalawampung taon ng malaking rebaybal na ito; ito’y mga pinahirang propeta, mga pinahirang tagapagturo, iba pa, nguni’t bakit wala na? Wala nang anuman na susunod pa sa Butil. Kita n’yo, Ito’y bumalik na, wala nang organisasyon. Oh, naku, ang isang taong bulag ay makakakita niyan. Ito ay hindi maaaring mag-organisa; Ito’y napakahigpit na laban dito. Ito’y ang butil ng Trigo, Mismo. Ang Anak ng tao ay mahahayag. Ang butil ng Trigo ay babalik sa sarili Nitong muli, ang Anak ng tao sa mga huling araw.

“At magsisilitaw ang bulaang, mga manggagaya Nito, sa mga huling araw, na halos ililigaw ang Hinirang kung maaari.” Tingnan ang kanilang maka-organisasyong ipa na humihiwalay ngayon.

¹⁶⁶ Ipinakikilala lamang nito ang Trigo, sa Hinirang, na mga bahagi Nito. Pansinin kung gaano kaganda itong dinala rito ngayon. Tanging ang... Pansinin, ang mga pinahiran ay

magagawang; ang tunay, Hinirang, itinalaga, Efeso 5:1, o 1:5, pala, ay itatalaga, hinirang. Sila lamang ang tanging hindi maililigaw.

Pansinin, ang mga pinahirang propeta ay magiging bulaan, at doon sa kalagitnaan nito ay may mga tunay na pinahiran. Paano n'yo makikilala ito? Sa pamamagitan ng Salita. Tulad, ng meron tayo sa anino. Nakikita ba n'yo ito? Sabihin, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Kita n'yo?

¹⁶⁷ Pansinin, ang mga pinahiran, tanging ang Salita ang maghihiwalay sa kanila, hindi ang mga tanda. Oh, hindi. Kanilang gagawin ang parehong mga tanda, nguni't ang Salita ang naghihiwalay sa kanila. Tiyak. Silang lahat ay nagpropesiya. Kanilang lahat na ginawa *ito, iyon*, at ang *iba pa*, tiyak, magkapatreho lamang. Si Jesus ay nagsabing gagawin nila ang parehong bagay. Nguni't ang Salita ay kung ano ang naghihiwalay sa kanila, pansinin, hindi mga tanda.

¹⁶⁸ Napansin ba n'yo? Si Jesus ay nagsabi rito, sa Mateo 24. Hindi niya sinabi, "Magsisilitaw ang mga bulaang Jesus sa mga huling araw." Oh, hindi, sila'y hinding-hindi mapaniniwala sa ganiyan. Hindi. Ika'y kukuha ng isang Pentecostal na isang tunay na Pentecostal, magsabi, siya mismo, siya ay "Jesus"? Kita n'yo? Ika'y kukuha ng isang bulaang Methodist, o isang Baptist, o isang taong tulad niyan, o isa sa mga organisasyon, sabihin, "Kami ay si Jesus"? Alam nila ang higit pa riyon. Hindi nila gagawin 'yan. Nguni't sinasabi ng Biblia na sila'y magiging "mga bulaang Cristo," hindi mga Jesus, kundi, "mga bulaang Cristo." Hindi nila kikilalanin, sabihing, "Ako'y si Jesus." Oh, hindi.

¹⁶⁹ Nguni't sila'y "mga bulaang Cristo," at hindi nalalaman ito, dahil sila'y taliwas sa Salita. At pinagtitibay ng Dios ang ganoon din. Ngayon, dinadala ko lamang ito sa isang pagtutuos ngayon, pagka't nakita n'yo ang ganoon ding bagay na ginawa ng mga taong ito na ginawa sa tunay. At sinabi ni Jesus na ganoon nga.

¹⁷⁰ Ngayon, gaya ng aking sinabi, ngayon sa inyong mga tao na nasa, nakiking sa telepono diyan, ako—hindi ko kayo hinahatulan, nguni't ito ang aking iglesya at—at aking grupo na ipinagkatiwala sa akin ng Espiritu Santo, at kailangan kong sabihin sa kanila ang Katotohanan. Ang panahon ay nahuhuli na.

¹⁷¹ Ngayon, hindi sila mapaniniwala sa ganiyan, nguni't, "mga bulaang Cristo," bulaan, mga pinahiran, halos taglay ang bawa't tanda at bawa't letra ng Salita. "Kanilang pinaniniwalaan ang bautismo sa Espiritu Santo?" Walang pasubali. "Naniniwala sa lahat ng *ito*?" Oo. "Naniniwala sa pagsasalita ng iba't ibang wika?" Oo. "Naniniwala na ang mga tanda at kababalaghan ay sumusunod, ang mga tanda ay susunod sa kanila?" Oo. Iyan ay hindi Methodist, 'yan ay hindi Baptist. Hindi, hindi. Iyan ay mga Pentecostal. Kita n'yo, ito ang huling panahon.

Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya ay hindi napansin iyan. Ang kapanahunan ng iglesyang Methodist ay hindi kailanman napansin ito; kapanahunan ng iglesyang Baptist, hindi nila kailanman napansin ito; ang kapanahunan ng iglesyang Presbyterian, hindi nila kailanman napansin ito. Nguni't, ang Pentecostal, napakalapit na gaya sa tunay na Bagay! Iyan ay kung saan, ang Trigo, ang ipa ay halos katulad ng Trigo. Hinding-hindi nila mapapansin ito. Kita n'yo? Hindi nila mapapansin. Nguni't ito'y ang mga huling araw, ang araw na ito. Opo, ginoo.

¹⁷² Pansinin, gaya nito sa pasimula, gayon din ang magiging sa katapusan. Gaya ni Eba na nagkamali ng pang-unawa sa isang Salita, ginawa ni Satanas kay Eba, at pinaniwalaan niya ito. Ang babae, hindi ang lalaki; ang iglesya, hindi Siya. Kita n'yo? Ang iglesya ang siyang nagkaroon ng maling salita. Kita n'yo? Hindi si Adan; si Eba. Hindi si Cristo; ang iglesya, ang nobya, ang pinahiran, dapat sana, tinatawag ang kaniyang sarili na ang Nobya, kita n'yo, kaniyang nakuha ang maling salita.

Hindi ba n'yo makita 'yan? Aba, ito'y nagtataling gaya ng sintas ng sapatos, gaya ng inyong mga pilikmata. Aba, lahat ng inyong mababalingan, ang Biblia, pinagtatali lamang Nito itong magkasama. Si Eba, hindi si Adan; pinaniwalaan ito ni Eba, hindi si Adan. Ang nobya sa panahong ito, na ipinagpapalagay, ay pinaniwalaan ito; hindi ang Cristo. Ang nobya ay may lahat ng uri, ipinagpapalagay na nobya; parehong mga tanda, parehong mga kababalaghan, pareho lahat-lahat; nguni't hindi ang Siyang tunay. "Ililigaw ang mga Hinirang kung maaari."

Ngayon mabilisan, kung ating matatapos ito sa labinlimang minuto, tayo'y matatapos sa oras. Pansining maigi ngayon, upang kayo'y hindi—kayo'y hindi magkamali ng pag-unawa, ninyo.

¹⁷³ Ngayon, hindi, hindi nila matitiis na matawag na "bulaang Jesus." Sila'y hindi, matiis na tawaging, "Jesus." Tiyak na hindi. Iyan ay masyadong tahasan. Sinuman ay malalaman 'yan. Nalalaman ng sinumang sila'y hindi Jesus. Wala akong pakialam kung sila'y may langis sa kanilang mga likod, at dugo sa mga kamay at sa taas-at-baba ng kanilang mga mata, kanila pa ring nalalamang ito'y. . . Sinumang may maayos na kaisipan, ay nalalamang ito'y hindi si Jesus. Kita n'yo? Hindi sila maniniwala riyang. Nguni't kanilang tinatawag ang kanilang mga sariling "ang pinahiran." At sila'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan, "halos para iligaw ang mga Hinirang." "Nguni't mga bulaang Cristo, mga pinahiran, ay magsisilitaw, at maililigaw ang Hinirang kung maaari."

¹⁷⁴ Ngayon masdang mabuti. Huwag ninyong palampasin ang pangungusap na ito, sapagka't ito'y karapat-dapat na pakinggan.

Siya lamang ay naglalagay ng ilang teyp sa mikroponong ito rito, upang hindi ito matanggal. Ako kanina pa'y pinagpapawisan; nahuhulog sa teyp, nakita n'yo.

¹⁷⁵ At kaya ito'y magiging katulad Nito, ang Biblia, ay nagsabing ito nga'y ganoon. Kita n'yo?

¹⁷⁶ Pansinin, hindi mga bulaang Jesus. "Mga bulaang Cristo!" Kanilang pinaniniwalaang sila ay pinahiran, nguni't alam nilang sila'y hindi Jesus. Kita n'yo, 'yan ay masyadong tahasan. Kung ang tao ay tutungo roon at magsabi, sa araw na ito, "Tingnan ang mga pilat sa aking kamay. Tingnan ang aking noo. Ako si Jesus." Buweno, ngayon, alam nating 'yan ay mali. At, alalahanin, hindi kailanman sinabi ni Jesus na silang mga tao ay magsisilitaw. Kaniyang sinabing may magsisilitaw na "mga bulaang Cristo." "Mga Cristo," pang-maramihan, mga denominasyon, at iba pa, *mga pinahiran*; pinahiran ng maka-denominasyong espiritu, at hindi ng Salita. Nasusundan ba n'yo ito? Hindi bulaang Jesus. "Mga bulaang Cristo," bulaan, mga pinahiran. Kita n'yo? Oh, gaano kalinaw! Paanong ating...Tiyak na hindi ninyo mapalalampas ito!

¹⁷⁷ Ngayon, alalahanin, akin nang laging sinasabi sa inyong may tatlong uri ng mga tao. May tatlong lahi ng mga tao; Cham, Sem, at Japhet, tatlong lahi. Tatlong uri, at sinabi ko, iyan ang mananampalataya, nagkukunwang-mananampalataya, at di-mananampalataya. Ito'y lagi nang gayon, laging magiging gayon. Kita n'yo? Naroon si Moises, ang mananampalataya; naroon sina Janes at Jambres; ang mga di-mananampalataya. Kita n'yo? Naroon si Balaam; si Moises...Laging ang tatlong uri ng mga taong 'yon, tatlong uri; mananampalataya, nagkukunwang-mananampalataya, at di-mananampalataya.

¹⁷⁸ Ngayon tandaan, ang di-mananampalataya, ang maka-denominasyong iglesya, ay hindi naniniwala sa anumang tanda man lang; malamig, pormal, naninigas, ang iglesya sa mundo, ang denominasyon. Nguni't ang nagkukunwang mananampalataya ay ang ipa na 'yon. Iyan ang taong nagkukunwaring naniniwala. At pagkatapos may isang tunay na mananampalataya na talagang totoo. Ngayon, masdan sila habang sila'y nagpapatuloy ngayon, sandali lamang.

¹⁷⁹ At pansinin kung gaano kapangahas ang mga di-mananampalatayang ito, o ang mga nagkukunwang-mananampalataya at mga di-mananampalataya. Naku! Sila'y mapangahas, tingnan, maging si Satanas ay tumayo mismo sa Presensiya ng tunay na Salita, at nagsabi, "Nasusulat!" Tama ba 'yan?

Bakit ginawa ni Satanas 'yon? Ay dahil hindi niya alam ang Salita para diyan...Kaniyang nalalaman ang Salita ay para sa oras na iyon, nguni't kaniyang pinag-alinlanganan ang hamak na maliit na Lalaking ito bilang ang Salita. "Kung Ikaw ang

Anak ng Dios. Nalalaman kong ang Anak ng Dios ay darating, sapagka't sinabi Nito na Kaniyang gagawin 'yan. At nasusulat, 'Siya ay magbibilin ng Kaniyang mga Anghel tungkol sa Iyo.' Kita Mo? Patunayan Mo ito sa akin! Gumawa Ka ng isang himala! Hayaang makita kong Iyong gawin ito." Kita n'yo? Kita n'yo?

Kita n'yo, ang di-mananampalataya, nagkukunwang-mananampalataya, mapagpanggap. Tingnan si Judas mismo sa gitna nila, sa gayon ding panahon, nagkukunwang-mananampalataya! Kita n'yo? Pansinin, at naroon ang tunay na Salita.

¹⁸⁰ Gaanong sila ay mapangahas! "Ngayon, huwag n'yong bigyan ng anumang pansin ang walang kuwentang 'yan. Walang anumang Ito. Huwag kang magtungo roon. Ito'y isa lamang bungkos ng ingay. Walang anuman Iyan. Iyan lamang ay gawagawa. Iyan ay nasa iyong kaisipan." Kita n'yo, kita n'yo ang ibig kong sabihin? Tumayo mismo sa Presensiya ng Salita at sabihin ito.

¹⁸¹ Si Satanas ay pumaroon mismo. Tulad ng sinabi ng Biblia banda rito sa Judas, "Maging ang Arkanghel, nang nakikipagtalo kay Satanas, nagsabi, 'Sawayin ka nawa ng Panginoon.'" Laban sa Salita Mismo!

At narito ang anticristo, ang pinahiran, nakatayo mismo rito laban sa tunay na Salita ng araw na ito, si Jesus Cristo, at nagsasabi, "Nasusulat."

¹⁸² Tingnan ang mga huling araw. "Ito'y magiging napakalapit na maililigaw nito ang Hinirang kung maaari." Oh, naku! Ang dahilan na ang Hinirang ay hindi maililigaw, alam n'yo kung bakit? Ay dahil sila ang Salita. Kita n'yo? Kagaya lamang ng Buhay na nasa ugat, aking sinabi kani-kanina lang, hindi Nito maitatatwa ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo, Ito ay ang Salita at nasa kapanahunan ng Salita. Iya'y tama.

¹⁸³ Katulad ni Jeremias, alam niya. Kahit ano pa ang sinabi ni Hananias, kaniyang alam kung nasaan siya. Iyan ay katulad na katulad ng ginawa ni Moises, at—at ang iba pa sa kanila. Iya'y, alam niya, kahit gaano pa ang sinabi ng bulaang propeta, naroon ang Salita ng Dios. Ito ay nasulat.

Iyan ang dahilan na nasabi ni Micheas, "Buweno, ikaw lamang ay maghintay at makikita mo."

Si Achab ay nagsabi, "Ako ay naniniwala sa aking mga propeta. Ang aking organisasyon ay tama. Kapag ako ay bumalik nang payapa . . . Ibalik n'yo ang lalaking iyan doon sa kulungan. Ako ang bahala sa kaniya! Bigyan siya ng tinapay ng kapighatian. Itaboy siya, huwag kayong makikisama sa kaniya man lang. Kapag ako ay bumalik nang payapa, tayo ang bahala sa lalaking iyan."

184 Si Micheas ay nagsabi, “Kung ikaw ay makababalik man lang, ang Panginoon ay hindi nangusap sa akin.” Alam niyang siya ay may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at ang kaniyang pangitain ay eksakto sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON; hindi para sa kung anupamang ibang kapanahunan, kundi para sa kapanahunang iyon. Amen! Aleluya! Ang kapanahunan!

185 Mapangahas, tumatayo at nakikipagtalo sa isang Arkanghel! Nasabi na nga, na, “Ang mga mangmang ay lalakad na may sapatos na nakapakong takong sa kung saan ang mga Anghel ay takot lakaran.” Iya’y tama.

186 Ang dahilan na ang Hinirang, sinabi ni Jesus, ay hindi maililigaw, sapagka’t sila ang Salita na iyan. Sila’y hindi na maaaring maging iba pa. Sila’y wala nang iba pang maaaring dinggin. Sila’y wala nang iba pang nalalaman. Iya’y tama.

Alalahanin, si Moises ay hindi natangay sa kanilang mga panggagaya. Siya ba? Sinabi ni Moises, “Ngayon, sandali lang, Faraon. Alam mo kung ano? Ang Panginoon ay nagsabing gawin ko ito, nguni’t, luwalhati sa Dios, nakikita kong ang iyong mga lingkod ay nakagagawa ng ganoon ding bagay. Kaya, sabihin ko sa’yo kung ano ang gagawin ko, ako ay sasama na sa inyo”? Huh! Hindi tila ganoon ang propeta ng Dios. Hindi, talaga! Siya ay naninindigan na sintatag ng kaya niyang tayuan. Kaniyang nalalaman, eksakto, ang Dios ang siyang bahala rito sa papaano mang paraan, pagka’t Kaniyang ipinangako na gagawin. “Sasamahan ko kayo. Hindi ko kayo iiwan.”

187 Alam niya, kaya siya ay hindi nakisama sa kanila. Oh, hindi. Siya ay nanatili mismo sa kanila. Siya ay walang gusto sa kanilang mga denominasyon. Siya ay nanatili mismo kasama ng Dios. Siya ay hindi natangay ng lahat ng mga bagay na kanilang kayang gawin. Kapag sila’y gumawa ng isang bagay. . . Siya ay nagpalitaw ng kuto; sila’y nagpalitaw ng kuto. Siya ay nagpalitaw ng dugo; sila ay nagpalitaw ng dugo. Siya ay nagpalitaw ng lahat ng bagay; kanilang ginaya siya sa bawa’t paraan, sumusunod lagi. Siya ay tumayo lamang nang payapa. Alam niya eksakto kung ano. Ang Dios ay gumagawa.

Nauunawaan n’yo na ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Kunin mo ang dalawa at dalawa, at magagawa ang apat? [“Amen.”] Ayaw n’yong mainitan masyado. Kaya, kaya inyong—inyong nauunawaan, kita n’yo.

188 Bakit? Sila’y hindi maililigaw nito. Ang tunay na mananampalataya, sila ay itinalagang Binhi na kailangang makatagal sa araw.

189 Sadyang, gayon din, sinabi ni Jesus ito, “Marami ang lalapit sa akin sa araw na iyon, sa Aking Pangalan, at sasabihin, ‘Panginoon, hindi ba ako ay nagpalayas ng mga diablo sa Iyong Pangalan?’” Sinabi ni Jesus, “Sa mga huling araw, kapag ang

panahon ay tapos na at ang dakilang pagkabuhay na mag-uli ay dumating, na marami ang lalapit at uupo sa Kaharian.” Ang Kaharian ng Dios ay nasa sa inyo.

Marami, ang mga damo ay lalapit at uupong kasama ng Trigo, magsasabi, “Ngayon, sandali lang, Panginoon! Ako’y nagsalita sa iba’t ibang wika. Ako’y humiyaw. Ako’y sumayaw sa Espiritu. Ako’y nagpalayas ng mga diablo. Ako ay nagsalita sa iba’t ibang wika. Ako ay gumawa ng lahat ng mga bagay na ito.”

Anong Kaniyang sasabihin? Pansinin. “Kayong manggagawa ng katampalasanan, kailanma’y hindi ko kayo nangakikilala.”

¹⁹⁰ Ano ang *katampalasanan*? Tanungin ang isang tao. Ito’y “isang bagay na alam n’yo na dapat n’yong gawin, at hindi n’yo gustong gawin ito.” Alam nila ang Salitang iyan. Kanilang naririnig Ito. Kayo’y nakikinig sa teyp na ito. Kayo’y nakikinig sa Mensaheng ito. Nakita n’yo ang Panginoong Dios ay nagsasabing ganoon nga; nakita n’yo Siyang pinatotohanan ito, ginawa itong tunay. At alam n’yo Ito nang kasing linaw na ang araw ay sumisinag sa labas, nguni’t kayong manghahawakan sa inyong denominasyon, nanghahawakan sa mga maling bagay na iyon; kayong manggagawa ng katampalasanan!

“Oh, oo, ako ay nagkaroon ng malalaking kilusan. Aking ginawa *ito*. Aking ginawa *iyon*.”

Sabi, “Kayo’y magsilayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan, kailanma’y hindi Ko kayo nangakikilala.”

¹⁹¹ “Buweno, ang Espiritu Santo ay bumaba sa akin.” Hindi ko pinag-aalinlanganan ’yan kahit kaunti. “Ako’y nagsalita sa iba’t ibang wika. Ako ay umawit sa Espiritu. Aking ginawa . . .” Hindi ko pinag-aalinlanganan ’yan nang kahit kaunti. Walang katanungan diyen. Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, anong uri ng kalalagayan!

Ito ay panahon ng pagkatakot. Nasaan na tayo? Ang Salitang ito ay Nabubuhay na ngayon. Pansinin.

¹⁹² Oo, Kaniyang sinabing gagawin nila iyon. Pansinin, “Kayong mga manggagawa ng katampalasanan.” Ako ay may isang Kasulatang naisulat dito. Hindi ko alam sadyang kung nasaan na. Ako’y gumugol na ng napakaraming oras. Aking hahanapin ito, sandali lamang, at tingnan kung ano ito. Ako’y may—ako’y may naisulat na Mateo 7:21. Aking—sadyang hindi ko alam kung nasaan na. Ako, pagkaminsan wala akong isinusulat na kasama nito, buweno, ako—ako’y nangangaral tulad nito, aking—aking nakakalimutan kung ano ang aking tinutukoy sa Kasulatan. Mateo 7:21.

Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit.

Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi бага nagsipanghula kami . . .

Mga propeta, mga pinahiran! Iyan ba'y tama? "Hindi ba kami noon propeta? Hindi ba kami pinahiran, isang pinahiran? Hindi ba ako ay nagpropesiya sa Iyong Pangalan? At sa Iyong Pangalan hindi ba ako nagpalayas ng mga diablo?" Paano n'yo magagawa iyan, at tumatangging magpabautismo sa Pangalan ni Jesus? Kita n'yo? Oh, naku! Kita n'yo kung gaano kamapandaya? Hanggang doon sa mismong puntong iyon, pagkatapos babalik. Sila'y tutungo diretso sa Salita, pagkatapos babalik. Ngayon masdan ito. Ating ilalabas ito, sa ilang sandali.

Marami ang magsasabi sa akin . . . Panginoon, Panginoon, hindi бага nagsipanghula kami, kami ay naging mga propeta? . . .

Oo, aking ipinangusap iyan sa Mateo 24:24.

. . . at sa pangalan mo'y . . . nangagpalayas kami ng mga demonio? at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming makapang- . . . maraming mga gawa?

At kung magkayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan.

"Gayong Ito'y inilagay mismo sa harapan n'yo at inyong nakita Ito, at nakita Itong kumikilos, nakitang Ito ay ang Salita; at para sa inyong maka-denominasyong kapakanan, kayo ay nanghawakan lamang dito. Kailanma'y hindi Ko kayo nangakilala. Wala Akong pakialam kung ilang diablo ang inyong napalayas, gaano karami ang inyong ginawang *ganito* at *ganoon*; wala Akong nalalamang anuman tungkol sa inyo."

Si Balaam ay nagsabi, "Ako ay nagpropesiya mismo, sa Iyong Pangalan. Ito ay natupad."

¹⁹³ "Iya'y eksaktong tama, nguni't, pagdating sa Salita, iyong tinangihan Ito."

O, kapatid, nakita mo ba ang bahaging mapandaya? Hindi "propeta," eksakto; kundi sa Salita, tunay na Salita, pinagtibay na Salita na nahayag. "Kayong manggagawa ng katampalasanan!"

¹⁹⁴ Subukan, si Satanas ay nagsubok sa lahat ng kapanahunan para gayahin ang tunay na Salita. Alam natin iyan, hindi ba?

¹⁹⁵ Pansinin, dumating na sa borderline at tumigil. Tingnan dito, Kaniyang sinabi, sa Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, ngayon, tayo ay nagbasa kani-kanina. Sinabi kong kayo'y

tumukoy pabalik rito, at ating gagawin sa sumusunod na ilang mga minuto. Kaniyang sinabi:

. . .nguni't tinik at dawagan. . .na malapit sa pagtatakuwil; ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin. (Borderline!)

. . .kayo na nakalaspap . . .ng kaloob ng kalangitan, . . .

“Nakalaspap,” sa iba pang salita, inyo nang nakita Ito! Hindi n’yo [Pinatunog ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga labi—Pat.] malasap lamang Ito sa inyong bibig. Ngunit inyong nakita Ito, at nalaman n’yong Ito ay ang Katotohanan. Inyong nalaman Ito ay ang Katotohanan. “Nalaspap ang kaloob ng Kalangitan.”

. . .at nakabahagi ng Espiritu Santo, sa pagbaba Nito sa iyo,

. . .nakalaspap ng mabuting salita ng Dios, . . .

“Nalaspap,” nakita n’yong Ito ay tama. “At ang Espiritu Santo na bumababa sa inyo,” ang damo sa parang.

. . .at pagkatapos nahihalay, . . .

“Tinatanghian ang mismong Cristo na nagpabanal sa inyo, at tumawag sa inyo, at naglagay ng pahid na iyan sa inyo.”

. . .wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan, para diyan.

Ito’y wala nang kapatawaran! “Imposible na para sa kanila na kailanman ay makarating sa pagkaalam ng Katotohanan.”

Sapagka’t tungkol sa mga . . .nakabahagi ng Espiritu Santo,

Bumuhos sa mga damo, kita n’yo, “Nagsimula kay Jesus, at, ‘Panginoon, ako’y magpapatuloy,’” nguni’t kapag iyong natamaan ang Salita, ikaw ay bumabalik. “Nakabahagi ng Espiritu Santo, at maging nakalaspap, o nakita ang Salita Mismong nahayag.” At pagkatapos hihiwalay mula Rito, “Ito’y lubos na imposible para sa kanila na kailanman ay makita Ito o makalapit Rito.”

Iyan ay GANITO ANG SABI NG KASULATAN. Ngayon, kayo. . . “Ang Langit at lupa ay lilipas, nguni’t Ito ay hindi.” Nakita n’yo ito? “Lubos na imposible.” Ang Biblia ay nagsabing ganoon nga, at ang Espiritu ay pinatotohanan ito.

¹⁹⁶ Pansinin, hayaang bigyan ko kayo ng isang munting halimbawa. Tingnan ang mga taong iyon na lumabas sa ilalim ng propesiya ni Moises, lumabas mula sa organisasyong iyon, at lumabas sa lahat ng bagay, sa ilalim ng propesiya, nakita ang mga dakilang gawa at kababalaghan, at mga bagay-bagay na tulad niyaon, at nakarating sa bungad ng papasok.

Ngayon, Lee, diyan na pumapasok ang iyong “pangalan sa Aklat.” Kita n’yo? Iyo nang naisaayos. At kayong wala rito,

at nariyan sa—sa mga hook-up, ito’y si Doktor Lee Vayle ang nakaupo rito. Kaniyang isinasaayos ang gramatika nitong aklat ng Mga Pitong Kapanahunan ng Iglesya. At nagkaproblema, o ang katanungan, tungkol sa inyong “pangalan na tinanggal sa Aklat ng Buhay ng Cordero.” Kita n’yo, naging palaisipan sa maraming mga ministro. Nguni’t maghintay hanggang sa makuha n’yo ang aklat, inyong mauunawaan ito kung kayo lamang ay may Liwanag sa inyo. Kita n’yo?

¹⁹⁷ Pansinin, ngayon, inyong ibabaling ang inyong mga ulo at ni hindi man lang titingin Dito kung ayaw ninyong makita Ito. Gaya ng sinasabi noon ng nanay ko, “Hindi ka makakakuha ng dugo mula sa isang singkamas, pagka’t walang dugo rito.”

¹⁹⁸ Pansinin, ang Liwanag ay kailangang dumating; ito’y wala sa kadiliman. Ang Liwanag ay nagtutungo sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi Ito napag-uunawa. Pansinin ngayon ang mga pinahiran sa araw na ito.

Habang inilalabas ni Moises ang mga anak ng Israel na iyon; at sila’y nakinig at nangalito sa malaking bansa na iyon sa itaas roon. Ngayon, ang Israel ay interdenominasyonal. Wala itong lupain, wala itong tahanan. Ito’y patungo sa isang tahanan.

Tayo ay walang iglesya. Tayo’y hindi...Tayo’y—tayo’y patungo sa isang Iglesya, ang Iglesya ng Panganay, ang Iglesya na nasa Kaluwalhatian; hindi ang iglesya na nasa lupa, ng isang tao. Ang Iglesya na nasa Kaluwalhatian, ang mga tinawag palabas, itinalaga sa Buhay na Walang-Hanggan, kita n’yo, patungo sa kanilang Tahanan.

At nang sila’y nakarating sa lugar upang tumawid, kanilang pinag-alinlanganan ang Salita, at bumalik. Pagkatapos na sina Josue at Caleb at silang nagtungo roon at nagdala pabalik ng isang kumpol ng ubas, upang patotohanan sa kanila na ang lupain ay naroon, ang Salita ng pangako ng Dios, “Ito’y isang magandang lupain, gatas at pulot.” At dinala ito pabalik, sa panig na ito, upang patunayan ito sa kanila. At kanilang nalasap ito, at nagsabi, “Oh, oh, hindi natin magagawa ito, ganoon pa man.” Ano ang nangyari? Sila’y nangamatay sa ilang. Sila’y nanatili mismo roon at inorganisa ang kanilang sarili, at nangamatay, bawa’t isa sa kanila.

Nguni’t ang mga nagtungo roon at nagdala pabalik, sina Josue at Caleb; si Moises ay inilipat. Isang tipo ng paghihintay para sa Iglesya; at ang pagkabuhay na mag-uli ng Lumang Tipan, Bagong Tipan; at ang binagong Katawan. Nakita n’yo ang tatlo roon? Kailangang mapanatili silang mga tigatlo sa hanay, kita n’yo, gayon din, sa mananampalataya at di-mananampalataya. Kita n’yo?

¹⁹⁹ Pansinin kung paano ito sa “kabuuan.” Tandaan, ang Dios ay hindi kailanman pinatawad ang kasalanang iyon. Ngayon paano

sila papasok? Kung ito'y mga tinik, sa pasimula pa, ito'y mga tinik sa dulo. Tanging ang itinalaga ang makakikita Nito.

²⁰⁰ Pansining maigi ngayon. Katulad noong mga araw ni San Martin, bago lamang ang mga Madilim na Kapanahunan; isang banal na munting lalaki. Ilan ang nakabasa na sa mga isinulat ni San Martin? Marami sa inyo ay nakabasa na. Kami ay nagtungo upang kunin ang mga isinulat ni San Martin; ang pari ay nagsabi, “Nguni't hindi siya itinanghal na santo.” Siyempre, siya ay hindi; hindi sa pamamagitan nila, nguni't siya'y kinilala ng Dios. Ang Espiritu Santo ay sinabi sa ating ilagay siya roon sa ikatlong kapanahunan ng iglesyang iyon. Kita n'yo?

²⁰¹ Tingnan kung anong banal na munting lalaki siya; tinawag, itinalaga. Ang kaniyang mga magulang, pagano. Ang kaniyang tatay, isang sundalo. Kinailangan niyang sundan ang kaniyang lipi, upang maging isang sundalo. At, nang kaniya ngang ginawa, at lagi nang pinaniwalaang may isang Dios sa kung saan; isang lalaki ng kagubatan, at nakikita ang Dios. Isang araw siya ay dumaan sa isang siyudad, at may isang matandang palaboy na nakahimlay roon, naghihingalo, nanghihingi sa tao. . . Siya ay nilalamig nang gabing iyon. “Oh,” sabi, “bigyan mo ako ng mapangtatakip ko sa akin; ako'y mamamatay ngayong gabi.”

²⁰² Walang sinumang ibig gumawa nito. At si Martin ay tumigil sa isang tabi at pinagmasdan siya sumandali. Walang sinumang ibig gumawa nito. Siya ay may isang amerikana lamang. Siya ay giginawing lubha, mismo, siya ay nasa tungkulin, kung kaniyang—kaniyang ibibigay sa kaniya ang amerikanang iyon. Kaya inisip niya, “Kami kapuwa ay magkakaroon ng pagkakataong mabuhay kung hahatian ko siya.” Kaya kaniyang kinuha ang kaniyang sariling amerikana, at hinati ito sa dalawa sa pamamagitan ng kaniyang espada, at binalot ang matandang palaboy rito. Kaniyang ibinalot ang kaniyang sariling amerikana paikot.

Lahat ay nagsabi, “Tingnan kung anong katawa-tawang bantay. Tingnan kung anong katawa-tawang sundalo, kalahati ng amerikana na nakabalot sa kaniya!”

²⁰³ Nang sumunod na gabi, nang siya ay wala sa tungkulin at nakahiga sa higaan, siya ay nagising. Tumingin, nakatayo roon sa silid, at naroon nakatayo si Jesus Cristo nakabalot sa lumang piraso ng kasuotang iyon na kaniyang ibinalot sa kaniya. Kaniyang nalaman noon din, “Kung ano ang iyong ginawa sa Aking mga maliliit na ito, iyan ay iyong ginawa sa Akin, sa Aking pinahiran,” nakahimlay roon.

Siya ay isang dakilang lingkod ng Dios. Ang iglesya ay pinagtawanan siya, inusig siya, sinipa siya palabas, at lahat na, nguni't siya ay isang propeta ng Dios. Kung ano ang kaniyang sinabi ay natutupad. May maraming naniwala sa kaniya sa kapanahunang iyon, din.

204 Gusto kong ipakita sa inyo kung gaano nga mapandaya ang Diablo. Isang araw siya ay nakaupo sa kaniyang pag-aaral. Dumating ang isang makapangyarihang anghel, may korona sa kaniyang ulo, nakasuot na gintong sapatos, may puntas sa palibot ng kaniyang kasuotan ng ginto, at nagsabi, “Martin, kilala mo ba ako?” Kaniyang sinabi, “Ako ang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Ako ang Siyang nagligtas sa iyo. Sambahin mo ako, Martin.” Nguni’t ang propetang iyon, nalalamang may isang bagay na kakaiba roon, nanatili siyang nakatingin sa kaniya. Kaniyang sinabi, “Martin, ako ang iyong Tagapagligtas, si Jesus Cristo. Sambahin mo ako! Hindi mo ba ako kilala, Martin?”

205 Si Martin ay nanatiling nakatingin sa kaniya, ang Kasulatan ay sumasagi sa kaniyang kaisipan. Sabi niya, “Satanas, lumayo ka sa akin.” Sabi niya, “Ikaw ay may korona sa iyong ulo. At ang Salita ng Dios ay nagsasabing ang Kaniyang ‘mga banal ay puputungan Siya ng korona’ sa wakas ng panahon.”

Hindi ba ‘yan sana’y naging Pentecostal na pain? Masdan ang Salitang iyon, kapatid. Diyan nagkakaroon ng pakinabang rito.

206 Isang araw, muli, sa monasteryo, sila ay may dati nang banal doon, langkay ng mga batang monghe. May isa sa kanila na medyo parang magagalitin. Masdan ito, heto ang isang magandang—isang magandang talinghaga sa araw na ito. Gusto niyang maging parang mas mataas kaysa sa iba sa kanila. Gusto niyang ipakita ang kaniyang sarili, may awtoridad, isang mas dakila, isang mas magaling, higit na klase, alam n’yo, at isang pagmalaki. Siya’y dapat klasikal. Laging gusto na ang ibang kapatiran na hindi. . . Alam n’yo, siya nga’y dapat kakaiba. Kita n’yo? Siya, kahit ano pa iyon, siya ay napakahambog. Siya lang ang tanging munting bato sa dalampasigan. Walang sinuman ang makahipo sa kaniya. Ngayon masdan kung ano ang nangyari. Siya ay kailangang magkaroon ng isang bagay na maipagmamayabang. Kailangan niyang makipantay sa—sa mataas na lipunan. Nasusundan ba n’yo ako? Kita n’yo? Kaya, sabi niya, siya ay nagpropesiya. Kaniyang sinabi, “Ang Panginoon ay ginawa akong isang propeta, rin. Ako’y isang propeta.”

Ngayon, may isang kilalang propeta sa lupain, at iyon ay si San Martin; siya ay ipinanganak na isang propeta.

207 Nguni’t ang batang ito ay nagsabi, ang batang lalaki ay nagsabi, batang monghe mga nasa dalawampu’t limang taong gulang. Sabi niya, “Ang Panginoon ay ginawa akong isang propeta, at aking patutunayan ito sa inyo.” Sabi, “Sa gabing ito ang Panginoon ay bibigyan ako ng isang malaki, magandang damit, ilalagay ito sa akin, isang puting damit, at ilalagay sa kalagitnaan ninyo. Pagkatapos lahat kayo ay lalapit sa akin, kita n’yo, at inyong gagawin ang mga ipag-uutos ko.”

208 Ngayon ihambing 'yan sa araw na ito, kita n'yo, "Ako ang magiging pinuno ng organisasyon. Ako ang mangangalaga sa inyo, kayong iba pang mga monghe."

At nangyari nga, "Nang gabing iyon, may mga liwanag na dumating sa gusali," ganoon ang sinabi sa sulat ni San Martin. Basahin ito. At ito'y totoo. Ito'y kasaysayan. At ang mga ilaw ay dumating, at lahat ng iba pa ay pinanood, at narito dumating. . . Siya ay nakasuot ng isang puting damit, nakatayo sa kalagitnaan nila. Sabi niya, "Nakita n'yo na kung anong sinabi ko sa inyo?" Nguni't iyon ay salungat sa Salita.

209 At nang siya ay nagtungo at kinuha ang matandang dekanong kolehiyo, siya ay naglakad nang paroo't parito kaunti, sabi, "Anak, 'yan ay mukhang hindi tama." Sabi niya, "May isang tanging paraan." Heto ito! "May isang tanging paraan para ating malaman. Ito ay mukhang supernatural." Naku, Ang Pentecost marahil ay sinunggaban na 'yan, ugat, pabigat, tali, kawil, at lahat na! Sabi niya, "Ang himala ay para bang ayos lang, nguni't parang hindi ito tama sa Salita. Ngayon, tayo ay may isang tao, isang pinahirang propeta, na nagngangalang Martin. Halika, pumunta ka sa harap niya."

Ang sabi ng lalaki, "Hindi, hindi! Si Martin ay walang anumang kinalaman dito."

210 At sabi, "Ikaw ay pupunta, pa rin." At kanilang hinawakan siya sa braso, para dalhin siya sa harapan ni Martin, at iniwan siya ng damit.

211 Kita n'yo, "Ililigaw ang Hinirang kung maaari." Kita n'yo, kanilang kilala sila. Sabi ni Jesus, "Ang Aking tupa ay nakikilala ang Aking Salita."

"Oh," sasabihin n'yo, "dumirinig sa Aking "Tinig.""

Iyan ay ang Kaniyang Salita. "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawa't Salita." Kita n'yo? Ang itinalaga ay nalalaman ito. "Isang kakaibang salita, o isang hindi kilalang tinig, hindi nila susundin."

Ganiyan sa mga taong 'yon roon; hindi sila sumunod. Alam nilang si Martin ay naroon, isang propeta sa kapanahunang iyon, ipinakikilala ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, nalalaman ang Salita. At ang lalaking iyon ay ayaw tumayo sa harap Nito.

212 Kaniya ring sinabi, "Kung nasaan ang Kapapatay na hayop," o ang Salita, "doon, sa kapanahunan, ang mga agila ay mangagkakatiyon." Ngayon 'yan ay Mat-. . . Gusto ninyong itala iyan, 'yan ay Mateo 24:28. Kaunti lamang bago, Mateo 24:24; apat na talata sa baba nito, kita n'yo, kung gusto n'yong makuha ito. "Kung nasaan ang Kapapatay na hayop," nasaan ang Mana, nasaan ang Salita, "doon ang mga agila ay mangagkakatiyon."

²¹³ Ngayon kailangan ko nang magmadali. Ako ay tumingin sa taas doon at nakita ang oras. . . Ito'y—ito'y pitong minuto o walong minuto pagkaraan ng alas dose. Kailangan kong dalian kaagad-agad, o maaari nating tapusin ito mamayang gabi, alinman na gusto ninyong gawin ito. Ngayong umaga o mamayang gabi? Huh? Ilan ang kailangang umuwi sa araw na ito pagkatapos ng gawain, tingnan natin ang iyong mga kamay, kita n'yo. Oh, naku, mas maiging magpatuloy!

Ako'y humihingi ng paumanhin na pinatagal ko silang mga tao sa mga telepono riyan tulad niyan, nguni't ako'y magmamadali. Ito'y higit pa ang kahalagahan kaysa sa inyong salapi. Naniniwala akong ito nga, sa akin, kita n'yo. Ang inyong pera ay mawawala. Ito'y hindi; Ito'y ang Salita. Kita n'yo?

²¹⁴ “Kung nasaan ang Kapapatay na hayop, doon ang mga agila ay mangagkakatiyon.” Kung nasaan ang Kapapatay na hayop, kung saan ang—ang—ang—pagpapatay sa hayop, doon ang mga agila ay mangagkakatiyon. Kung nasaan ang sariwang Karne, ang Salita sa kapanahunan, doon ang mga agila ay mangagkakatiyon.

Nguni't pagkatapos na ito ay nabulok, kung gayon ang mga buwitre ay magkukulumpulan dito. Oo. Nakita n'yo kung ano ang ibig kong sabihin? Kapag may isang pagpapatay, narito dumarating ang mga agila; nguni't pagkatapos na ito ay mahimlay roon, at mabulok, pagkatapos dumarating ang mga buwitre. Ang agila ay hindi pakikialaman ito. Kita n'yo?

Si Jesus ay nagsabi, “Kung nasaan ang Kapapatay na hayop,” kung saan nahulog ang Mana, sa gabi na ang Mana ay nahulog nang sariwa, “doon ang mga agila ay mangagkakatiyon para Rito.” Iyan ang Mana para sa araw. Kita n'yo? Pansinin.

²¹⁵ Nguni't pagkatapos na ito ay mabulok, ang mga uod ay papasok dito, pagkatapos dumarating ang mga buwitre. Hindi nila maaamoy ito hangga't ito ay mabulok. Hindi kataka-takang si Jesus ay tumayo sa itaas doon at nagsabi, “Jerusalem, ikaw na bumato sa bawa't propeta!” Pansinin 'yung panghalip na panao, kita n'yo, “Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig kong. . .” Sino Siya? “Makailang inibig kong tipunin ka na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, ikaw na bumato sa bawa't propetang isinugo Ko sa iyo,” ang dakilang iglesyang 'yon, ang Jerusalem.

²¹⁶ Ang Jerusalem na hindi rito sa lupa, “nguni't tayo ay sa Jerusalem sa Itaas,” kung saan nagmumula ang Salita, mula sa pagtatalaga, kita n'yo. Hindi ang matandang Jerusalem na lumilipas; ang Bagong Jerusalem na hindi lilipas. Hindi ang matandang Jerusalem, na itinayo ng tao; kundi ang Bagong Jerusalem na itinayo ng Dios, kita n'yo, ang Salita na nasa itaas doon ngayon ay nahahayag. “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Ako'y paroroon at ihahanda sila para sa

inyo,” ang Manlilikha ay gumagawa ng mga lansangang ginto, at iba pa. Iyon ang Siyang hindi lumilipas.

²¹⁷ “Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Ko,” mula sa pasimula ng panahon; hindi isang Ikatlong Persona, isang iba pa, kundi, “Akin sanang tinipon kayo sa ilalim ng aking pakpak gaya ng isang inahing manok sa kaniyang mga sisiw, nguni’t ayaw kayo. Nguni’t ngayon ang iyong oras ay dumating na.” Kita n’yo?

“Kung nasaan ang Kapapatay na hayop, ang mga agila ay mangagkakatipon.” Nguni’t pagkatapos na ang bangkay ay mabulok, kung gayon ang mga buwitre ay magkakatipon. Kita n’yo?

²¹⁸ Pansinin. Si Moises, hindi niya kailanman binigyan ang mga anak ng Dios. . . Si Moises ay isang agila, at hindi niya kailanman binigyan ang mga anak ng Dios ng mga tira-tira ni Noe. Kita n’yo? Nasa kaniya ang sariwang Salita ng Dios. “Ang Panginoong Dios ay kinatagpo ako sa ilang, at pinatotohanan ang Kaniyang Salita, at isinugo ako rito upang tawagin kayo palabas.” Pagkatapos nagkaroon ng mga manggagaya, ginagaya ito. Kita n’yo? Nguni’t nasa kaniya ang Salita para sa oras na’yon.

Dahil, sinabi ng Dios kay Abraham, ang siyang nagtataglay ng pangako, “Ang iyong binhi ay maglalakbay sa isang di kilalang lupain, apat na raang taon, nguni’t aking dadalawin sila at ilalabas sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay.”

²¹⁹ Sinabi ni Moises, “Ngayon, ang Panginoong Dios ay makikipag-usap sa akin at ipapakita sa akin, at sinabi sa akin kung ano ang gagawin, at aking sasabihin sa inyo.” Sabi, “Isinugo ako ni ‘AKO NGA.’”

“AKO NGA!” Hindi “Ako noon, o magiging.” “AKO NGA,” pangkasalukuyang panahon, ang Salita ngayon. Hindi ang Salita noon, ang Salitang darating; ang Salita sa ngayon. Kita n’yo? Nakuha n’yo ito? “AKO NGA!” “AKO NGA” ay ang Salita. “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios.” Iyan ba ay tama? “AKO NGA.” “Isinugo ako ng Dios bilang Kaniyang propeta, upang pagtibayin ito na siyang katotohanan. Ako ang kasagutan sa Salitang ito, sinabi sa aking bumaba rito at gawin ito.”

²²⁰ At nang kaniyang ginawa ito, sinabi ng Faraon, “Buweno, kami ay maraming kalalakihan sa aming grupo na makagagawa niyan, din,” mga manggagaya.

Sinabi ni Jesus, “Ngayon, ’yan ay mauulit muli sa mga huling araw,” kita n’yo, nag-aangkin ng ganoon ding bagay. Masdan kung sinong nauna. Masdan kung sino ang nanatili sa Salita. Iyon ito. Ganiyan ito nakikilala, kaya nakita n’yo.

221 Ating napansin, hindi ibinigay ni Moises sa kanila kung ano ang sa panahon ni Noe, “Tayo’y magtatayo ng isang daong ngayon, pagka’t ’yan ang Salita, alam n’yo. Si Noe ay gumawa ng isang daong isang araw.” Hindi, ang mga buwitre ay kumakain diyen. Hindi, hindi. Hindi.

222 Ito ay isang ipinangakong Salita. Pansinin, pagka’t ang kaniyang mensahe na ibinigay sa kaniya ng Dios, nasa kaniya ang tunay na itinalagang Salita ng Dios para sa oras na iyon.

Maging si Jesus ay hindi inihain silang mga tira-tira ni Moises. Na kay Moises ang Salita para sa oras na iyon, nguni’t si Moises ay isang propeta. Narito ang Dios Mismo, kita n’yo, Hindi Niya inihain sa kanila ang kay Moises—tira-tira ni Moises.

Nguni’t tingnan lamang ang mga buwitre roon sa organisasyong iyon, ay nagpapakabundat dito. “Alam namin! Nasa amin si Moises! Hindi Ka namin kailangan.”

223 Kaniyang sinabi, “Kung nakilala n’yo si Moises, makikilala n’yo Ako, sapagka’t si Moises ay nangusap patungkol sa Akin.” Oh, naku! Kita n’yo?

“Kung nasaan ang Kapapatay na hayop, ang mga agila ay nangagkakatiyon.” Mga agila! Ang sariwang katay na Salita, ang Salita na pinalaki at pinataba, at nahayag at ibinigay na Pagkain para sa mga anak.

Ngayon, ang lumang bangkay na nahimlay doon sa loob ng daan-daang mga taon, doon ito mananatili.

Gayon din ngayon! Si Luther ay may mensahe ng pagsisisi; nguni’t, kayong mga langkay ng Lutheran na buwitre! Ang Baptist ay may isang mensahe; nguni’t, kayong mga Baptist na buwitre! Kita n’yo? Ang Pentecost ay may isang mensahe; pauwi na ngayon, mga Pentecostal na buwitre!

“Nguni’t kung nasaan ang Kapapatay na hayop, doon ang mga agila ay mangagkakatiyon.”

224 Tandaan, hindi n’yo maaaring pakainin ang isang Lutheran, noon sa mga araw na iyon (maaari na ngayon), ng bulok na karneng Katoliko. Hindi, po. Siya ay may sariwang karne. Ganoon ang kapanahunan ng iglesyang iyon.

Hindi n’yo mapapakain ang Methodist, ng mensaheng Lutheran. Oh, hindi, ayaw niya ng bulok ng bangkay na iyan. Ito’y bulok. Kita n’yo, ang Buhay ay umalis na rito at nagtungo sa iba pang bagay. Iyan ang matandang tangkay na patay na, roon. Ang Buhay ay kumikilos nang patuloy.

Ni hindi n’yo rin maipapakain sa Nobya ni Jesus Cristo ang Pentecostalismo. Hindi, talagang hindi! Inuud na mga organisasyon; hindi maaari! Hindi, hindi!

Sapagka’t ang pangako, “Bago na yaong dakila at kakilakilabot na kaarawan ay dumating, Aking isusugo sa inyo si Elias

na propeta. Kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga anak sa Pananampalataya ng mga magulang muli.” “Lahat ng mga pangakong ito ay ipinangako sa Biblia, Aking gagawin ito, at doon ang mga agila ay mangagkakatipon.” “Lahat ng ibinibigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.” Kita n’yo?

²²⁵ Si Jesus ay hindi kailanman iyan sinubukan. Nguni’t nang si Jesus ay dumating, Kaniyang natagpuan silang mga kulumpon ng buwitre, “Nasa amin si Moises at ang kautusan.” Kita n’yo? Buweno, iyon ay mabuting kanin doon sa mga panahon noon nang ito’y kinatay at ibinigay sa kanila. Kita n’yo, iyon ay mabuti noon.

Nguni’t ito ang inihula kay Moises, sarili niya mismo, na kumatay sa hain, sabi, “Ang Panginoon mong Dios ay palilitawin sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, ang isang Propeta. Ito’y mangyayari, na bawa’t isa na hindi manghahawakan sa Propetang iyon at kung ano ang Kaniyang sinasabi, ay ihihiwalay mula sa gitna ng kaniyang bayan.” At ganito nga.

²²⁶ Tingnan kung paano ang mga anim na raang iba’t ibang mga propesiyang natupad doon mismo, sa Lumang Tipan, kay Jesus Cristo. “Kanilang binutasan ang Aking mga kamay at ang Aking mga Paa.” Mga nasa, nakalimutan ko kung ilan ang natupad sa mga huling pito o walong oras ng Kaniyang buhay, lahat nilang mga propeta ay sinalita, walang mali.

²²⁷ Kung ako ay nagpropesiya sa araw na ito na ang isang bagay ay mangyayari sa loob ng isang taon mula ngayon, marahil ako’y may—ako’y may dalawampung porsiyentong pagkakataon para ito ay maganap, kung ito ma’y tama o mali. At kung aking inihula na iyon ay mangyayari, at hindi sinabi kung kailan, ako ay may mas mababang porsiyento. Kung aking inihula kung kailan ito magaganap, ay magbibigay sa akin ng mas mababang palugit. Kung aking inihula ang lugar kung saan ito nangyari, ito’y magbibigay ng mas bababa pang palugit. Kung aking inihula ang...kung kanino ito mangyayari, kung gayon ako ay meron pa ring mga isang daang libo-libong palugit na ito kailanma’y mangyayari, kung ito’y hindi totoo.

At bawa’t Salita, aleluya, na naisulat patungkol sa Mesiyas na iyon, ay naganap ng letra-por-letra. Maging hanggang sa isang araw, binabasa ang mga Kasulatan, Siya ay tumigil mismo sa gitna ng pangungusap, at nagsabi, “Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa Akin upang ipangaral ang Mabuting Balita, at ilitgas ang...” At tumigil mismo roon sa gitna ng pangungusap, sapagka’t ang nalalabi rito ay sa Kaniyang pangalawang Pagparito. Amen! “Ang Langit at lupa ay lilipas; ang Aking Salita ay hindi.” Kita n’yo?

²²⁸ Siya ay ang Salita noon, na nagpapakain sa kanila noon. Si Moises ay nagsabi sa kanila ng Katotohanan; nguni’t, nakita

n'yo, sila'y laging gumagawa ng isang denominasyon mula rito, para ang mga buwitre ay . . .

May ilan pa Nitong natira pagkatapos na ang mga agila ay natapos nang kumain at nagsiuwi na. At sila'y naghihintay para makakita ng iba pa. "Ang Salita," sabi nila, "dito Ito nakatakdang dumating. Kami ay kumain ng usa kahapon; kami ay kakain ng tupa bukas." Kita n'yo kung anong ibig kong sabihin? "May matagal nang bangkay ng usa sa baba roon, pinagkakatuwaan, nguni't kami ay may tupang darating sa araw na ito. Nasaan ito?" Kita n'yo kung anong ibig kong sabihin? Pagkain ng mga Anghel! Ang mga taong kumain ng mana isang araw, kung sinubukan nilang ilaan ito para sa sumunod na araw, ito ay nabulok. Hindi ba n'yo nakikita lahat ng mga tipo, gaanong ganap? Ganoon din ngayon!

²²⁹ Pansinin, ang mga buwitre nang araw ni Jesus ay nagpapalayas din ng mga diablo; mga pinahiran sa lumang bangkay. Iyan ba ay tama? Sila ay nagpapalayas ng mga diablo. Sinabi ni Jesus na ganoon nga.

At alalahanin, sila'y may mga propeta noong mga araw na iyon. Si Caifas, ang punong saserdote, ay nagpropesiya. Ilan ang nakaaalam niyan? Si Caifas ay nagpropesiya. Pansinin ang kalalagayan ng damo sa bukid; ito'y nadiligan ng siya ring pahid. Bakit sinabi ng Biblia na siya ay nagpropesiya? "Sapagka't siya ay ang punong saserdote nang taong iyon." Isang mabahong hayop na kumakain ng mga bulok na bagay, isang damo at isang dawag, nakaupo sa gitna ng mga Trigo; nguni't ang Espiritu ay sumasa kaniya, ang tunay na Espiritu Santo ng Dios. Ang Espiritu Santo ng Dios ay sumasa kaniya, upang mangaral, magpropesiya, at paunang sabihin ito na magaganap; at tinangihan at ipinako ang mismong pinagtibay na Salita ng oras na iyon.

Oh, kaawaan, kapatid! Gaano pa katagal natin kailangang sabihin ang mga bagay na ito, kita n'yo, gaano pa karami sa pamamagitan ng Kasulatan? Ako'y magmamadali na. Ako ay meron pang mga sampung pahina rito, ng mga Kasulatan, paanong patutunayan ang lahat ng bagay. "Ang araw sa matuwid at sa di-matuwid, siya rin."

²³⁰ Sinabi ni Jesus, upang patunayan ito. "Kung ako ay nagpapalayas ng mga diablo sa pamamagitan ng daliri ng Dios, sa pamamagitan nino silang pinalalayas ng inyong mga anak?" Ngayon, sila ay nagpapalayas ng mga diablo. Sila ay nagpropesiya. Iyan ba'y tama? Nguni't hindi nakilala Siya bilang ang Salita ng oras na iyon, (bakit?) sapagka't Siya ay hindi nila kasama.

Ngayon kunin ang Mateo 24:24, "Mga bulaang Cristo," mga pinahiran, "ay lilitaw, at magkakaroon ng mga bulaang propeta

na nagproposesiya nito,” kita n’yo, “at ililigaw ang Hinirang kung maaari.” Nakuha n’yo na ngayon?

²³¹ Pansinin ang mga anak. “Sino ang sa mga anak. . . Kung Ako ay nagpapalayas ng mga diablo sa pamamagitan ng Salita ng Dios,” na, Siya ay ang Salita ng Dios, “sa pamamagitan nino na ang inyong mga maka-denominasyong mga anak ay pinalalayas sila?” Ngayon, at ang Dios lamang ang makapagpapalayas ng isang diablo, ating nalalaman iyan, ang Dios lamang. Pagka’t, ang malakas na tao dapat ay maging mas malakas kaysa sa isang nasa kaniyang bahay. Sila’y may kapangyarihang gawin ito.

Alam n’yo, sa Apocalipsis doon, sabi siya’y..ang anticristong iyon na lumitaw sa mga huling araw, “Gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan, na nailigaw maging yaong mga tumatahan sa ibabaw ng lupa, at iniligaw bawa’t isa sa kanila, mga Cristiano at lahat, na ang mga pangalan ay hindi naisulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero,” sagot sa Mateo 24:24, “na ang mga pangalan ay hindi naisulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula nang itatag ang buong sanlibutan.”

Ang Buhay na iyon ay nasa ugat niyaong—niyaong tunay na punong orange, na pumupunta sa lahat ng mga citrus na ’yon at lahat ng iba pa, at nagpasalin-salin at inilagay ang bunga sa itaas ng puno, sa taas ng lahat ng mga maka-denominasyong iniugpong at mga sanga. Nakuha n’yo ito? Ako’y magmamadali na. Ang malakas na tao. . .

²³² Alalahanin si David ngayon, siya ay matapat, sinsiro, nagsisikap gumawa sa Dios ng isang gawain, at hindi itinalagang gawin ito.

“Sila,” ang mga pinahiran; nguni’t sinabi ni Jesus, “Kanilang itinuturo bilang Doktrina ang pagpapaliwanag (ng mga Kasulatan) ng tao,” kita n’yo, hindi ang Salita ng Dios, hindi ang Kaniyang pinagtibay na Salita; itinuturo ang isang Cristong kasaysayan, kita n’yo, isang bagay na lumipas na.

At ang Biblia ay nagsabi, “Siya nga.” “AKO NGA,” hindi “Ako noon o magiging.” “AKO NGA, ngayon mismo.” Siya’y ang Salitang iyon na nabubuhay hanggang sa ngayon.

Siya noon, sa pasimula, Siya ay nasa. . . Siya ay nasa—sa mga dahon; Siya ay nasa uhay; Siya ay nasa ipa; nguni’t ngayon Siya’y nasa Butil.

²³³ Ngayon, ikaw ay bumalik at subukang mabuhay muli? Paano kung ang Buhay na iyon ay bumalik sa baba, sa palagay n’yo ang (umalis) Buhay kailanman ay magsasalita, babalik pagkatapos na ang matandang ipa na ’yon ay matuyo, kailanman ay babalik pa at mabubuhay ritong muli? Hindi kailanman gagawin nito. “Sapagka’t hindi maaari para sa kanila na minsan nang naliwanagan,” at hindi nagpatuloy kasama ng Salita habang ito ay nagaganap, “sila ay patay, wala na; at ang mga tinik at

mga dawag na malapit sa pagkatakawil, na ang kahihinatnan ay susunugin.” Iyan ba ay tama?

Ngayon binibilisan ko sa abot ng aking makakaya.

²³⁴ Pansinin ang Kasulatan ngayon. Itinuturo ang isang Dios na kasaysayan, kita n’yo, para bang kanilang sinusubukang mamuhay sa nakaraan, tulad, “Buweno, si Wesley ay nagsabing *ganito-at-ganoon*. O, sinabi ni *Ganito-at-ganoon* na *ganito-at-ganoon*.” Inyong tinatanggihan ang ipinangakong Salita ng araw na ito, ang Mana na malinaw na ipinakilala ng araw na ito. Kanilang sinusubukang ilagay ang kanilang lumang Lutheran, Baptist, Pentecostal na mga alak sa ating mga bagong sisidlan. Ito ay hindi uobra. At ang ating bagong Alak, sa kanilang mga lumang sisidlan, hindi pupuwede. Kung kanilang susubukang ilagay itong bagong Alak sa denominasyon, ang kanilang kahangalan ay mahahayag. Hindi nila magagawa ito. Ito’y papuputukin siya.

²³⁵ “Ngayon, kapatid, aking nakita ang Salita ng Dios, ganap sa pamamagitan ng Salita!”

“Ngayon, tingnan dito, doktor, kung . . . Kami—kami’y hindi maaaring magkaroon Niyan.” Ned, sa palagay ko ikaw ay nagkaroon niyan kamakailan lamang. “Kami, kami’y sadyang hindi maaaring magkaroon Niyan dito ngayon. Aking—mabuti pa na kayo marahil ay magpatuloy lamang.” Alam n’yo. Kita n’yo, ito’y hindi pupuwede. Ito’y puputok.

“Kayo’y hindi nagtatagpi ng bagong kayo sa isang lumang damit, pagka’t mapupunit lahat ito.” Kita n’yo? Hindi ba sinabi ni Jesus iyan? Kayo’y hindi maaaring maglagay ng bagong Alak sa mga lumang balat. Papuputukin nito sila. Ang bagong Alak ay may Buhay sa loob nito. Buweno.

²³⁶ Pansinin dito ang isang bagay, kaagad-agad ngayon, habang ating tinatapos ang . . . ating pag-uusap. Pansinin sa Apocalipsis 16:13 hanggang 14, kung gustong n’yong isulat iyan. Ako’y wala nang oras pa marahil upang tumungo rito. Gusto ko kayong maging tiyak at makita ito. Ngayon pansinin, ito ang paghihip sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Mangkok.

²³⁷ Ngayon tayo’y—tayo’y magsasara na sa ilang sandali, kung kayo lamang ay makakapagbata ng ilan pang mga minuto. Magwawakas na ngayon.

²³⁸ Pansinin sa Apocalipsis 16:13 hanggang 14, sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Mangkok, “Tatlong espiritung karumaldumal na gaya ng mga palaka” (napansin ba n’yo ‘yan?) “lumabas sa bibig ng isang tao.” Ngayon pansinin, kaagad. Kayo ba ay handa na? Sabihin, “Amen.” [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Isang trinidad ng mga espiritu!

²³⁹ Ngayon makadenominasyong kapatid, manatili lamang na nakaupo sandali. Huwag kang tatayo at lalabas ng silid, diyan sa

mga dako ng radyong ito, nakikinig sa telepono. Huwag n'yong patayin ang iyong teyp rekorder. Manatiling lamang na nakaupo sandali, at makinig. Kayo'y ipinanganak ng Dios, inyo ngang gagawin.

²⁴⁰ Isang trinidad ng mga palaka! Ang isang palaka ay isang hayop na laging nakatingin sa likod. Hindi siya kailanman tumitingin kung saan siya patungo; siya'y tumitingin kung saan siya nanggaling. Kita n'yo? Hindi ba n'yo nakikita? Saan ba ipinanganak ang trinitarianismo? Tandaan, "tatlong espiritung karumaldumal," indibiduwal na mga espiritu. Nakukuha ba n'yo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

²⁴¹ Pansinin, sila ay tumitingin sa nakaraan sa Nicaea Council kung saan ang trinidad na doktrina ay isinilang, hindi sa Biblia. Walang ganiyang bagay. Sila ay tumitingin sa nakaraan sa Nicaea Council sa Nicaea, Roma, kung saan ang trinidad ay isinilang.

Pansinin kung saan sila nanggaling. Pansinin. At ang trinidad ng mga palaka ay lumabas mula sa isang lumang trinidad, nagsilang ng isang bagong trinidad, ang kanilang ina. Ano ba ang kalalabasan nito? Isang trinidad, "ang dragon," kita n'yo, "ang hayop," at "ang bulaang propeta." Isang trinidad, bago. Pagka't kailan na ang mga palakang ito ay lumabas? Kailan ito? Pansinin, sila'y naroon na palagi, nguni't ito ay hindi nahayag hanggang sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Mangkok, bago lamang na ang mga Tatak ay nabuksan upang ihayag ito.

"Sapagka't sa Mensahe ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga ng Dios ay mahahayag," lahat nitong mga bagay na trinidad, at mga maling pagbabautismo, at lahat ay mahahayag. Dios tulungan Mo kami na makita kung ano ang Katotohanan! At hindi isiping ito'y isang tao na sinusubukang sabihin ang isang bagay upang. . .

²⁴² Aking nararamdaman ang espiritung 'yan na nagagalit Diyan, nakita n'yo. Ako'y hindi nangungusap patungkol sa aking sarili, kapatid. Ako'y nangungusap tungkol sa Anghel ng Panginoon na nasa kampakamento. Iyan ay eksaktong tama.

²⁴³ Pansinin, isang trinidad! "Ang dragon," ilan ang nakaaalam kung ano yaong dragon? Ito ay ang Roma. "At ang dragon ay lumagay sa harapan ng babae upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak." Iyan ba'y tama? Ano ang ibig sabihin ng "hayop" sa Biblia? Kapangyarihan. O sige. "Bulaang propeta, isang bulaang propeta," isang bulaan, isang pinahiran. Kita n'yo?

²⁴⁴ Nagsimula saan? Ito ay "bulaang propeta," pang-isahan. "Bulaang propeta," ang unang papa; at mula riyan ay lumabas "ang—ang patutot, at ang ina ng mga patutot," ang kabuuang bagay.

Isang bulaang trinidad ay bumabangon; hindi sa mga naunang araw, hindi mahahayag sa mga unang araw, ito ay naglakbay kasama nito. Nguni't nang ang mga Pitong Tatak ay dumating, at binuksan ang mga hiwagang iyon at inihayag sila; 'yan ay kung kailan "ang mga palaka, tatlong espiritung karumaldumal na gaya ng mga palaka, ay lumabas upang ihayag ang kanilang sarili," isang trinidad na doktrina laban sa Katotohanan. Kita n'yo? Huh!

Kita n'yo kung saan ito galing? Kita n'yo kung saan ito pabalik? Ecumenical Council. Sila lahat ay mga kapatid, pa rin; ganoon ding espiritu, ganoon ding bagay.

At masdan. Napakamapanlinlang, gumagawa ng mga himala! At ito ay mga diablo na humahayo sa lahat ng mga dios ng sanlibutan, gumagawa ng mga himala, upang dayain silang nasa huling araw, at magtatagumpay sa paggawa nito. Ano ang sinabi ng Dios tungkol sa masamang espiritung iyon?

Sabi, "Ako'y bababa at papasok sa bibig ng mga propetang iyon at papagsasalitain sila ng isang propesiyang kabulaanan, para umahon si Achab doon upang mabuwal."

²⁴⁵ Ang sabi ng Dios, "Humayo ka. Ikaw ay mananaig. Iyo silang mapaniniwala rito. Sila'y wala sa Salita na 'yan, sa pasimula pa." Kita n'yo? "Humayo ka, sapagka't mahihimok mo siya. Ikaw ang siyang makagagawa nito, kapag ikaw ay makapasok sa kanilang mga bulaang propeta, pagka't siya'y umaasa mismo sa kanila. At siya ay walang alam tungkol sa Salita, ni magsusubok na malamang ang tungkol Dito. Hindi niya magagawa ito, sapagka't siya'y isang dawag, sa pasimula pa." Kita n'yo? Kita n'yo? "Ika'y mananaig."

²⁴⁶ Tingnan dito sa mga bulaang palakang ito, tumitingin sa likuran, "Aba, alam n'yo kung ano ang sinabi nila roon noon sa Nicaea?"

Wala akong pakialam kung ano ang kanilang sinasabi, doon sa Nicaea. Aking sinasabi kung ano ang kanilang sinasabi rito sa Luklukan ng Dios; kung ano ang mangyayari, hindi kung ano noon; ano ang mangyayari, dahil Siya ay "AKO NGA." Kita n'yo?

"Bulaan." Tingnan iyan. Huh! Pansinin kung saan sila nanggaling.

²⁴⁷ Ngayon makinig nang maigi. Ating nakikita nang malinaw, pagkatapos na ang mga Pitong Tatak ay nabuksan, 'yan ay upang ihayag ang hiwagang iyon. Ano ang trinidad na 'yon? Kita n'yo? Saan ito kailanman tinawag na trinidad? Kita n'yo? Saan sa Biblia binanggit man lang Nito ang salitang trinidad? Saan maaaring magkaroon ng tatlong Dios, na tayong sumasamba sa tatlong Dios at hindi maging mga pagano?

Paanong sila ay magkakahiwalay, kung Kaniyang sinabi, "Ako at ang Ama ay lisa"? "Maliban na

kayo'y magsisampalataya na Ako nga Siya, kayo'y mangamamatay sa inyong kasalanan, kita n'yo, ang inyong kawalang-pananampalataya." Ang kasalanan ay kawalang-pananampalataya. "Kayo'y mangamamatay sa inyong kawalang-pananampalataya."

Oh, sino Akong sinasabi ninyo, mula saan ang
sinasabi ninyong Aking pinagmulan,
Oh, kilala ba ninyo ang Ama, o masasabi ba
ninyo ang Kaniyang Pangalan?
AKO NGA ang Rosa ng Saron, ang Maningning
at Tala ng Umaga.

Masasabi n'yo ba sa akin kung Sino Siya?

AKO NGA ang siyang nangusap kay Moises sa
nagniningas na palumpong ng Apoy,
AKO NGA ang Dios ni Abraham, ang
Maningning at Tala ng Umaga.
AKO NGA ang Rosa ng Saron, oh, saan ang
inyong sinasabing Aking pinagmulan;
Oh, kilala ba ninyo ang Aking Ama, o masasabi
ba ninyo ang Kaniyang Pangalan? (Amen!)
AKO NGA ang Alpha, Omega, ang Pasimula
mula sa Wakas;
AKO NGA ang buong nilikha, at Jesus ang
Kaniyang Pangalan.

²⁴⁸ Iya'y tama. Walang trinidad! Wala, po. Iyan ay isang bulaang bagay.

Ang mga Pitong Tatak, binubuksan yaong mga hiwaga na "kailangang maganap," ipinapakita. Ang Tatak ay nabuksan; inaayos, ipinapakita, pinalililaw ang mga nakatagong Katotohanan na itinago ng mga Tatak sa lahat ng mga panahong ito, sa lahat ng mga iglesyang iyon at mga denominasyon.

"Ang bantog na patutot," ng Apocalipsis pito- . . . Sino siya? Nguni't siya ay "ANG INA NG MGA PATUTOT," din. Kita n'yo?

²⁴⁹ "Ngayon, iyong tinawag silang 'mga buwitre,'" sinasabi n'yo, "Kapatid na Branham." Iya'y tama.

Nguni't, tandaan, ang isang buwitre ay isang ibon. Siya ay pinahiran para lumipad, din. "Ang dalawang espiritu ay magiging napakalapit na ililigaw nito ang Hinirang. . . ." Ang isang buwitre ay kasing laki ng isang—ng isang agila. Kaya niyang lumipad gaya ng agilang 'yan; at pinahiran para lumipad, o para mangaral, o para magpropesiya, pansinin, gaya ng agila. Pero hindi niya kayang sundan ang agila sa taas. Hindi, hindi. Kung susubukan niyang sundan ang agila, ang kaniyang mga kahangalan ay mahahayag. Opo, ginoo. Hindi niya kayang sundan ang agila.

Oh, kaniyang masasabi, “Ako ay naniniwala kay Jesus Cristo bilang ang Anak ng Dios. Ako ay naniniwala sa Dios Ama, Makapangyarihan sa lahat, Lumikha ng mga langit at lupa; si Jesus Cristo na Kaniyang Anak, at iba pa.” Oh, tiyak, kanilang magagawa iyon. Nguni’t paano naman Siya na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Kita n’yo?

²⁵⁰ Ang isang agila ay isang ibon na espesyal ang pagkakagawa. Walang katulad niya, sa lupa. Kita n’yo? Siya—siya . . . Kung ang isang buwitre ay susubukang sundan siya, o alinmang iba pang ibon, siya ay magkakawatak-watak. Ang kaniyang kahangalan ay mahahayag, tiyak na tiyak. Siya ay sasabog kapagka kaniyang sinubukang ilagay ang bagong Alak sa isang lumang sisidlan. Kita n’yo, siya ay sasabog. Siya ay magkakapira-piraso. Siya ay hindi ginawa, siya ay hindi . . . Ang kaniyang katawan ay hindi binuo na may kayarian para mapanatili siya sa itaas doon. Kapag siya ay napunta sa kanilang matataas na kalalagayan sa itaas doon, kung siya ay hindi ginawa, itinadhana, itinalaga, ipinanganak na agila, siya’y magkakapira-piraso. Kita n’yo? Ang mga balahibo ay maaalis sa kaniyang mga pakpak, at siya’y babagsak sa lupa. Tiyak. Hindi niya kayang sundan ang agila, sa taas. Kung kaniyang susubukan, ang kaniyang kahangalan ay mahahayag. Iya’y tama. Hindi mo magagawa.

²⁵¹ Bakit? Siya ay hindi makakita na kagaya ng agila. Anong kabutihan ang maidudulot nito kung sisikaping tumalon ng napakataas, at hindi makita kung saan ka naroroon kapag ikaw ay nasa itaas doon? At kung kaniyang susubukan, maging sikaping gayahin ang agilang ito, sa kataasan, siya ay magiging napakabulag na hindi niya nalalaman kung ano ang kaniyang aabutin. Iya’y tama. Siya ay humihiyaw at sumisigaw, at nagpapatuloy; nguni’t sabihin mo lamang ang Salita sa kaniya, naku, doon ang kaniyang kahangalan ay makikilala.

Kausapin mo siya tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, o, Siya bilang ang siya ring kahapon, ngayon, at kailanpaman, lahat—lahat ng gaya niyan, at sabihin sa kaniya. “Aba, oh, ngayon sandali lang!” Kita n’yo? Oh, oo, doon ang kaniyang mga balahibo ay nalalagas. Kita n’yo, siya’y nasa lahat na paglulundag, at nagpropopesiya, at nagpapalayas ng mga diablo, at nagsasalita ng iba’t ibang wika, at sumisigaw, at nagpapatuloy, paroo’t-parito sa sahig. Nguni’t hindi sinusubukang sumunod sa taas Doon; aba, siya’y tiyak na mahahayag.

Gayunpaman, siya ay itinalaga. Siya ay pinahiran. Siya ay makakalipad. Kaya niyang ibalanse ang kaniyang sarili, pumailanlang sa taas doon, nguni’t hindi . . . hanggang ganoon na lamang kalayo. Kita n’yo, siya ay makakakain ng bulok nang bangkay, nguni’t hindi niya kayang kanin ang sariwang Karne na nagmumula sa Luklukan.

Siya ay bulag. Siya ay labis na nadadala ng kanyang damdamin, nguni't hindi niya alam kung patungkol sa ano ang emosyong yaon. Kita n'yo, ang siya ring Espiritu na bumaba sa kaniya, gaya ng ulan, para gawin siyang isang trigo; siya'y hindi isang trigo unang-una pa lang. Siya'y sumasabog. "Oh, hindi ako mahihikayat sa isang. . . Oh, hindi, po! Alam ko na si Doktor Jones ay nagsabi. . ." Buweno, ipagpatuloy mo lang. Kita n'yo? Ipagpatuloy mo lang, kung iyong gusto.

²⁵² Hindi, pansinin, siya ay hindi ipinanganak, o ginawa, o itinalaga, na maging gayong uri ng ibon. Siya'y maaring. . . Siya'y isang. . . maaaring isang limon na tumutubo sa isang puno ng orange, nguni't hindi siya kailanman nagmula sa mga ugat. Siya'y isang bagay na idinagdag. At kapag sila ay pumailanlang ng napakataas sa kanilang mga denominasyon na hindi nila makita ang itinalagang Salita ng Dios na pinagtibay, sa gayon ang kanilang kahangalan ay nakikilala. "Oh, ang ganiyang bagay, Sinag sa may ulohan, at lahat na, oh, Ito'y walang kabuluhan." Kita n'yo? Nakikilala.

²⁵³ Siya ay hindi ginawa para makita ang ganoon kalayo. Ang kaya lang niyang makita ay ang kasing layo ng maipapakita ng kaniyang maka-denominasyong salamin. Nguni't, pagkatapos niyan, siya'y kasing bulag ng isang paniki. Ito'y kung kailan ang kaniyang kahangalan ay nakikilala. Kita n'yo? Diyan ay kung saan ang tunay na agila ay lumalagay upang kumain. Opo, ginoo. Diyan ay kung saan ang tunay, hinirang na mga agila ay nakikita kung sino siya. Kapag hindi niya makain ang Salitang iyon, kanilang nalalaman kaagad na siya'y isang maka-denominasyong buwitre.

²⁵⁴ Aba, bakit hindi siya makalipad? Dahil, tingnan kung ano ang kaniyang kinakain. Siya ay kumakain ng mabahong maka-denominasyong bulok na bangkay. Hindi niyan—hindi niyan gagawing maka-espirituwal ang kaniyang katawan, hindi siya gagawing malusog sa espirituwal, sa iba pang salita, para dalhin siya sa itaas ng mga maka-denominasyong pagkakaiba. Kita n'yo? Kita n'yo, siya lamang ay pinapakain ng bulok na bagay; ang kaniyang katawan ay gawa mula sa ganoon. Hindi niya kayang pumaroon sa itaas kung saan ang sariwang Karne na iyon ay ipinapadpad ang agila. Sadyang hindi niya kayang gawin ito. Kita n'yo?

²⁵⁵ Tinutupad niyan ang Mateo 24:24. Siya'y lumilipad, tumatalon sa hangin, ikinakampay ang kaniyang mga pakpak, nguni't siya'y hindi makarating ng mas mataas. Kita n'yo? Iya'y tama. Kita n'yo, siya'y hindi makaparoon, hindi niya maabot ang sapat na taas para marating ang sariwang Mana na iyon. Maaari niyang kanin ang lumang mana nasa baba rito sa lupa, mga matagal nang patay na mga kuneho na namatay mga isang linggo na ang nakararaan, at isang buwan nang nakararaan, o apatnapung taon na ang nakararaan, pagkabulok. Kaya niyang

kainin iyan, at sadyang masarapan rito, at pumiyak at humiyaw, at magpatuloy, tatalon nang mataas at lilipad tulad ng iba pang agila. Siya'y pinahiran, tulad ng iba pang hayop.

At siya ay isang tipo ng isang agila, ang isang buwitre. Alam natin iyan. Siya nga'y talagang ganoon, nguni't hindi niya kayang sundan ang tunay na agila. Kita n'yo? Sadyang hindi niya kayang gawin ito. Hindi, po. Ang kaniyang katawan ay hindi ginawa; siya'y kumakain ng iba't ibang bulok na bangkay, kita n'yo, at ito'y hindi magiging. . . ito'y hindi—ito'y hindi magiging ang sariwang Karne, ang sariwang Mana. Ito'y magiging isang bagay na sinabi ni Luther, sinabi ni Wesley, o sinabi ni Doktor *Ganito-at-ganoon*. Ito'y hindi magiging kung ano ang sinabi ni Jesus para sa oras na ito.

²⁵⁶ Tayo'y dadako na ngayon, magsasara. Mga pinahiran, “mga Cristo,” sa mga huling araw, nguni't ang “mga bulaang tagapagturo at bulaang propeta.” Pansinin kung gaano kapunapuna! Ngayon gusto ko na inyong ihambing ito; tayo ay wala ng oras para basahin ito, Mateo 24:24 sa Ikalawang Timoteo 3:8.

Ang Mateo 24:24 ay nagsabi, sa mga huling araw, kita n'yo, “Lilitaw ang mga bulaang Cristo,” bulaan, mga pinahiran, “mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan,” tugmang-tugmang gaya niyaong Isang tunay—Isang tunay, “at—at halos ililigaw ang Hinirang.” Ngayon pansinin, iyon ay si Jesus na nagsasalita.

²⁵⁷ Narito paparating si Pablo, mismo sa likuran Niya, at nagsabi, “Ngayon sa mga huling araw, magkakaroon ng mga relihiyosong tao, kita n'yo, may anyo ng kabanalan. At inaakay ang mga babaeng haling, na hinihila ng lahat ng uri ng mga makamundong pita.”

At sila'y nagtataka, nagsasabi, “Bakit mo pinag-iinitan silang mga kababaihan?” Oh, para sa ikabubuti. . . Sadyang hindi man lang nila makita Ito.

“Inaakay ang mga babaeng haling, lipos ng iba't ibang pita,” lumayo mula sa mga bagay gaya sa. . . ng. . . Kita n'yo, “At tulad ni Janes at Jambres. . .”

Mateo 24:24, “mga bulaang Cristo,” bulaan, pinahiran, gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan upang iligaw ang Hinirang.

“At kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga masasamang ito; masasamang kaisipan tungkol sa Pananampalataya.” Hindi “isang” pananampalataya. “Ang Pananampalataya!”

“Isang Pananampalataya, isang Panginoon, isang bau. . .” Hindi kayo maaaring magkaroon ng “isang Pananampalataya” na hindi na sumasampalataya sa “isang Panginoon.” Hindi kayo maaaring magkaroon ng dalawang bautismo, at hindi isa para

sa Ama, at Anak, ang Espiritu Santo. “Isang bautismo,” si Jesus Cristo. Iya’y tama. Kita n’yo, maling bautismo!

²⁵⁸ Pansinin, ihambing sila ngayon kapag kayo ay nakauwi na. Pansinin ang Mateo 24:24, si Jesus ay nagsasalita; si Pablo, Ikalawang Timoteo 3:8; marami pang iba. At ngayon ihambing iyan.

²⁵⁹ At pagkatapos ilagay ang isa pang Kasulatan, Lucas 17:30, Malakias 4.

“At kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises,” ang pinahirang Salita ng oras na iyon, “gayon din naman ang mga taong ito,” hindi tao, “mga tao,” mga pinahiran, “tinatanggihan ang Katotohanan.”

²⁶⁰ “Sa mismong araw na ang Anak ng tao ay mahayag.” Apocalipsis 10:1 hanggang 7, basahin ito kapag kayo ay nakauwi, “ang Mensahe ng ikapitong anghel, pagbubukas ng mga Tatak.” Ano ito? Hindi yaong anghel ang Anak ng tao; kundi yaong mensahero ay inihahayag ang Anak ng tao. Mapaghihiwalay n’yo na ba ito ngayon? Diyan ay kung saan ito ay para bang napakahirap para sa inyo, nakita n’yo. Hindi ang Anak ng tao, Mismo; kundi ang ikapitong anghel, ang ikapitong mensahero, ay inihahayag sa madla ang Anak ng tao, sapagka’t iniwan na Nito ang ipa. Hindi niya maaaring iorganisa Ito. Ito’y ang Binhi na, Mismo, muli.

“At sa araw na iyon, si Janes at si Jambres ay magsisilaban,” mga pinahiran (nagkukunwang-mananampalataya at mga di-mananampalataya, ang iglesyang pormal at ang mga Pentecostal) ay titindig laban sa tunay na Binhi, “nguni’t pabayaan sila; ang kanilang kahangalan ay mahahayag, tulad nila noon.” Kita n’yo? Inyo na bang nauunawaan ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.]

²⁶¹ Ang Apocalipsis 10, ay nagsabi, “Sa mga araw ng paghihip ng ikapitong anghel.” Ngayon tandaan, ikapito, Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. “Ang paghihip ng anghel na iyon,” kapag ang kapanahunan ng iglesya na iyan ay naging denominasyon na at maging isang kapanahunan ng iglesya, kapag ito’y natapos na sa Pentecostal nitong organisasyon; kapag ang mensahero riyon . . .

Ano ang bawa’t mensahero? Ano si Martin Luther? Isang pagsaway sa Katoliko. Ano si Wesley? Isang pagsaway sa kanilang mga Lutheran. Ano ang Pentecost? Isang pagsaway sa kanilang iba pa. Saan na napunta ang Buhay ngayon? Palayo mula sa organisasyon. Wala ng ipa; ito’y ang Butil. Ano ito? Isang pagsaway sa Pentecostal, kita n’yo, upang tupdin ang Kasulatan para sa panahong ito. Kita n’yo?

²⁶² Pansinin, ang mismong araw nang ang mensaherong ito . . . Hindi noong siya ay nagpasimula, kundi noong

kaniyang pasimulang ihayag ang kaniyang Mensahe. Kita n'yo? Ang Unang Hatak, pagpapagalang; Ikalawang Hatak, pagpropresiya; Ikatlong Hatak, ang pagbubukas ng Salita, ang mga hiwagang naipahayag. Wala na, wala nang mas mataas pang antas ng pagpapahayag ng Salita, kaysa mga propeta. Nguni't ang tanging paraan na ang propeta ay mapagtibay ay sa pamamagitan ng Salita. At, tandaan, ang Ikatlong Hatak ay ang pagbubukas nilang mga Pitong Tatak, upang ipahayag ang mga nakatagong Katotohanan na sinelyuhan sa Salita. Nakikita ba n'yo ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

Ito kung gayon, sa araw na iyon kapag ang bagay na ito ay maganap, na sina Janes at Jambres, ang mga manggagaya, ay lilitaw muli. Tulad lamang ng kanilang ginawa nang si Moises ay nagpakita na taglay ang orihinal na Salita, para sabihin Ito; sila'y lumitaw upang gayahin Ito. Sadyang eksaktong tama. Ngayon nakita n'yo kung ano ang Mateo 24:24? Kita n'yo, mga pinahiran!

²⁶³ Ngayon may tatlong bagay tayong gustong sabihin bago tayo magsara. Ito iyon. Gusto kong makinig kayong maigi ngayon habang tayo'y nagsasara. Tatlong bagay, tandaan, tatlong bagay ay naganap na. Tatlong bagay ang nasa harapan n'yo mismo ngayon.

²⁶⁴ Una. Ang sanlibutan ay nasa isang Sodomang kalalagayan. Sinabi ni Jesus ito ay magaganap. Tingnan ang pagbabaluktot; ang ating mga kababaihan ay pinipilit na kumilos tulad ng mga kalalalahan; ang ating mga kalalalahan ay pinipilit kumilos na tulad ng mga kababaihan, binabae; bulok, marumi, karumaldumal, inaalihan ng diablo, at hindi alam ito. Ang Biblia ay nagsabi na iyon ay mangyayari, at doon ay kung nasaan ito.

²⁶⁵ Pangalawa. Ito'y nasa oras na iyon, sang-ayon sa Kasulatan dito, na sina Janes at Jambres ay lilitaw. Pangalawa.

²⁶⁶ Pangatlo. Ito'y nasa oras ding iyon na ang Anak ng tao ay ipapahayag.

²⁶⁷ Hayan ang inyong mananampalataya, ang inyong nagkukunwang-mananampalataya, at ang inyong di-mananampalataya. Naroon ang isang tunay na Salita na namumukod-tangi, pinagtibay; naroon ang nagkukunwang-mananampalataya na ginagaya Ito; at naroon ang di-mananampalatayang tinatanggi ang kabuuang bagay.

Nguni't Magliliwanag sa panahon ng gabi,
Ang daan sa Kaluwalhatian ay iyong tiyak na
masusumpungan. ('Yan ba'y tama?)

Ang mga bansa ay nagkakahidwaan, ang Israel
ay nagiging,
Ang mga tanda na iprinopesiya ng ating Biblia;

At ang mga oras ng mga Gentil ay bilang na
(Sodoma), kagipita'y kaakibat;
Magbalik, O nangalat, sa inyong pag-aari.

Ang araw ng katubusan ay nalalapit na,
Ang puso ng mga tao'y nanganghihina, sa
pagkatakot na ito;

Mangapuspos sa Espiritu ng Dios, ang
inyong mga ilawan ay pag-igihin at
pagliwanagin, (para inyong makita ang
Salita ng kapanahunan,)

Tumingin sa itaas, ang inyong katubusan ay
nalalapit na!

Mga bulaang propeta ay nagsisinungaling,
(sabi nila sila'y paririto; mga pinahiran),
ang Katotohanan ng Dios ay kanilang
itinatanggi,

Na si Jesus ang Cristo ay ang ating Dios.

Iyan ay, hindi nila pinaniniwalaan Ito. Ang Biblia ay nagsabi
na magkakaroon ng ganiyang bagay rito. Heto na nga ito!

Nguni't tayo'y lalakad kung saan ang mga
apostol ay lumakad. (Siya ring Liwanag! "At
ipananauli ang Pananampalataya ng mga
magulang sa mga anak.")

Ang araw ng katubusan ay nalalapit na,
napakalapit na,

Ang puso ng mga tao ay nanganghihina sa
takot, (ang lupa ay gumuguho na);

Oh, mangapuspos ng Espiritu ng Dios,
ang inyong mga ilawan ay pag-igihin at
pagliwanagin.

Tumingin sa Itaas, ang inyong katubusan ay
nalalapit na.

Naniniwala ba kayo diyan? [Ang kongregasyon ay nagsabi,
"Amen."—Pat.] Ating iyukod ang ating mga ulo kung gayon.

²⁶⁸ Doon sa mga dako kung saan ang Mensaheng ito ay
pumupunta, mula sa Baybaying Silangan hanggang sa
Kanluran, mula California hanggang sa New York, pababa
sa Timog, pataas sa Hilaga, doon sa mga misyon, at saan man
Ito tumutungo, at sa tabernakulong ito. Kami ay mga hamak.
Kami ay wala nitong mga dakila, malalaki, mabulaklak na mga
bagay, at mga palabas sa telebisyon. Amin lamang sinisikap na
gawin ang pinakamainam na makakaya namin. "Nguni't lahat
ng ibinigay ng Ama sa Akin ay lalapit."

²⁶⁹ Ngayon, gusto kong malaman n'yo na ito ay tiyak, at kayo
na nakikinig sa teyp na ito. Maaaring naisip n'yo sa araw na ito
na aking sinisikap sabihin na iyan ay nakapatungkol sa aking

sarili, dahil sa aking dinadala ang Mensaheng ito. Wala akong kinalaman Dito ni katiting, wala nang iba kundi isang lamang tinig. At, ang aking tinig, maging sa aking sariling mas mainam na pagpapasiya; gusto kong maging isang mangangaso. Nguni't ito'y kalooban ng aking Ama na aking inihahayag na gawin, at napagpasyahang gawin.

Ako ay hindi ang Siyang nagpakita roon sa ilog; ako lamang ay nakatayo roon nang Siya ay nagpakita. Hindi ako ang Siyang gumagawa ng mga bagay na ito at nagpapaunang-salita ng mga bagay na ito na nagaganap ng tugmang-tugma sa pagkakapangyari nila; ako lamang ay isa na malapit kapag Kaniyang ginagawa ito. Ako lamang ay isang tinig na Kaniyang ginamit, upang sabihin Ito. Ito'y hindi kung ano ang aking alam; ito'y kung ano lamang ang isinuko ko sa aking sarili, na Siya ay nangusap sa pamamagitan nito. Ito'y hindi ako, ito ay hindi ang ikapitong anghel, oh, hindi; ito ay ang kahayagan ng Anak ng tao. Ito'y hindi ang anghel, ang kaniyang mensahe; ito ay ang hiwaga na inihayag ng Dios. Ito'y hindi isang tao; ito'y ang Dios. Ang anghel ay hindi ang Anak ng tao; siya ang mensahero mula sa Anak ng tao. Ang Anak ng tao ay si Cristo; Siya Yaong kinakain ninyo. Kayo'y hindi kumakain sa isang tao; ang tao, ang kaniyang mga salita ay mabibigo. Nguni't kayo ay kumakain sa walang-maliw na Katawang-Salita ng Anak ng tao.

²⁷⁰ Kung hindi ka pa kumaing lubos sa bawa't Salita, upang bigyan ka ng lakas na lumipad sa itaas ng lahat ng mga denominasyong ito at mga bagay-bagay ng mundo, maaari mo bang gawin ito sa oras na ito, habang tayo ay nananalangin?

²⁷¹ Minamahal na Ama, ito ay isang mahirap na bagay. Hindi ito madali para sa isang mortal na gawin ito. Iyong nalalaman ang lahat ng mga bagay. At aking idinadalangin sa Iyo, minamahal na Dios, na ito ay hindi mapamalian sa pagkaunawa. Nguni't, sa Liwanang ng Iyong Salita, ang mga tao nawa ay lumakad.

²⁷² At, Amang Dios, hindi ko alam kung sino ang Hinirang; Iyong nalalaman. Hindi ko alam kung kailan ang Iyong Pagparito. Nguni't ang tanging alam ko na Iyong sinabi kapag ito ay magkaroon ng katuparan, itong mga bulaan, mga pinahiran; hindi mismo kung kailan sila nagsimula.

Si Moises ay hinayaan lamang sila, dahil wala siyang magagawa tungkol rito. Maari lamang niyang sabihin kung ano ang Iyong sinasabi. Iyong sinabihan siyang tawagin ang mga kuto; pagkatapos kanilang tinawag sila. Iyong sinabi sa kaniyang gawin ang tubig na maging dugo; pagkatapos kanilang ginawa ito. Si Moises ay isinagawa lamang, Salita sa Salita, tulad ng Iyong sinabi, nguni't pagkatapos Ikaw ang Siyang naghayag ng kahangalan nila.

²⁷³ Ngayon, Ama, Ikaw ang Dios, ganoon pa man. Ang siya ring Salita ay nagsabi na ito ay mangyayari sa mga huling araw.

Maraming tapat na tao, gaya ng sinabi namin noong nakaraang Linggo, inilalagay ang kanilang mga kamay sa Kaban na iyon sa isang bagong karo, at hindi sa balikat ng mga Levita, ay namatay, “patay sa kasalanan at pagsalangsang,” nakikipagtalo laban sa kanilang budhi.

²⁷⁴ Maraming mga ministrong nakaupo sa kanilang pag-aaral, ay nababasa ang Salitang iyan, at pinapalitan ang pahina kaagad; upang umiwas sa pagsasaway, na malaman na mawawala sa kaniya ang kaniyang katatayuang panlipunan sa publiko, sa kaniyang iglesya at sa kaniyang denominasyon. Dios tulungan kaming huwag kailanmang gawin iyon!

²⁷⁵ Linisin ang aming mga puso, Panginoon, mula sa lahat ng karumihan ng sanlibutan. Panginoon, ako’y tumatayong nakahanda para sa paglilinis. Ako ay tumatayong nakahanda, kasama ang iglesyang ito at kasama ang lahat ng nakikinig, at sino man ang makikinig sa teyp na ito. Ako’y tumatayo, Panginoon, at humihiling sa paglilinis. Panginoon, dalhin mo ako sa bahay ng magpapalayok at basagin ako, hubugin ako sa isang lingkod na Iyong nanaisin.

Pagka’t, Panginoong Jesus, “Ako’y isang lalaki na may mga maruming labi,” tulad ng sinabi ni Isaias, “tumatahan sa bayang may maruruming labi; at sa aba ko, pagka’t aking nakikita ang kapahayagan ng Dios na nahahayag,” sa pagkakita ni Isaias sa mga Anghel sa Templo. Aking nakikita ang huling kapanahunan, Panginoon, at sa aba ko at ng aking sambahayan; sa aba ko at ng aking bayan. O Walang-Hanggang Dios, kahabagan Mo kami. Ako’y nagsusumamo para sa aking sarili at sa mga tao. Huwag hayaang kami ay mamatay kasama niyaong mga hindi nananampalataya, kundi nawa kami ay mabuhay kasama ng mga mananampalataya.

²⁷⁶ Bawa’t denominasyon, Panginoon, bawa’t lalaki at babae. . . Hindi ko maaaring hilingin sa Iyo na pagpalain ang isang denominasyon, dahil sa aking nalalaman na Ika’y laban dito. Nguni’t ang masasabi ko lamang, Panginoon, kung Ikaw ay mayroon man sa Iyong mga tupa doon sa kalagitnaan nila, nawa kanilang marinig ang teyp na ito. Nawa kanilang marinig Ito, Panginoon, at maunawaan Ito sa pamamagitan ng pang-unawang Iyong ibibigay sa kanila, at nawa sila ay lumabas at tanggapin Ka. Nawa sila ay hindi mailigaw ng pagkabalag at tradisyon ng araw na ito. Nawa huwag nilang subukang kumain ng isang bagay na. . . o ito ay bangkay ng nakaraang araw. Nawa kanilang tanggapin ang Salita.

Ganiyan na ang mga Fariseo ay ipinako Ka, Panginoon. Sila ay kumakain sa bangkay ng araw ni Moises, at sinisikap na masarapan dito; pagkatapos na Iyong ibinigay ang tipo, sa ilang, ng sariwang mana bawa’t gabi, ibig sabihin bawa’t henerasyon.

Diyan sila nabigo. Nilason sila nito. Pinatay sila nito, na kainin ang bulok na pagkain na iyan.

At, sa espiritual, ginagawa nito ang ganoon ding bagay sa araw na ito; pinapatay sila, sa espiritual, sa isang denominasyon.

Tulongan Mo kami, minamahal na Dios. Ito'y nasa Iyo nang mga kamay ngayon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

²⁷⁷ Habang nakayukod ang ating mga ulo, tayo'y aawit niyan habang kayo'y gumagawa ng inyong pagpapasiya. Kayo ba ay magtutuloy-tuloy hanggang sa katapusan?

I can hear my Sav-. . . (at Siya ay ang Salita) . . . -ior calling, I can hear. . .

“Oh, ako'y nagpalaboy-laboy ng matagal nang panahon, nguni't, sa totoo, ngayon mismo ay naririnig ko Siya, 'Magsiparito kayo sa Akin, lahat kayong humahagilap.' Pakinggan, 'Pasanin ang inyong krus, sumunod sa Akin araw-araw.' 'Oo, bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; doon sa mga malilim na sariwang pastulan, at sa tabi ng mga tubig na pahingahan.'”

And where He leads me I . . .

“Panginoon, aking nakikita 'yang kahangalan ng trinitarian. Aking nakikitang ang buong mundo'y nahasikan nito; mga damo ay tumutubo kahit saan. Nguni't kung saan Mo ako pangungunahan ngayon, Panginoon, ako'y magiging gaya ng mga iyon sa Mga Gawa 19. 'Nang kanilang narinig Ito, sila ay binautismuhang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo.'”

. . follow, (“Ako'y nakarating na sa isang bahagi ng daan, Panginoon, sapat upang tanggapin Ka.”)

Now I'll go with Him all the way.

[Si Kapatid na Branham ay nagsimulang humiging ng *Where He Leads Me*—Pat.]

²⁷⁸ Minamahal na Dios, ako'y nananalig na iyon ay nagmula sa aking puso. Ako'y nananalig na ito ay nagmula sa puso ng bawa't isa na umaawit sa oras na ito, marahil marami na makaririnig sa teyp na ito, na wala rito ngayon o hindi nakaririnig nito ngayon. Nawa kami ay nakahanda, Panginoon, kahit ano pa ang halaga. Sabi, “Tulad sa isang tao na makikipagtagpo sa isa pang hukbo, isang sundalo, isang hari; una siya ay uupo at kakalkulahin, kaya ba niyang gawin ito, maisusuko ba niya ang mga bagay ng mundo? Maisusuko mo ba, makikisama sa hukbo ng isinulat na Salita ng Dios; magmamartsa kasama ang Kaniyang mga sundalo, lilipad kasama ng Kaniyang mga agila?” Ipagkaloob ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

279 Kayo ba ay naniniwala? Inyo bang tinanggap Siya? Mabuti. Makikita namin kayo rito muli, mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Inyo bang pinaniniwalaan iyan na Katotohanan? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Ito ba ay malinaw na? [“Amen.”]

Then take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take it every- . . .

Ngayon, makipagkamay sa isang katabi n’yo ngayon.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth, the hope of earth, joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we’ll crown . . . (Siya
ay Dios, kung gayon)
When our journey is complete.

Precious Name, precious Name, O how sweet!
O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

280 Sa palagay ko na ang lahat ng mga ministro ay ipinaalam ngayong umaga, ipinakilala.

Kapag ang isang tao ay nanalangin buong linggo, nag-iisip kung ano, nakikita ang mga Kasulatang ito, silang nakalantad mismo sa harapan n’yo. “At sa aba ko,” sabi ni Pablo, “kung aking hindi ipinangaral ang Ebanghelyo.” Sa dulo ng kaniyang landas, sinabi niya, “Hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong Kapasiyahan ng Dios gaya ng Ito ay ibinigay sa akin.”

281 Aking nakakalimutan kung minsan na kilalanin ang mga bagay, pagpapakilala, paghahandog ng mga bata.

Sabi ni Billy, nang nakaraang araw, isang lalaki ang dumating, sabi, “Ako ay pumupunta rito ng dalawang taon na, ipapahandog ang aking anak.”

Sabi ni Billy, “Huwag mong isiping nakalulungkot iyan. Ako’y may anak, isang taong gulang; hindi pa siya naihandog, pa. Kaya hihintayin ko na lamang hanggang sa siya ay sapat na sa gulang para maglakad patungo roon sa sarili niya, sa palagay ko.”

282 Kaya ating nakikita kapatid na lalaki, kapatid na babae, ito’y hindi—ito’y hindi, kita n’yo, ako . . . Isang bagay, dapat nating ihandog ang ating mga anak.

Dapat nating bautismuhan ang bawa't isa. Mayroong bautismuhan; narito ang tubig. Kung hindi mo pa nagawa, anong humahadlang sa iyo? Heto ang tubig. Pumarito ka na ngayon. Huwag nang hintayin pa mamayang gabi; pumarito ka na ngayon. May taong nakatayo rito na magbabautismo sa sino man na nakapagsisi na at nakapagpapahayag na. Kung kayo noon pa ay binautismuhan na ng isang dosenang beses, kanilang babautismuhan kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kasalanan. Kita n'yo? Tayo ay ganoon.

²⁸³ Nguni't, kita n'yo, ang Mensahe ay nasa aking puso. Kailangan ko Itong ilabas. Iyon ang nag-iisa kong layunin, kahit ano pa ang sabihin ng aking may-bahay, sabihin ng aking mga anak, sabihin ng aking pastor, sabihin ng aking anuman. Ito'y ang aking Panginoon. Kailangan kong ilabas Iyan.'Yon ang aking nag-iisang layunin.

²⁸⁴ At ngayon, maraming beses, aking nalilimutang kilalanin ang mga ministro. Sa palagay ko marahil. . . ang ating kapatid, si Kapatid na Neville, isang minamahal na tao. Ang iba pang mga kapatid na itong narito, kami'y nagagalak na makasama kayo.

²⁸⁵ Hindi sa kami ay di-sumasang-ayon sa inyo, kapatid, para maiba. Marami sa inyong narito marahil ay mga mangangaral ng trinitarian. Hindi namin gustong makagalit kayo. Mahal namin kayo. Kung kami hindi, kung hindi ko 'yan pinaniniwalaan, hindang-hindi ako aalis sa bahay-sambahang ito hanggang sa ako ay lumuhod doon at magsabi, "Dios, ituwid Mo ako."

Hindi ko gusto iyang mapagmataas, makasariling espiritu na makahalo sa akin. Gusto kong ang aking espiritu ay maging dalisay at malinis, pag-ibig sa kapatid, banal sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ngayon, kung may isang gumawa ng isang bagay na mali sa akin, 'yan ay ayos lang. At kahit pa maaaring ako ay may karapatang maghiganti sa kanila, ayaw ko 'yan sa aking buhay. Hindi, aking—aking nais na magkaroon ng pag-ibig. Nais kong maging handa na magtuwid nang may pag-ibig, ng pag-ibig na lubos na sumasagot doon para dito.

²⁸⁶ Hindi ko sinasadyang maging iba. Methodist, Baptist, Katoliko, Presbyterian, sino ka man, hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito para maiba, maging mapagmataas sa inyo. Kung akin ngang nagawa, ako'y isang mapagpaimbabaw at dapat na narito sa altar na ito, nananalangin patuloy sa Dios.

Nguni't aking sinasabi ito, ito'y dahil sa pag-ibig, at aking nakikita kung saan kayo patungo. Ngayon, hindi ko sinasabi ito sa aking sarili, at sinasabing ako'y mapangangahas. Aking ibinibigay sa inyo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyan ang Katotohanan. At mahal ko kayo para sa mga bagay na iyon. Pagpalain kayo ng Dios.

²⁸⁷ Ngayon habang ating inaawit ang isa pang talata ng awiting ito, tayo'y, bago tayo umalis. Nais naming kayo ay pumarito

mamayang gabi, kung magagawa n'yo. Kung hindi n'yo magawa, ang Dios ay sumainyo hanggang sa ating pagkikita. Amin lamang idinadalangin na ang Dios ay—ay pagpapalain kayo at ibibigay sa inyo ang pinakamainam sa Kaniyang lupain, kita n'yo.

Take the Name of . . .



ANG MGA PINAHIRAN SA HULING PANAHO TAG65-0725M

(The Anointed Ones At The End Time)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 25, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org